ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • HULYO 2019

Liahona

Mga Pioneer: Ang Kanilang Kabayanihan, Ang Ating Pamana ng Pananampalataya, mga pahina 20, 28

Ang Labindalawang Apostol: Isang Pandaigdigang Tungkulin at Isang Personal na Paglilingkod, pahina 12

Pagdaig sa Kawalan ng Kapanatagan, Unti-unting Paglilingkod, pahina 22

NARITO
ANG
SIMBAHAN

Bengaluru
India



Narito ang ilang impormasyon tungkol sa Simbahan sa India:

1 Templong itatayo sa Bengaluru

Mga miyembro ng Simbahan 13,570

43 Mga ward at branch (ang meetinghouse ng Convent Road Ward ay nakapakita sa gitnang ibaba ng retrato)

Mga mission 2

5 Mga wikang Indian kung saan mayroong bahagi ng o kaya'y kabuuan ng Aklat ni Mormon

Mga pangunahing wikang ginagamit sa India 22

1851 Nabinyagan ang ilang tao at nagsimula ang isang maliit na branch sa Kolkata.

1993 Itinatag ang Bangalore India Mission, na may 1,150 mga miyembro sa 13 branch.

2007 Nalikha ang India New Delhi Mission.

2012 Ang unang stake ay inorganisa sa Hyderabad, ni Pangulong Dallin H. Oaks.

Paano Tayo Makalilikha ng Isang Kultura na Kabilang ang Lahat sa Simbahan?
8

Kami ay mga Saksi: Ang Labindalawang Apostol Ngayon
Sarah Jane Weaver at Jason Swensen
12

Tinutulungan Ako ng Langit

Pambihirang pribilehiyo ang mainterbyu ang bawat miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol para sumulat tungkol sa banal na pagka-apostol (tingnan sa "Kami ay mga Saksi," pahina 12).

Matapos makausap si Pangulong M. Russell Ballard, Tumatayong Pangulo ng Korum ng Labindalawa, lumingon akong muli sa kanyang opisina. Nakaupo siya sa kanyang mesa, nagsusulat ng isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya. Siya ang pinakamatagal na General Authority ng Simbahan—na sinang-ayunan sa Unang Korum ng Pitumpu noong 1976. Mukhang pagod siya pero masigla rin naman. "Kumusta?" tanong lang niya sa akin, na sinundan ng magiliw na payo: "Huwag mong pagurin ang sarili mo." Nagmumula sa isang taong tumanggap ng tawag na literal na habambuhay na maglingkod sa Panginoon, malaki ang naging kabuluhan ng maikling pag-uusap na iyon sa akin.

Ang Labindalawa ay tinatawag para "pamahalaan ang mga gawain ng [Simbahan] sa lahat ng bansa" (Doktrina at mga Tipan 107:33). Ngunit kapag kasama mo sila, ang tuon nila sa isang pandaigdigang Simbahan ay nababaling sa taong kaharap nila. Napunta sila sa kanilang mga tungkulin mula sa mga posisyon na tinitingala ng mundo, subalit nang lisanin ko ang kanilang mga opisina, ang mga salitang naglalarawan sa kanila ay palaging gayon—mapagpakumbaba at mabait.

"Kung minsa'y itinatanong ko sa sarili ko, 'Paano ako napasama sa dakilang kalalakihang ito?'" sabi sa akin ni Pangulong Ballard. Pagkatapos ay nagpatotoo siya, "Tinutulungan ako ng langit." Sana'y matuwa kayo sa pagsulyap na ito sa tungkulin ng isang Apostol.

Sarah Jane Weaver
Church News editor

Ang Ating Tuloy-tuloy na Pamana ng mga Pioneer
20

Isang Mas Banal na Huwaran ng Paglilingkod
Elder Patrick Kearon
22

Mga Nilalaman

5 **Relihiyon: Isang Pagpapala sa Ating Buhay at mga Komunidad**
Ang relihiyon ay nakakaapekto hindi lamang sa ating espiritu kundi pati na rin sa ating komunidad, kalusugan, at mga relasyon.

6 **Mga Larawan ng Pananampalataya: Iona Wikaira—Kaikohe, New Zealand**
Nakita ni Iona ang kahalagahan ng pagpapanatili ng kanyang mga pamantayan. Nakakagawa siya ng mabubuting pasiya kapag nakatuon siya sa Tagapagligtas.

8 **Mga Alituntunin ng Ministering: Paano Tayo Makalilikha ng Isang Kultura na Kabilang ang Lahat sa Simbahan?**
Kapag inugali nating ipadama sa lahat na sila ay kabilang, mababago natin ang buhay ng mga taong maaaring malungkot.

12 **Kami ay mga Saksi: Ang Labindalawang Apostol Ngayon**
Nina Sarah Jane Weaver at Jason Swensen
Ibinahagi ng mga Apostol sa panahon ngayon ang mga saloobin nila tungkol sa kanilang sagradong tungkulin.

20 **Ang Ating Tuloy-tuloy na Pamana ng mga Pioneer**
Paano ninyo maigagalang at maibabahagi ang inyong pamana ng mga pioneer?

22 **Isang Mas Banal na Huwaran ng Paglilingkod**
Ni Elder Patrick Kearon
Ang ministering ay isa sa mga pangunahing katangian ng mga miyembro ng Simbahan. Pag-aralan kung paano ninyo maipapakita ang mga kakayahan ninyong maglingkod sa iba.

28 **Magtipon ng Isang Grupo**
Sa maagang pagpapalabas na ito ng sipi mula sa *Mga Banal* tomo 2, naghahandang magpunta sa Kanluran ang mga naunang miyembro ng Simbahan.

32 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
Ang pangako niya sa isang bata ay naging isang pagpapala; ang panalangin ay naghatid ng kapayapaan sa gitna ng isang pagsubok sa pamilya; ang isang nakababagabag na sandali ay napalitan ng tamis; ang kanyang determinasyon ay nagdala ng kaliwanagan.

36 **Mga Pagpapala ng Pag-asa sa Sarili**
Anim na Hakbang sa Pagkakaroon ng Trabaho
Ni Bruno Vassel III
Narito ang anim na simpleng hakbang sa paghahanap at pagkakaroon ng trabaho na nababagay sa inyong mga kasanayan.

Maiikling Babasahin

Sa Pabalat
Christ Ordaining the Twelve Apostles, ni Harry Anderson.

Mga Bahagi

Mga Young Adult

42

Mga personal na karanasan mula sa mga **umuwi nang maaga** mula sa kanilang misyon na nagpapakita na makakaya ninyong gawin ang pagbabagong ito **sa tulong ng Tagapagligtas.**

Mga Kabataan

50

Kailangan niya ang tulong ng Panginoon para makapag-aral sa kolehiyo; **ang trabaho ay isang kagalakan,** hindi isang gawain; maaari kayong **maging saksi ni Cristo;** ang disyerto ay naging espirituwal na kanlungan; isang liham ang pinakamagandang regalo; at **ang makikita ninyo sa Aklat ni Mormon.**

Mga Bata

Kaibigan

Alamin kung paano **ibahagi ang ebanghelyo** nang may pagmamahal. Magbasa tungkol sa mga miyembrong naninirahan sa Cambodia. Magpasiya **kung ano ang kahulugan ng pagiging Kristiyano** sa inyo.

TAMPOK NA MGA ARTIKULONG DIGITAL LAMANG

Pagdaig sa Panghihina ng Loob
Ng Self-Reliance Services

Ang buhay ay puno ng mga hamon. Ngunit palaging may paraan para muling makasumpong ng kagalakan at pag-asa.

Pagsuporta sa mga Missionary na Umuwi nang Maaga
Ni Kevin Theriot PhD

Kailangan ng mga missionary na umuwi nang maaga ang ating pagmamahal at pag-unawa.

HANAPIN ANG IBA PA

Sa Gospel Library app at sa liahona.lds.org, maaari kang:

- Maghanap ng kasalukuyang isyu.
- Tumuklas ng mga digital lamang na artikulo.
- Magsaliksik ng mga nakaraang isyu.
- Magsumite ng iyong mga kuwento at feedback.
- Mag-subscribe o bigyan ng gift subscription ang iba.
- Mag-aral sa mas mahusay na paraan gamit ang digital tools.
- Ibahagi ang mga paboritong artikulo at video.
- I-download o i-print ang mga artikulo.
- Pakinggan ang mga paborito mong artikulo.

KONTAKIN KAMI

I-email ang iyong mga tanong at feedback sa liahona@ldschurch.org.

Ipadala ang iyong mga kuwentong nagpapalakas ng pananampalataya sa liahona.lds.org o ipadala sa koreo sa:
Liahona, flr. 23
50 E. North Temple Street
Salt Lake City, UT 84150-0023, USA

HULYO 2019 TOMO 22 BLG. 7
LIAHONA 18607 893

Internasyonal na Magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Ang Unang Panguluhan: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

Patnugot: Randy D. Funk

Mga Tagapayo: Brian K. Ashton, Randall K. Bennett, Becky Craven, Sharon Eubank, Cristina B. Franco, Donald L. Hallstrom, Larry S. Kacher, Erich W. Kopischke, Lynn G. Robbins

Namamahalang Direktor: Richard I. Heaton

Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson

Assistant ng Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Assistant sa Paglalathala: Camila Castrillón

Pagsulat at Pag-edit: Maryssa Dennis, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Garrett H. Garff, Jon Ryan Jensen, Aaron Johnston, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Lori Fuller Sosa, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen

Direktor ng Sining: Tadd R. Peterson

Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, Joshua Dennis, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily Chieko Remington, Mark W. Robison, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Produksyon: Ira Glen Adair, Julie Burdett, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Marrissa M. Smith

Bago Ilimbag: Joshua Dennis, Ammon Harris

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis

Direktor sa Pamamahagi: Troy R. Barker

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa *Liahona* sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona,* Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (isang kataga sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, English, Estonian, Fijian, Finnish, French, German, Greek, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Italian, Japanese, Kiribati, Korean, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuguese, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2019 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Impormasyon sa karapatang-sipi: Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kopyahin ng mga indibiduwal ang materyal mula sa *Liahona* para sa kanilang pansarili, at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga katungkulan sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada: July 2019 Vol. 22 No. 7. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address must be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (American Express, Discover, MasterCard, Visa) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Post Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

RELIHIYON:
Isang Pagpapala sa Ating Buhay at mga Komunidad

Ang pananampalataya at relihiyon ay mahalagang bahagi ng ating pagkatao. Ang ating pananampalataya, at relihiyon sa pangkalahatan, ay nakakaapekto sa ating pang-araw-araw na buhay. Nalaman sa maraming pag-aaral ng mga simbahang Kristiyano at iba pang mga relihiyon na ang nananalig ay mas malusog at mas malamang na makatulong sa kanilang mga komunidad. Ang mga natuklasan sa pagsasaliksik na inilahad dito ay halimbawa lamang ng maraming paraan na mas napagaganda ng relihiyon ang ating buhay:

Mga Relasyon

MGA TAONG RELIHIYOSO:

- MAS MALAMANG NA MAGBOLUNTARYO,[1] MAGBIGAY SA KAWANGGAWA,[2] AT SUMALI SA MGA CLUB AT GRUPO.[3]
- MAS MAGANDANG "MAKISALAMUHA SA LIPUNAN AT [MAS] MATATAG ANG PAGSASAMA NG MGA MAG-ASAWA" AT MAS MARAMING KAIBIGAN SA MGA SOCIAL NETWORK.[4]
- "MAS MALAMANG NA MAKAPAG-ASAWA AT HINDI MAKIPAGDIBORSYO [AT SILA] AY NAGPAPAHAYAG NG MAS MATAAS NA ANTAS NG KASIYAHAN SA PILING NG KANILANG ASAWA."[5]
- "MGA 30% ANG MAS MALAMANG . . . NA MAGSABI NA MASAYANG-MASAYA SILA."[6]
- MAS MABABA ANG DEPRESSION RATES AT DI-GAANONG NABABALISA.[7]
- MALAMANG NA MAS MAHABA NANG PITONG TAON ANG BUHAY KAYSA SA MGA TAONG HINDI RELIHIYOSO.[8] ■

Komunidad

Kalusugan

MGA TALA

1. Tingnan sa Arthur C. Brooks, *Gross National Happiness: Why Happiness Matters for America—and How We Can Get More of It* (2008), 52.
2. Tingnan sa Rodney Stark, *America's Blessings: How Religion Benefits Everyone, Including Atheists* (2012), 4.
3. Tingnan sa Robert D. Putnam, *Bowling Alone* (2000), 66–67.
4. Tyler J. VanderWeele, "Does Religious Participation Contribute to Human Flourishing?" *Big Questions Online,* Ene. 14, 2017, bigquestionsonline.com.
5. Stark, *How Religion Benefits Everyone,* 4.
6. Brooks, *Gross National Happiness,* 48.
7. Tingnan sa Andrew Sims, *Is Faith Delusion? Why Religion is Good For Your Health* (2009), 220.
8. Tingnan sa Stark, *How Religion Benefits Everyone,* 4, 106–107, 111.

MGA PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH

Iona Wikaira

Kaikohe, New Zealand

Bagama't nahaharap siya sa mga hamon bilang isang opisyal sa bilangguan, nakatagpo ng lakas si Iona at nanatiling mahinahon sa pamamagitan ng pagsampalataya kay Jesucristo.

CHRISTINA SMITH, RETRATISTA

Natuklasan ko na kapag alam ng mga taong katrabaho mo na miyembro ka ng Simbahan, igagalang ka nila at ang Simbahan kapag nakita nila na hindi nagbabago ang mga pamantayan mo dahil sa sitwasyon mo. Kaya nga mahalaga para sa akin na sikaping maging mabuting halimbawa ng isang Banal sa mga Huling Araw.

Sa bawat sitwasyon, iniisip ko, "Ano kaya ang gusto ng Tagapagligtas na ikilos ko?" o "Ano kaya ang paraan ng pagharap rito na gusto Niyang gawin ko?" Sa lahat ng karanasan ko, sinisikap kong tiyakin na nakikita sa mga kilos ko ang gagawin ng Tagapagligtas. Nakakatulong ito sa akin na maging mas makatwiran at mas mahinahon sa kabila ng lahat ng kaguluhan sa isang mahirap na kapaligiran sa trabaho.

ALAMIN ANG IBA PA

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson (1927–2018) ang kahalagahan ng maging halimbawa sa lahat ng nakapaligid sa atin sa **lds.org/go/7197.**

Hanapin ang iba pang mga kuwento sa serye ng "Mga Larawan ng Pananampalataya" sa **lds.org/go/18.**

Mga Alituntunin ng Ministering

Paano Tayo Makalilikha ng Isang Kultura na **Kabilang ang Lahat sa Simbahan?**

Kapag tumingin tayo sa paligid ng ating mga ward at branch, makikita natin ang mga tao na tila madaling makibagay. Ang hindi natin alam ay kahit sa mga taong tila nakikibagay, marami ang nakakaramdam na hindi sila kabilang. Sa isang pag-aaral kamakailan, halimbawa, natuklasan na halos kalahati ng mga adult sa Estados Unidos ay nag-ulat na nalulungkot sila, hindi sila kabilang, o nahihiwalay sila sa iba.[1]

Mahalagang madama na tayo ay kabilang. Pangunahing pangangailangan ito ng tao, at kapag nadarama natin na hindi tayo kabilang, masakit iyon. Ang madama na hindi tayo kabilang ay nakakalungkot o nakakagalit.[2] Kapag hindi natin nadarama na kabilang tayo, malamang na maghanap tayo ng lugar kung saan tayo ay mas komportable. Kailangan nating ipadama sa lahat na kabilang sila sa simbahan.

Ipadama sa Iba na Kabilang Sila Tulad ng Ginagawa ng Tagapagligtas

Ang Tagapagligtas ang perpektong halimbawa ng pagpapahalaga at pagpapadama sa iba na kabilang sila. Nang piliin Niya ang Kanyang mga Apostol, hindi Niya pinansin ang katayuan, yaman, o mataas na katungkulan. Pinahalagahan Niya ang Samaritana sa may tabi ng balon, nagpapatotoo rito ng Kanyang pagiging Diyos sa kabila ng paghamak ng mga Judio sa mga Samaritano (tingnan sa Juan 4). Tumitingin Siya sa puso at wala Siyang kinikilingan (tingnan sa I Samuel 16:7; Doktrina at mga Tipan 38:16, 26).

Sabi ng Tagapagligtas:

"Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa.

"Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa" (Juan 13:34–35).

Ano ang Magagawa Natin?

Kung minsa'y mahirap sabihin kung nadarama ng isang tao na hindi sila kabilang. Hindi ito sinasabi ng karamihan sa mga tao—kung sabihin ma'y hindi malinaw. Ngunit sa pusong mapagmahal, sa patnubay ng Espiritu Santo, at sa pagsisikap na mabatid, mahihiwatigan natin kung nadarama ng isang tao na hindi siya kabilang sa mga miting at aktibidad ng Simbahan.

MGA PAGLALARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

Mga Posibleng Palatandaan na Nadarama ng Isang Tao na Hindi Siya Kabilang:

- Parang ayaw magsalita, tulad ng mahigpit na nakahalukipkip o laging nakatingin sa ibaba.
- Nakaupo sa likuran ng silid o nakaupong mag-isa.
- Hindi nagsisimba o di-palaging nagsisimba.
- Maagang umaalis sa mga miting o aktibidad.
- Ayaw makihalo sa mga usapan o lesson.

Maaaring mga palatandaan din ito ng iba pang mga damdamin, tulad ng pagkamahiyain, pag-aalala, o pagiging hindi komportable. Maaaring "kakaiba" ang madama ng mga miyembro kapag sila ay mga bagong miyembro ng Simbahan, tagaibang bansa o kultura, o nasaktan kamakailan sa isang pagbabago sa buhay, tulad ng diborsyo, pagkamatay ng isang kapamilya, o maagang pag-uwi mula sa misyon.

Anuman ang dahilan, hindi tayo dapat mag-alangang tumulong nang may pagmamahal. Ang sinasabi at ginagawa natin ay maaaring magpadama na lahat ay malugod na tinatanggap at lahat ay kailangan.

IBAHAGI ANG INYONG MGA KARANASAN

Ipadala sa amin ang inyong mga karanasan sa paglilingkod sa iba o paglilingkod nila sa inyo. Pumunta sa liahona.lds.org at i-klik ang "Submit an Article or Feedback."

Ilang Paraan para Maibilang at Malugod na Tanggapin ang Lahat

- Huwag palaging tumabi sa mga taong dati ninyong tinatabihan sa simbahan.
- Isali ang iba sa mga pag-uusap.
- Mag-ukol ng oras para pag-isipan kung ano talaga ang ibig sabihin kapag sinasabi natin na ang Simbahan ay para sa lahat, anuman ang kanilang mga pagkakaiba. Paano natin ito magagawang totoo?

- Anyayahan ang iba na maging bahagi ng iyong buhay. Maaari ninyo silang isali sa mga aktibidad na ipinaplano na ninyo.
- Magpakita ng pagmamahal at magbigay ng taos-pusong mga papuri.
- Huwag magkait ng pakikipagkaibigan dahil lamang sa hindi tumutugon ang isang tao sa inyong mga inaasahan.
- Kapag may nakita kayong kakaiba sa isang tao, maging interesado roon sa halip na balewalain o iwasan ito.
- Hanapin at pag-usapan ang mga bagay na pareho kayong interesado.
- Huwag magambala sa panlabas na anyo ng mga tao para makita ang kanilang tunay na pagkatao. (Para sa iba pa tungkol sa paksang ito, tingnan sa "Ang Ministering ay Pagtingin sa Iba na Tulad ng Pagtingin ng Tagapagligtas," *Liahona,* Hunyo 2019, 8–11.)

Pinagpala ng Pagiging Kabilang

Si Christl Fechter ay lumipat sa ibang bansa matapos wasakin ng digmaan ang kanyang bayang sinilangan. Hindi siya gaanong marunong magsalita ng wika at wala siyang kakilala sa bagong lugar, kaya noong una'y nadama niya na naiiba siya at nag-iisa.

Bilang miyembro ng Simbahan, siya ay nag-ipon ng lakas-ng-loob at nagsimulang dumalo sa kanyang bagong ward. Nag-alala siya na baka hindi siya kausapin ng mga tao dahil sa kanyang malakas na punto o baka husgahan siya sa pagiging dalaga.

Ngunit nakilala niya ang iba pa na hindi pumansin sa mga kaibahan niya at malugod siyang tinanggap bilang kaibigan. Nagpakita sila ng pagmamahal, at di-nagtagal ay naging abala na siya sa pagtulong sa pagtuturo sa Primary class. Ang mga bata ay magagandang halimbawa ng pagtanggap, at nang madama niya na may nagmamahal sa kanya at kailangan siya ay lumakas ang kanyang pananampalataya at muling nagningas ang kanyang habambuhay na debosyon sa Panginoon.

Hindi palaging madaling maging komportable sa paligid ng mga taong naiiba sa atin. Ngunit kung makakagawian, magiging mas mahusay tayo sa paghahanap ng halaga sa mga pagkakaiba at mapapahalagahan natin ang kakaibang mga kontribusyon na hatid ng bawat tao. Tulad ng itinuro ni Elder Dieter F. Uchtdorf ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang ating mga pagkakaiba ay makakatulong na gawin tayong mas mabubuti at mas masasayang tao: "Halina't tulungan kaming patatagin at palakasin ang isang kultura na puno ng pagpapagaling, kabaitan, at awa sa lahat ng anak ng Diyos."[3] ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Alexa Lardieri, "Study: Many Americans Report Feeling Lonely, Younger Generations More So," *U.S. News,* Mayo 1, 2018, usnews.com.
2. Tingnan sa Carly K. Peterson, Laura C. Gravens, at Eddie Harmon-Jones, "Asymmetric Frontal Cortical Activity and Negative Affective Responses to Ostracism," *Social Cognitive and Affective Neuroscience*, tomo 6, blg. 3 (Hunyo 2011), 277–85.
3. Dieter F. Uchtdorf, "Maniwala, Magmahal, Gumawa," *Liahona,* Nob. 2018, 48.

TUKLASIN ANG IBA PA

Para sa iba pang mga ideya, basahin ang "Higit pa ang Magagawa Natin: Pagtanggap sa Iba sa Kawan," *Liahona,* Set. 2017.

PAGSASAGAWA NITO

Itinuro ni Sister Linda K. Burton, dating Relief Society General President, "Magmasid muna at pagkatapos ay maglingkod" (*Liahona,* Nob. 2012, 78). Ang pagsunod sa payong ito ay makakatulong sa atin na bumuo ng mga ward at branch kung saan lahat ay kabilang at kailangan. Narito ang ilang karagdagang ideya na maaaring isaalang-alang:

- Kapag pumapasok tayo sa gusali ng ating simbahan, maaari tayong **tumingin sa paligid at obserbahan** kung sino ang gusto ng Panginoon na kaibiganin natin sa araw na iyon.
- Kung minsa'y iniiwasan natin ang mga taong naiiba sa atin o nagdaraan sa mahirap na sitwasyon dahil natatakot tayong magkamali sa sasabihin. Maaaring dahil dito ay madama nila na sila ay naiiba at nagtataka sila kung bakit walang kumakausap sa kanila. **Maupo sa tabi nila, pakitaan sila ng pagmamahal, at taimtim silang tanungin.** Tanungin sila tungkol sa nararanasan nilang mga hamon at kung paano ka makakatulong.
- Sa ating mga mensahe at lesson tuwing Linggo, mapipili nating **gamitin ang mga halimbawang nagpapakita na maipapamuhay ng mga indibiduwal at pamilya ang ebanghelyo sa iba't ibang sitwasyon** at matatamasa ang mga pagpapala nito.
- Maaaring labis na mapagpala ang mga miyembro ng klase kapag ang mga guro ay **isinasali ang mga miyembro na iba't iba ang edad, nasyonalidad, at sitwasyon sa pamilya.** Marami tayong matututuhan mula sa maraming matatapat na miyembro ng Simbahan na may mga karanasan na naiiba sa atin.
- Maaaring lumikha ng ligtas na lugar ang mga guro para maibahagi ng lahat ang kanilang mga karanasan sa pamumuhay ng ebanghelyo. Tuwing may nagbabahagi ng komento, ang isang guro ay maaaring **tumugon nang positibo sa isang bagay na naibigay.** Sa gayon ay mas malamang na makadama ng tiwala ang mga miyembro ng klase at mapanatag sa pagbabahagi ng kanilang mga ideya.

Kami ay mga Saksi:
Ang Labindalawang Apostol Ngayon

Ibinabahagi ng mga Apostol sa panahon ngayon ang mga saloobin nila tungkol sa kanilang sagradong tungkulin.

Nina Sarah Jane Weaver at Jason Swensen
Mga Balita sa Simbahan

Sa loob ng 189 na taon mula nang itatag ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 102 kalalakihan na ang natawag na maglingkod bilang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Bagama't nag-utos na ang Panginoon ng maraming pagbabago sa Simbahan simula noon, gayon pa rin ang mga pangunahing tungkulin ng isang Apostol.

Mula sa kanyang opisina malapit sa Temple Square, binanggit ni Pangulong M. Russell Ballard, Tumatayong Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang espirituwal na utos na ibinigay sa mga Apostol na patotohanan ang Tagapagligtas sa buong mundo, ang espesyal na koneksyon nila sa mga missionary, at ang ilang karaniwang maling akala tungkol sa pagiging "isang apostol, tagakita, at tagapaghayag." Nang tanungin kung may iba pang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol na irerekomenda niyang magsalita tungkol sa kanilang sagradong tungkulin bilang bahagi ng artikulong ito, mabilis na sumagot si Pangulong Ballard, "Oo. Lahat sila."

LARAWANG KUHA NG BUSATH PHOTOGRAPHY

Pananatiling Nakaayon

Malalaking hamon ang kinakaharap ngayon ng mga Apostol. Naglilingkod sila sa mga kongregasyon sa buong daigdig na sinusubukan ng kaguluhan sa pulitika, pagkawasak ng pamilya, walang-tigil na impluwensya ng social media, at mga kawalang-katiyakan sa ekonomiya. Mahalagang maunawaan ng mga Apostol ang mga hamon at sitwasyong kinakaharap ng mga miyembro.

Bilang mga pinuno ng Simbahan, kailangang makilala ng mga Apostol ang mga tao at malaman ang kanilang sitwasyon para mas mapaglingkuran sila.

"Kailangan naming malaman ang mga bagay na nakakaapekto sa buhay ng mga tao," sabi ni Elder Ulisses Soares. "Kailangan ng mga Apostol na patuloy na matuto, magtanong, at tumanggap ng inspirasyon at paghahayag."

Mahalaga man na maging sensitibo sa kinakaharap ng mga miyembro, mas mahalagang makinig nang husto ang mga Apostol sa gumagabay na tinig ng Diyos at maging sensitibo sa kalooban ng Panginoon, sabi ni Pangulong Ballard. "Ito ang Simbahan ng Panginoon, at ang malaking hamon sa amin ay tiyakin na sensitibo kami sa kung paano Niya nais na pangasiwaan namin ang Kanyang kaharian dito sa lupa," sabi ni Pangulong Ballard.

Natatanging mga Saksi

Habang nagsasalita ang bawat Apostol tungkol sa kanyang tungkulin, madaling maliwanagan na hindi pangangasiwa ang pangunahin nilang problema. Ang pangunahin nilang responsibilidad ay kaparehong-kapareho noon—sila ang magiging "mga natatanging saksi ng pangalan ni Cristo sa buong daigdig" (Doktrina at mga Tipan 107:23).

Ang huling tagubilin ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol (tingnan sa Mateo 28:19–20) ay humayo at "magturo, magpatotoo, magbinyag, at patatagin at palakasin ang Kanyang Simbahan," sabi ni Pangulong Ballard.

Ngayon ay hindi pa nagbabago ang responsibilidad ng mga Apostol. "Una sa lahat, noon pa man, kami ay mga saksi na totoong buhay ang Panginoong Jesucristo," sabi ni Elder David A. Bednar. "Kami ay hindi mga administrador; kami ay mga ministro ng ebanghelyo ni Jesucristo."

Ang mga Apostol ay inutusang "maging naglalakbay na mga saksi" na nagtutungo sa "buong mundo," sabi ni Elder Jeffrey R. Holland. "Gusto naming madama maging sa pinakamalayong yunit ng Simbahang ito, ayon sa lokasyon, na napakalapit ng koneksyon sa pagitan nila at ng propeta ng Panginoon," sabi niya. "Madalas sabihing, 'Parang napakaliit ng mundo sa Simbahang ito.' Tungkol naman sa koneksyon sa mga Apostol, sana'y gayon din palagi."

Pagtulong sa Bawat Stake

Ipinaliwanag ni Elder Quentin L. Cook na sa loob ng apat na taon, bawat isang stake at ward, district at branch, sa Simbahan ay may dumarating na isang miyembro ng Labindalawa at nakikipag-usap sa mga lider

nito—at tinuturuan sila tungkol sa mga prayoridad ng propeta.

"Dahil sa mga leadership conference, naisakatuparan natin ang utos sa atin sa doktrina na '[magtayo] ng Simbahan at [mamahala] sa lahat ng gawain ng nabanggit sa lahat ng bansa' [Doktrina at mga Tipan 107:34] sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan," sabi niya.

Sa pangkalahatan, ang mayaman at malalim na itinuturo ng mga karanasan ng mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay tumutulong na magabayan ang mga lokal na lider sa paggawa ng mahahalagang desisyon para hikayatin at suportahan ang mga miyembro sa kanilang mga hamon, sabi ni Elder Bednar.

"Sa pagpunta namin sa iba't ibang lugar, nadarama namin ang kabutihan ng mga miyembro," sabi ni Elder Gerrit W. Gong. "Naririnig namin ang mga karanasan at nalalaman ang mga bagay na tumutulong sa amin na makaunawa habang nag-uusap-usap kami bilang isang korum tungkol sa nangyayari sa iba't ibang panig ng mundo at sa iba't ibang grupo sa loob ng Simbahan."

Ang paglalakbay sa mga leadership conference ay "nagbibigay sa amin ng pagkakataong makipag-ugnayan sa mababait at magigiliw na tao," sabi ni Elder Cook. "Nagpupunta kami sa kanilang mga tahanan, at nagkakaroon kami ng pagkakataong mag-minister o maglingkod sa kanila. . . . Ang paglilingkod sa mga Banal ang lubos na umaantig sa aming puso. Ginagawa namin ito sa patnubay ng Espiritu Santo at ng Tagapagligtas at sa kaalamang natamo namin sa pamamagitan ng karanasan, na ang ilan ay napakasagrado para ikuwento," sabi niya.

Paglilingkod sa Indibiduwal

Pagkaraan ng 43 taon bilang General Authority at ngayo'y nasa kanyang ikaapat na dekada ng paglilingkod sa Korum ng Labindalawang Apostol, ang mga tungkulin ni Pangulong Ballard ang nagdala sa kanya sa halos lahat ng bansa sa mundo, na nagtutulot sa kanya na mag-minister o maglingkod nang harapan sa maraming miyembro at mga missionary. Milyun-milyon ang nakarinig sa kanyang mga mensahe sa mga pangkalahatang kumperensya at debosyonal. Ngunit kahit ang buong daigdig ang responsibilidad niya, tinutulutan siya ng Espiritu Santo na makipag-ugnayan sa at pagpalain ang mga indibiduwal. Ang tila kabalintunaang ito ang paraan ng Tagapagligtas, sabi niya. "Kung minsa'y

GO YE THEREFORE, AND TEACH ALL NATIONS, NI HARRY ANDERSON

Ang salitang apostol *ay nagmumula sa isang salitang Griyego na ibig sabihin ay "isugo." Tulad ng naunang mga Apostol, isinusugo pa rin ng Tagapagligtas ang Kanyang mga Apostol "sa buong sanglibutan" (Marcos 16:15–16).*

nakakatanggap ako ng liham mula sa isang tao na nagsasabing, 'Nasa pulong po ako kanina, at may sinabi kayo na nagpabago sa buhay ko.' Iyan ang kapangyarihan ng Espiritu Santo. Pinamamahalaan ng Panginoon maging ang pinakamaliliit na detalye sa Kanyang Simbahan."

"Ang di mabilang na matatamis at simpleng karanasan sa mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo" ang naglalarawan sa ministeryo ng isang apostol, sabi ni Elder Bednar. "Nagsusugo ang Panginoon ng isang miyembro ng Korum ng Labindalawa sa partikular na mga lugar sa partikular na mga pagkakataon kung saan nakakatagpo kami ng matatapat na Banal sa mga Huling Araw at iba pa na madalas ay nahihirapan o nangangailangan ng kapanatagan at katiyakan. Isinasaayos ng Diyos ang mga pakikipag-ugnayang iyon," sabi ni Elder Bednar.

Sabi ni Elder Ronald A. Rasband, matapos siyang tawagin bilang Apostol, nalaman niya na kailangan niyang magdagdag ng oras sa bawat aktibidad sa kanyang buhay para mabati niya ang mga miyembro ng Simbahan at ang iba pa. "Hindi ito tungkol sa akin," sabi niya. "Tungkol ito sa respeto at sa paggalang ng mga miyembro ng Simbahang ito sa katungkulan ng Apostol."

Sabi ni Elder Rasband, nang maorden siyang Apostol, sinabihan siya, "'Inilalagay ka namin sa isang katungkulan na maging isang natatanging saksi ng pangalan ni Cristo sa buong daigdig . . . sa lahat ng panahon at sa bawat sitwasyon.' Kasama ang mga salitang iyon sa ordinasyon ko: 'sa lahat ng panahon at sa bawat sitwasyon.'"

Isang Mahalagang Relasyon

Ang mga Apostol at ang mahigit 70,000 mga full-time missionary ng Simbahan ay may iisang sagrado at magkakaugnay na relasyon.

Ang salitang *apostol* ay nagmumula sa isang salitang Griyego na ibig sabihin ay "isugo," paliwanag ni Elder Dale G. Renlund. Isipin ang malinaw na utos ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol noong araw: "Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas" (Marcos 16:15–16).

Sa pagsunod sa utos na iyon, ang Labindalawa ay "matwid na abala" sa gawaing misyonero at naghahatid ng mensahe ng ebanghelyo, sabi ni Pangulong Ballard.

Tulad ni Pablo noong araw, ang mga Apostol ngayon ay mapanalanging ipinagagawa sa iba ang kanilang mga tungkulin upang maibahagi ang ebanghelyo sa iba. At, tulad sa isang Apostol, isinusugo ang mga missionary sa buong mundo para ituro ang ebanghelyo ni Cristo. "Ang Labindalawa, na gumagamit ng mga susing hawak nila, ang nagtatalaga sa kanila sa mga mission," sabi ni Elder Bednar. "Kaya ipinadadala namin sila."

Ang Panginoon pa rin ang gumagabay na direktor sa gawaing misyonero. Binibigyan Niya ng awtoridad ang Kanyang mga buhay na Apostol, na itinatalaga sa iba't ibang pagkakataon na maglingkod sa Missionary Executive Council, para maiparating ang Kanyang mga hangarin sa mga full-time missionary na nasa misyon. Ang gayong mga tungkuling administratibo ay hindi lamang "pagpapatakbo ng organisasyon," sabi ni Elder Bednar. Hawak ng mga Apostol ang mga susi ng priesthood para sa pagtitipon ng Israel. "Nagbibigay kami ng espirituwal na paggabay at patnubay upang maisagawa ang gawain sa paraang nais ng Panginoon," sabi niya.

Pangulong Ballard sa Spain

Elder Holland sa England

Elder Uchtdorf sa Russia

Si Elder Dieter F. Uchtdorf ang namumuno sa Missionary Executive Council ng Simbahan. Nasa ibabaw ng kanyang mesa sa opisina ang isang maliit na rebultong tanso ng isang magkompanyon na missionary na inilarawan na mabilis na pumapadyak sa mga bisikleta, marahil ay nagmamadaling magpunta sa isang teaching appointment. Tuwing pag-aaralan niya ang rebultong tanso, naaalala niya ang matibay na koneksyon ng mga Apostol sa mga missionary. "Bawat isa sa 70,000 mga missionary ay nagsasagawa ng isang sagradong paglilingkod at tinawag ng Panginoon sa isang liham mula sa propeta ng Diyos na maging mga kinatawan ng Tagapagligtas. Sila ang kaagapay ng Labindalawa."

"Tuwing may pagkakataon kami, kinakausap namin sila," sabi ni Pangulong Ballard. "Hinahayaan namin silang magtanong. Sinisikap naming tulungan sila na hanapin, turuan, binyagan, at palakasin ang mga anak ng ating Ama sa Langit."

Sa pagtutulungan, ang dalawang grupong ito ay ipinadadala upang ibahagi ang mabuting balita ng ebanghelyo sa buong mundo. "Itinuturing namin ang mga full-time missionary na mga kompanyon namin," sabi ni Elder D. Todd Christofferson.

Mga Maling Akala

Bagama't maaaring isipin ng ilang tagalabas na nagmamasid na ang Simbahan ay pinamumunuan na tulad sa isang korporasyon, ang pagiging Apostol "ay hindi katulad ng pagiging business executive; lubos na naiiba ito," sabi ni Elder Gary E. Stevenson. "Ang tungkulin ng isang Apostol ng Panginoong Jesucristo ay talagang isang tungkuling maglingkod at magpastol." Ang papel na maging saksi ni Jesucristo sa mundo ay "nagtuturo at naglalarawan sa amin."

Sabi ni Elder Neil L. Andersen, sa Korum ng Labindalawang Apostol, walang pangkatan, pilitan, o agawan ng kapangyarihan. Mayroong "magkakaibang opinyon," ngunit "walang pasiklaban."

Pinagsasama-sama ng Panginoon ang maraming tao mula sa iba't ibang propesyon at pinagmulan, sabi ni Elder Andersen. Ngunit "magkakatulad sila sa kanilang patotoo tungkol sa Tagapagligtas at sa kanilang pagpapakumbaba. Hindi sila naghahangad ng katungkulan; hindi nila sinisikap na maging pinakamatalinong tao sa silid. Magagamit sila ng Panginoon. Hindi ko pa nakita ang sinuman [sa Labindalawa] na magalit, at hindi ko pa nakita ang sinuman na nanghamak ng sinuman."

Pagpapakumbaba ang naglalarawan sa pagiging Apostol, sabi ni Elder Uchtdorf. Nakikilala sila dahil sa kanilang mga tungkulin halos saanman sila maglakbay, "ngunit alam namin na hindi ito tungkol sa amin—tungkol ito sa Kanya. Kinakatawan namin Siya. . . . Tungkol ito sa Kanyang kadakilaan."

Tinawag Tayong Lahat na Maglingkod

Pagkatapos mamatay at Mabuhay na Mag-uli ang Tagapagligtas, tinuruan Niya ang Kanyang mga disipulo sa loob ng 40 araw at pagkatapos ay umakyat na Siya sa langit. Naiwang may bakante sa Korum ng Labindalawang Apostol—na nilikha ng pagkakanulo sa Kanya at pagkamatay ni Judas

Elder Christofferson sa Mexico

Elder Bednar sa Peru

Elder Cook sa Argentina

MGA LARAWANG KUHA NINA JUAN ANTONIO RODRIGUEZ (SPAIN), SIMON JONES (ENGLAND), LUIS ANTONIO ARROYO ABANDO (PERU), CHRISTEN ALBO (ARGENTINA), DALENE GRIFFIN (MEXICO), ALEXANDRE BORGES (BRAZIL)

Iscariote—nagtipon ang mga miyembro ng korum at nagsumamo sa Panginoon.

Tinukoy ang dalawang lalaki, sina Matias at Barsabas, at ipinagdasal ng mga Apostol na ipakita ng Panginoon "kung [sino] sa dalawang ito ang iyong hinirang, . . . at nagkapalad si Matias; at siya'y ibinilang sa labingisang apostol" (tingnan sa Mga Gawa 1:23–26).

Noon at ngayon, ang "matawag bilang Apostol ay hindi isang katuparan o tagumpay," paliwanag ni Elder Renlund. "Hindi ito isang tungkuling nakakamit. Si Matias, sa Mga Gawa kabanata 1, ang pinili ng Diyos sa halip na si Barsabas. Hindi sinabi sa atin ng Diyos kung bakit. Ngunit dapat nating malaman na ang patotoo ni Barsabas na paggalang sa Tagapagligtas at sa Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli ay katumbas ng kay Matias."

Ang Diyos ang pumili, paliwanag niya. "Kung ginampanan ni Barsabas ang anumang tungkulin niya, hindi naiiba ang natanggap niyang gantimpala sa gantimpalang maaaring natanggap ni Matias, kung ginampanan nga niya ang kanyang tungkulin."

Tulad ng ang patotoo ni Barsabas ay katumbas ng patotoo ni Matias, bawat miyembro ng Simbahan ay may karapatan sa at maaaring "magkaroon ng relasyon sa Panginoon na tulad sa isang Apostol," sabi ni Pangulong Ballard.

Ang paglilingkod sa Panginoon at sa Simbahan ay "isang pribilehiyo at pagpapala. Ito'y isang karangalan," sabi ni Elder Uchtdorf. "Ipinapakita ng Panginoon ang Kanyang pagmamahal sa atin, at maipapakita natin ang ating pagmamahal sa Panginoon sa paggawa ng anumang ipinagagawa Niya sa atin."

Elder Andersen sa Brazil

Isang Sagradong Karanasan

Ang pagiging bahagi ng isang naglalakbay na high council ay isang sagradong karanasan, sabi ni Elder Andersen. "Kapag nagpapatotoo kami, tumatagos ang patotoong iyon sa puso ng mga tao, ang bahagi nito ay dahil sa aming ordinasyon."

Sabi ni Elder Christofferson, sa mga una niyang pagmiministeryo bilang Apostol, nahirapan siya sa mga inaasahan sa kanya. Ngunit nakatanggap siya ng simpleng mensahe mula sa Panginoon: "Kalimutan mo ang sarili mo at ang iisipin sa iyo ng mga tao, humahanga man sila o hindi nasisiyahan o anupaman. Magtuon ka lang sa gusto Kong ibigay sa kanila sa pamamagitan mo. Magtuon ka sa gusto Kong iparinig sa kanila sa pamamagitan mo."

Ilang taon na ang nakalilipas, bumisita si Elder Christofferson sa Mérida, Venezuela, kung saan isang batang lalaki, siguro'y 7 taong gulang, ang nakakita sa kanya mula sa bintana at nagsimulang sumigaw ng, *"El Apostol, el Apostol!"* ("Ang Apostol, ang Apostol!").

"Napakasimple ng pangyayaring iyon, ngunit inilalarawan nito sa akin ang lalim ng pagpapahalaga maging ng mga bata para sa tungkulin," sabi niya. "Hindi ito tungkol sa taong humahawak ng tungkulin. Natutuhan ng batang iyon ang laki ng pagpapahalaga sa tungkulin at kung ano ang kinakatawan nito." ■

Paano Natin Masasang-ayunan ang Ating mga Pinuno?

Nina Sarah Jane Weaver at Jason Swensen
Mga Balita sa Simbahan

Sa pagpiling sang-ayunan ang Labindalawang Apostol, ipinapakita ng mga miyembro ng Simbahan ang kanilang tiwala sa pangako ng bawat Apostol na sundin ang Tagapagligtas.

Sa nakaiiyak na mga araw pagkaraan ng napakalaking sunog na tumupok sa mga kapit-bahayan sa Sonoma County sa California noong Oktubre 2017, naglakbay si Elder Ronald A. Rasband ng Korum ng Labindalawang Apostol sa mga apektadong komunidad para makasama ang mga Banal sa mga Huling Araw.

Siya ay nasa isang misyon ng ministering o paglilingkod. Inalo nila ni Sister Melanie Rasband ang mga miyembrong nasunugan sa kanilang mga meetinghouse at sa gilid ng kanilang natupok na mga bahay.

At saanman siya magpunta, nagsilapit ang mga miyembro para kamayan siya. Pagpapakita iyon ng pagpapahalaga. Pinasalamatan nila ang Apostol sa kanyang pagsuporta. Ngunit bawat pakikipagkamay ay iisa ang ipinaramdam: "Sinasang-ayunan ko po kayo."

Isang Pagpapakita ng Pananampalataya

Ang pagsang-ayon ay isang sagradong pagkilos na nag-uugnay sa mga miyembro ng Simbahan sa mga pinuno ng Simbahan, sabi ni Elder Gary E. Stevenson. Sa mahigit 16 na milyong miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, iilang miyembro lang ng Simbahan ang makakausap nang harapan o makakamayan ng isang Apostol. Ngunit bawat miyembro ay may pagkakataon na magkaroon ng personal na koneksiyon sa kanila at sa iba pang mga pinuno ng Simbahan sa pamamagitan ng kanyang pormal na boto ng pagsang-ayon at araw-araw na kilos ng pagsang-ayon, sabi ni Pangulong M. Russell Ballard, Tumatayong Pangulo ng Korum ng Labindalawa.

"Sumasang-ayon tayo sa pamamagitan ng pagtataas ng kamay ngunit kasama rin ang ating puso at mga kilos," sabi ni Elder Gerrit W. Gong. "Sinusuportahan natin ang mga pinuno ng Simbahan sa parehong paraan na sinusuportahan natin ang isa't isa. Alam natin na saklaw tayo ng tipan."

Ang pagdarasal para sa mga Apostol ay nananatiling isang mahalagang bahagi ng pagsang-ayon, sabi ni Elder Ulisses Soares. "Kami ay mga karaniwang tao, at tinawag kami ng Panginoon sa isang bagay na hindi namin kayang gawing mag-isa. Ngunit nadarama namin na magagawa namin iyon dahil ipinagdarasal kami ng mga tao."

Nauuna ang pananampalataya at sumusunod ang pagsang-ayon, dagdag pa ni Elder Soares. "Sa pagsang-ayon sa mga Apostol, tinutulungan ninyo ang Tagapagligtas na isakatuparan ang Kanyang gawain. Ang inyong pananampalataya ay tumutulong sa Panginoon na isakatuparan ang ipinababatid Niya sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta at tagapaghayag."

"Gustung-gusto ko ang matalinghagang paglalarawan ng pagtataas ng mga kamay at ang kahulugan niyon," sabi ni Elder Jeffrey R. Holland. Para sa mga Apostol, ang masang-ayunan ng mga miyembro ng Simbahan ay espirituwal na kahalintulad ng pagtanggap ng pagkaing nagbibigay-buhay, dagdag pa niya. "Lahat ng opinyon ay

Elder Rasband sa India; Elder Stevenson sa Hong Kong; Elder Renlund sa Brazil; Elder Gong sa Shanghai, China; Elder Soares sa Brigham Young University

mahalaga at lahat ng gustong maglingkod ay bibigyan ng pagkakataon. Walang sinumang kailangang maglingkod na mag-isa sa Simbahan, anuman ang ating tungkulin.”

Matagal nang Isinasagawa

Ang pagsang-ayon sa mga Apostol ay isinagawa sa mga huling araw noong magsimula ang Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo. Sa unang araw pa lang, inanyayahan na ang mga naunang Banal na sumang-ayon sa tungkulin ng mga pinuno ng Simbahan at sang-ayunan sila sa tungkuling iyon.

Noong Abril 6, 1830, nagtipon si Joseph Smith at ang kanyang bagong binyag na mga alagad sa isang maliit na bahay na yari sa troso na pag-aari ni Peter Whitmer, Sr., sa Fayette, Seneca County, New York.

Tumayo si Joseph at nagtanong sa mga naroon kung gusto nilang itatag ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Gamit ang alituntunin ng pangkalahatang pagsang-ayon, nagtaas ng kamay ang mga bagong miyembro at nagkakaisang bumoto ng pagsang-ayon. Sumunod ay sumang-ayon silang tanggapin sina Joseph Smith at Oliver Cowdery bilang kanilang mga guro at espirituwal na tagapayo.

“Ang pagiging miyembro sa Simbahan ay napakapersonal,” sabi ni Elder Holland. “Bawat tao ay mahalaga. Kaya nga ginagamit natin ang alituntunin ng pangkalahatang pagsang-ayon. Gusto namin, may opinyon ang bawat isa, na ipahayag niya ang kanyang sarili, at magkaisa sila sa pagsulong.”

Isang Pagkilos na Nagpapasigla sa Ating Lahat

Kapag tumatanggap ng tawag na maging apostol, ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol “ay pinapagmamadali” na sundin ang kalooban ng Panginoon, sabi ni Elder Dale G. Renlund. Sa pagpiling sang-ayunan ang Labindalawa, ipinapakita ng mga miyembro ang kanilang tiwala sa pangako ng bawat Apostol na sundin ang Tagapagligtas.

Ang mga Banal sa mga Huling Araw na nagbibigay ng kanilang boto ng pagsang-ayon sa isang Apostol ay sumasang-ayon din sa buong Korum, sabi ni Elder Quentin L. Cook.

Ang sagradong botong iyon ay nagpapasigla at nagpapala sa mga Apostol—ngunit nagpapasigla rin ito sa mga sumasang-ayon, dagdag pa ni Elder Cook. “Ito ay nagpapalakas at nagpapala at pumapatnubay sa kanila.”

Ibig sabihin ay tulad noong magbigay ng suporta ng pagsang-ayon kay Elder Rasband ang mga miyembrong labis na naapektuhan ng mga sunog sa Santa Rosa, mapapasigla rin ang mga miyembro sa buong daigdig habang pinasisigla nila ang bawat miyembro ng Labindalawa. ■

MGA LARAWANG KUHA NINA WENDY GIBBS KEELER (INDIA), CLEBHER TEX (BRAZIL), MONICA GEORGINA ALVARADO ZARATE (SHANGHAI), JANAE BINGHAM (BYU)

Ang Ating Tuluy-tuloy na Pamana ng mga Pioneer

Noong Hulyo ng 1847, pumasok ang unang grupo ng mga pioneer sa Salt Lake Valley matapos maglakbay patawid sa American West sa paghahanap ng bagong tahanan kung saan maaaring sumamba ang mga Banal sa Panginoon nang walang nang-uusig. Matututunton ng maraming miyembro sa North America ang kanilang pamana mula sa mga ninunong pioneer na ito. Ngunit para sa karamihan ng mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo, nagsimula ang kanilang pamana ng mga pioneer sa ibang lugar, sa mga ninuno man na sumapi sa Simbahan kamakailan o marahil ay kahit sa sarili nila nang sila ang naging unang miyembro sa kanilang pamilya, komunidad, o bansa na tumanggap sa ebanghelyo.

Sa buwang ito, sa pagdiriwang natin ng ating mga ninunong pioneer, maaari ninyong itanong sa inyong sarili: Saan nagsimula ang aking pamana ng pananampalataya? Anong mga sakripisyo ang ginawa ng mga pioneer na ninuno ko para ilaan ang kanilang buhay sa Simbahan? Paano ko maigagalang at maibabahagi ang kanilang pamana? Ano ang magagawa ko para tulungan ang iba na maunawaan at igalang ang sarili nilang mga ninunong pioneer? ■

PAMANA NG PANANAMPALATAYA

"Kailangan nating tiyakin na ang pamana ng pananampalatayang natanggap mula sa [mga pioneer] ay hindi mawawala kailanman. Hayaang antigin ng kagitingan ng buhay nila ang ating puso, lalo na ang puso ng ating mga kabataan, upang mag-alab nang husto ang tunay na patotoo at matibay na pagmamahal sa Panginoon at sa Kanyang Simbahan sa kalooban ng bawat isa sa atin tulad ng ginawa nito sa ating matatapat na pioneer."

Pangulong M. Russell Ballard, Tumatayong Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Faith in Every Footstep," *Ensign,* Nob. 1996, 25.



KALIWA: PAGLALARAWAN NI DAN BURR

Mula kaliwa sa itaas paikot sa kanan:

Woman Holding Book of Mormon and Basket of Flowers, ni Jubal Aviles Saenz

Building Now for Eternity, ni Sylvia Huege de Serville

Awake, Awake, Put on Thy Beautiful Garments, ni Natalie Ann Hunsaker

The Visit, ni Chu Chu

* *Joseph William Billy Johnson: Holiness to the Lord*, ni Emmalee Rose Glauser Powell

Family Reading, ni Jose Manuel Valencia Arellano

A Stop along the Way, ni Carmelo Juan Cuyutupa Cannares

The Fruit of Joy, ni Nanako Hayashi

**Maliban kung iba ang nakasaad,* ang mga ito at ang iba pang mga larawan mula sa Church History Museum international art competitions ay makikita online sa lds.org/go/71921.*

ALAMIN ANG IBA PA TUNGKOL SA INYONG MGA PIONEER

Para malaman ang tungkol sa kasaysayan at mga pioneer ng Simbahan sa inyong bansa, bisitahin ang **history.lds.org/GlobalHistories.**

Ni Elder Patrick Kearon
Ng Panguluhan ng Pitumpu

Isang Mas Banal na Huwaran ng PAGLILINGKOD

Nawa'y sundin natin ang buhay na Cristo nang mas maluwag sa kalooban, nang mas epektibo, sa pagsisikap nating maging mga tunay na disipulo Niya sa [paglilingkod] tulad ng gagawin Niya.

Noong ako ay 15 o 16 anyos, masyado akong makasarili at nakadama ng pag-aalangan, kawalan ng katiyakan, at mahinang kalooban na nangyayari sa mga tinedyer. Tila naliligaw ako, kulang sa kumpiyansa, at asiwa. Hindi rin nakatulong na nasa Saudi Arabia ang mga magulang ko habang nasa boarding school naman ako noon sa isang mapanglaw na baybayin sa England. Kung ang paaralan ang pag-uusapan, ang Hogwarts kasama si Snape ay tila mas kalugud-lugod.

Ang masamang panahon ay karaniwan sa baybaying iyon, ngunit isang taglamig, isang napakalakas na bagyo ang tumama sa Irish Sea na may bilis ng hanging kasinglakas ng unos. Nasa mga 5,000 tahanan ang binaha, paubos na ang kanilang pagkain, at naiwan ang mga tao na walang kuryente o anumang paraan upang magkaroon ng init at ilaw sa kanilang mga tahanan.

Nang humupa ang baha, ipinadala kami ng paaralan para tumulong sa paglilinis. Namangha ako na maranasan nang malapitan ang ganito katinding kalamidad. Ang tubig at putik ay nasa lahat ng dako. Namumutla at nangangalumata ang mga taong binaha. Ilang araw na silang hindi nakakatulog. Nagtrabaho ako at ang mga kaklase ko, nag-akyat ng mga basang gamit sa mas matataas na lugar at tinanggal ang mga carpet na nasira.

Ang pinaka-hinangaan ko ay ang pagkakaibigan na nabuo. Nagkaroon ng magandang damdamin sa mga tao na nagkakaisa sa isang layunin sa panahong mahirap. Napagtanto ko na karamihan sa mga hindi magandang damdamin na karaniwang bumabalot sa aking isipan bilang tinedyer ay nawala nang tumulong ako sa aking mga kapitbahay.

PAGLALARAWAN NI KELLEY MCMORRIS

Ang pagkatuklas na ang pagtulong sa iba ang gamot sa aking malungkot at makasariling kalagayan ay dapat sanang nagpabago sa akin Ngunit hindi ito nangyari, dahil hindi ko ito naunawaan nang lubos, at hindi ko nagawang mas pag-isipan ang pangyayaring ito. Kalaunan ko ito mas naintindihan.

Ang Paanyayang Maglingkod

Iniisip ko ito noong pangkalahatang kumperensya ng Abril 2018 nang marinig ko ang paulit-ulit na panawagan na [maglingkod] tulad ng paglilingkod ng Tagapagligtas—at na gawin ito dahil sa pagmamahal, sa pagkilala na tayong lahat ay anak ng ating Ama sa Langit.

Hindi tayo maglilingkod dahil binibilang at sinusukat ito, kundi dahil sa nagaganyak tayo ng mas mataas at dakilang layunin, tinutulungan ang mga kaibigan natin na makabalik sa Kanya. Minamahal at pinaglilingkuran natin ang ating kapwa tulad ni Jesus kung Siya ang nasa lugar natin, tunay na pinabubuti ang buhay ng mga tao at pinagagaan ang kanilang mga pasanin. Dito nanggagaling ang kaligayahan at katiwasayan, kapwa para sa nagbibigay at tumatanggap, habang ibinabahagi natin ang bunga ng pag-alam at pagkadama sa ating walang-hanggang kahalagahan at pagmamahal ng Diyos para sa atin.

"Ang katangian ng totoo at buhay na Simbahan ng Panginoon ay ang organisado at nakadirektang pagsisikap na maglingkod sa mga indibidwal na anak ng Diyos at sa kanilang mga pamilya," sabi ni Pangulong Russell M. Nelson. "Dahil ito ang Kanyang Simbahan, bilang kanyang mga lingkod, maglilingkod tayo sa nangangailangan, tulad ng ginawa Niya. Maglilingkod tayo sa Kanyang pangalan, nang may kapangyarihan at awtoridad Niya, at nang may mapagmahal na kabaitan Niya."[1]

Alam ko na kung susunod tayo sa tawag na ito na maglingkod, malalampasan natin ang ating kakayahan; lalago sa pananampalataya, kumpiyansa, at kaligayahan; at madaraig ang ating pagkamakasarili at ang kasamang lungkot at lumbay nito.

Binabago Tayo ng Paglilingkod

Ang kagandahan ng ganitong uri ng paglilingkod ay tinutulungan nito ang ibang tao, ngunit binabago rin tayo nito sa pagtanggal ng ating alalahanin, takot, pagkabalisa, at pagdududa. Sa umpisa, ang paglilingkod sa iba ay maaaring inaalis ang ating pansin sa ating mga problema, ngunit mabilis itong nagiging mas dakila at maganda. Nagsisimula tayong makadama ng liwanag at kapayapaan, at halos hindi ito natatanto. Tayo ay naaalo, napapanatag, at naaaliw. At nakadarama tayo ng kaligayahan na di makukuha sa ibang paraan.

Tulad ng ipinaliwanag ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985): "Ang masaganang buhay na nakasaad sa mga banal na kasulatan ay ang espirituwal na kabuuan na dumating sa pamamagitan ng pagpaparami ng ating paglilingkod sa iba at sa paglalaan ng ating mga talento sa paglilingkod sa Diyos at sa tao." Dagdag pa niya, "Nagiging mas makabuluhan tayo sa paglilingkod sa iba—tunay na mas madaling 'masumpungan' ang ating sarili dahil marami pa tayong malalaman!"[2]

Isang Panawagan mula sa Panginoon

Nang tinawag ng Tagapagligtas sina Pedro, Andres, Santiago, at Juan na sumunod sa Kanya, kaagad nagbago ang kanilang direksyon at pokus: "Pagdaka'y iniwan nila ang mga lambat, at nagsisunod sa kaniya" (Mateo 4:20).

Subalit nang ang Tagapagligtas ay kinuha sa kanila sa pinakamalupit na paraan, bumalik sila sa pangingisda, sa isang bagay na sa tingin nila'y alam na nila. Sa isang okasyon, dumating ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas habang wala silang mahuling isda.

"At kaniyang sinabi sa kanila, Ihulog ninyo ang lambat sa dakong kanan ng daon, at makakasumpong kayo. Inihulog nga nila, at hindi na mahila dahil sa karamihan ng mga isda" (Juan 21:6).

LARAWAN NG INA AT ANAK NA BABAE NI LINDA JEAN PURNELL

Hindi lamang ito pagpapakita na hindi nawala kahit katiting ng Kanyang kapangyarihan kundi ipinapakita rin nito na naghahanap sila sa maling lugar at nakatuon sa maling bagay. Habang kumakain sila ng isda sa pampang, tinanong ng Tagapagligtas si Pedro nang tatlong beses kung mahal Siya nito. Sa bawat pagsagot nang may dagdag na pagkabalisa, sinagot Siya ni Pedro na oo. Sa bawat pagsagot ni Pedro, inutusan siya ni Jesus na pakainin ang Kanyang mga tupa. (Tingnan sa Juan 21:15–17.)

Bakit siya tinanong ng Tagapagligtas nang tatlong beses kung mahal Siya nito? Si Pedro ay tinawag na noon para sumunod kay Jesus, at mabilis siyang tumugon, at iniwanan ang pangingisda. Ngunit nang mawala si Jesus sa kanila, nalungkot si Pedro; naligaw siya. Bumalik siya sa kaisa-isang bagay na sa tingin niya'y alam niya—ang pangingisda. Ngayon, nais ni Jesus na marinig talaga Siya ni Pedro at intindihin ang bigat ng paanyaya sa pagkakataong ito. Kailangan Niyang ipaintindi kay Pedro ang kahulugan ng pagiging disipulo ng muling nabuhay na Cristo ngayon na hindi na Siya pisikal na makakasama nila.

Ano ang nais ng Panginoon kay Pedro? Nais Niyang pakainin ni Pedro ang Kanyang mga tupa, ang Kanyang mga kordero. Ito ang trabahong kailangang gawin. Napagtanto ni Pedro ang magiliw at direktang panawagan ng kanyang Panginoon, at ang punong Apostol ay tumugon, magiting at walang takot na ibinigay ang nalalabi niyang buhay sa gawain kung saan siya tinawag.

Magsimula sa Pagdarasal

May bagong punong Apostol ngayon sa mundo. Inaanyayahan tayo ni Pangulong Nelson na pakainin ang mga tupa ni Jesus. Ang hamon ngayon, sa gitna ng lahat ng gambala sa paligid at maraming di importanteng bagay na umaagaw sa ating atensyon, ay *tumalima* sa paanyayang ito at *kumilos*—gumawa ng isang bagay, gumawa ng pagbabago, at mamuhay nang naiiba sa dati.

Ang inyong tanong ngayon ay maaaring, "Saan ako magsisimula?"

Magsimula sa panalangin. Hinamon tayo ni Pangulong Nelson na "dagdagan ang [ating] espirituwal na kakayahan na tumanggap ng paghahayag."[3] Tanungin ang iyong Ama sa Langit kung ano ang maari mong gawin at para kanino. Tumugon sa anumang impresyon na matatanggap mo, kahit gaano pa kaliit ito. Gawin ito. Anumang maliit na kabutihan ay magtutuon sa atin sa ibang tao at may hatid itong mga biyaya. Ito ay maaaring isang text sa isang taong hindi umaasang makatatanggap nito. Maaaring ito ay isang bulaklak, mga cookie, o mabait na salita. Siguro ito ay paglilinis ng hardin o bakuran, paglalaba, paglilinis ng kotse, pagtatabas ng damo, pagtatanggal ng naipong snow, o pakikinig lamang.

Katulad ng sinabi ni Sister Jean B. Bingham, Relief Society General President, "Kung minsan iniisip natin na kailangang dakila at magiting ang bagay na ating gagawin upang 'matanggap' ito na paglilingkod sa

CHRIST AND THE FISHERMEN, NJI, KIRK RICHARDS

ating kapwa. Gayunman, ang mga simpleng paglilingkod ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa iba—pati na rin sa ating sarili."[4]

Maaaring nag-aatubili kang gawin ang unang hakbang, kumbinsido na wala kang oras o hindi ka makagagawa ng pagkakaiba, ngunit mamamangha ka sa maliliit na bagay na magagawa mo. Si Pangulong Nelson ay naglalatag ng mas mataas at banal na huwaran ng paglilingkod para sa iyo at sa akin. Kapag tumutugon tayo, malalaman natin kung gaano ito nagpapasaya, nagpapalaya, at nagpapakalma sa atin at kung paano tayo magiging kinatawan para sa pagbabago at aliw sa buhay ng iba.

May mga pagkakataon, tulad ng pagkatapos ng misyon, na maaari tayong matuksong sabihin na, "Ayan, nagawa ko na. Hayaan naman ang iba na maglingkod. Gusto kong magpahinga." Ngunit hindi tumitigil ang tunay na paglilingkod. Ito ay paraan ng pamumuhay. Maaari tayong mamahinga mula sa ating mga regular na aktibidad at magpahinga at muling mapasigla kapag may mga pista-opisyal ngunit ang responsibilidad natin sa tipan na mahalin ang isa't isa tulad ng pagmamahal Niya sa atin at pakainin ang Kanyang mga tupa ay walang tigil.

Ministeryo ng Pandaigdigang Simbahan

Masayang-masaya ako na bahagi ako ng Simbahan na nagsasagawa ng paglilingkod. Noong 2017 lamang, ang ating mga miyembro ay nagbigay ng lampas sa 7 milyong voluntary hours na iniukol sa pagpapalago, pag-ani, at pagbibigay ng pagkain sa mahihirap at nangangailangan. Ang Simbahan ay nagbibigay ng malinis na tubig sa kalahating milyong katao at mga wheelchair sa 49,000 na tao sa 41 bansa. Naglaan ang mga volunteer ng mga salamin at ophthalmological services, at nagsanay sila ng 97,000 na mga caregiver para sa mga may problema sa mata sa 40 mga bansa. Tatlumpu't tatlong libong mga caregiver ang sinanay sa pangangalaga sa mga nanay at bagong silang sa 38 mga bansa. Isama na rin natin ang Helping Hands, kung saan daang libong mga miyembro ang nagbigay ng milyun-milyong oras sa mga nakalipas na taon. Ang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ay mabilis na kumikilos upang tulungan ang mga taong naapektuhan ng malalaki at maliliit na sakuna, at pinabubuti ang kanilang mga kapitbahayan at komunidad.

LARAWAN NG MAGKAYAKAP NA DOKTOR AT PASYENTE NI WENDY GIBBS KEELER
LARAWAN NG ISANG NAGBOBOLUNTARYO SA HELPING HANDS NI HITALO RANIEL AZEVEDO

Ang kasalukuyang lumalagong inisyatibo ng Simbahan na JustServe, na naglilista ng mga pagkakataong maglingkod, ay may mahigit na 350,000 na nakarehistrong mga volunteer na nagbigay na ng milyun-milyong oras sa pagtulong sa kanilang mga lokal na komunidad.[5]

Ito ay Simbahan ng pagkilos. Ito ang ginagawa natin. Ito ang ginagawa mo. Hayaang ito ang magtakda ng inyong ugali.

Tatlong Uri ng Paglilingkod

Nais kong bigyang-pansin ang tatlong uri ng paglilingkod na maaari nating gawin.

1. Ang paglilingkod na itinakda o inaanyayahang gawin natin bilang responsibilidad sa simbahan. Sisikapin natin ang uri ng paglilingkod na pinahahalagahan, hindi sinusukat kung saan nag-iisip, nagdarasal, at tumutulong tayo sa mga taong ibinigay sa atin upang pangalagaan.

2. Ang paglilingkod na ginagawa natin nang kusa. Ito ay pinalawak na uri ng una, na aagos sa ating pang-araw-araw na gawain at interaksyon habang mas sinasadya nating kalimutan ang ating sarili at bumaling palabas sa ibang tao. Walang pormal na asaynment, ngunit ginaganyak tayo ng halimbawang tulad ng kay

Cristo, nagsisimula sa pagiging mas mabait at maunawain sa mga nakapaligid sa atin.

3. Serbisyong pampubliko. Kapag nararapat, makilahok sa pulitika nang nakatuon sa paglilingkod at pagpapatatag ng mga tao at komunidad. Iwasan ang pulitikal na tribalismo na masyado nang naging mahigpit, matindi, at nakapipinsala ng mga komunidad, bansa, at kontinente. Makiisa sa mga ibang pulitiko na nakikipagtulungan sa iba para magdulot ng kagalingan sa magugulong buhay ng kanilang mga nasasakupan at sa iba pa. Maaari kang maging tinig ng balanse at katwiran, na nagtataguyod ng katarungan sa lahat ng aspeto ng lipunan. Kailangan mong iambag ang iyong lakas sa ganitong uri ng kapaki-pakinabang na gawaing sibiko.

Kaya Nating Baguhin ang Sarili Nating Mundo

Kapag nababasa natin ang balita, maaaring maramdaman natin na dumadausdos na ang mundo. Kapag tayo ay kumilos sa malalaki at maliliit na paraan bawat araw, mababago natin ang ating mundo at ang mundo ng mga nakapaligid sa atin. Sa pagsisilbi ninyo sa mga tao sa paligid ninyo at nang *kasama* sila, magkakaroon kayo ng mga kaibigan na gugustuhin na tulungan kayo. Ito ay magiging matibay na mga pagkakaibigan, na nag-uugnay sa kultura at paniniwala.

Kung ikaw ay tutugon sa imbitasyon na maglingkod gaya ng ginagawa ni Jesus, ikaw ay magbabago, lalong magiging di-makasarili. Matutuklasan ninyo ang galak na nagmumula sa paglilingkod sa paraan ng Tagapagligtas, maiiwan ang ating mga pagkabalisa at kawalang katiyakan at ang lungkot na nagmumula sa iniisip ninyong mga kakulangan.

Marahil pumasok sa isip ninyo ang isang pangalan o dahilan. Ito marahil ay isang paanyaya mula sa Espiritu, at maaaring natanggap na ninyo ito noon. Tumulong, maghanap ng matutulungan, at magbigay-sigla. Piliin na sundin ang paanyayang ito at magdasal ngayong araw upang malaman ang inyong dapat gawin. Kapag nakikita at nadarama ninyo ang mga biyayang hatid sa inyo at sa mga taong pinaglilingkuran ninyo, gugustuhin ninyong gawin ito araw-araw.

Ang pinakamataas at pinakamahusay na pagsisikap natin ay ang ibahagi ang liwanag, pag-asa, galak, at layunin ng ebanghelyo ni Jesucristo sa lahat ng anak ng Diyos. Ang pagtulong, paglilingkod, at pagmi-minister sa kanila ay mga pagpapahayag na kumikilos ang ebanghelyo. Kapag ginawa natin itong paraan ng pamumuhay, matutuklasan natin na ito ay kasiya-siya, at ito ang paraan na mahahanap natin ang kapayapaang hindi natin makita.

Ganito namuhay ang Tagapagligtas, at ito ang dahilan kung bakit Siya nabuhay—para ibigay ang perpektong balsamo at pangunahing lunas sa pamamagitan ng Kanyang dakila, walang hanggan, at nagbabayad-salang kaloob para sa inyo at sa akin. Nawa'y sundin natin ang buhay na Cristo nang mas maluwag sa kalooban, nang mas epektibo, sa pagsisikap nating mga tunay na disipulo Niya sa paglilingkod tulad ng gagawin Niya. ■

Mula sa pandaigdigang debosyonal para sa mga young adult, "Isang Tanda ng Totoo at Buhay na Simbahan ng Panginoon," na ibinahagi sa Brigham Young University–Idaho noong Mayo 6, 2018.

MGA TALA

1. Russell M. Nelson, "Paglilingkod nang may Kapangyarihan at Awtoridad ng Diyos," *Liahona,* Mayo 2018, 69.
2. Spencer W. Kimball, "The Abundant Life," *Ensign,* Hulyo 1978, 3.
3. Russell M. Nelson, "Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," *Liahona,* Mayo 2018, 95.
4. Jean B. Bingham, "Paglilingkod na Tulad ng Ginagawa ng Tagapagligtas," *Liahona,* Mayo 2018, 104.
5. Tingnan ang JustServe.org. Mayroon nito sa North America at sinusubukan sa Mexico, United Kingdom, Puerto Rico, at Australia.



Kabanata 1

Magtipon ng Isang Grupo

Paunawa ng Patnugot: Ito ay isang sipi ng kabanata 1 mula sa Mga Banal, Walang Kamay na Di Pinaging Banal, *tomo 2 sa serye na* Mga Banal. *Ang Tomo 1,* Ang Pamantayan ng Katotohanan, *na inilathala noong nakaraang taon, ay natapos sa pagtanggap ng mga unang Banal sa mga Huling Araw ng kanilang endowment sa Nauvoo Temple at sa paghahanda nila na lisanin ang Nauvoo upang maglakbay pakanluran.*

Libu-libong Banal sa mga Huling Araw ang nanahimik habang umaalingawngaw ang tinig ni Lucy Mack Smith sa gitna ng malaking bulwagan sa unang palapag ng halos kumpleto nang Nauvoo Temple.

Umaga noon ng Oktubre 8, 1845, ang ikatlo at huling araw ng kumperensya sa taglagas ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Batid na hindi na siya magkakaroon ng mas maraming pagkakataon na magsalita sa mga Banal—lalo na ngayong nagbabalak silang lisanin ang Nauvoo para maghanap ng isang bagong tahanan sa malayong kanluran—nagsalita si Lucy nang may kapangyarihang tila hindi maaaring manggaling sa kanyang mahinang pitumpung-taong-gulang na katawan.

"Noong ika-dalawampu't dalawa ng Setyembre ay labingwalong taon na ang nakakalipas mula nang kunin ni Joseph ang mga lamina mula sa lupa," nagpatotoo siya, "at noong nakaraang Lunes ay labingwalong taon na ang nakakalipas mula nang si Joseph Smith, ang propeta ng Panginoon—"[1]

Tumigil siya sandali, inaalala si Joseph, ang kanyang anak na pinaslang. Alam na ng mga Banal sa silid kung paano siya ginabayan ng isang anghel ng Panginoon tungo sa isang pangkat ng mga laminang ginto na nakabaon sa burol na tinatawag na Cumorah. Alam nila na isinalin ni Joseph ang mga lamina sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos at inilathala ang talaan bilang ang Aklat ni Mormon. Subalit ilan nga ba sa mga Banal sa bulwagan ang tunay na nakakakilala sa kanya?

Naaalala pa ni Lucy nang unang magsabi sa kanya si Joseph, na noon ay dalawampu't isang taong gulang lamang, na ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos ang mga lamina. Buong umaga siyang nag-aalala, natatakot na babalik ito mula sa burol na walang dala, gaya ng nangyari noong nakaraang apat na taon. Ngunit noong dumating si Joseph, agad nitong pinakalma ang kanyang nerbiyos. "Huwag maging balisa," sabi nito. "Ayos lang ang lahat." Pagkatapos ay iniabot nito sa kanya ang mga pansalin na inilaan ng Panginoon para sa pagsasalin ng mga lamina, na nakabalot sa isang panyo, bilang patunay na nagtagumpay ito sa pagkuha ng talaan.

MGA BANAL: ANG PAMANTAYAN NG KATOTOHANAN, NI GREG NEWBOLD

Iilan pa lamang ang mga mananampalataya noon, karamihan sa kanila ay miyembro ng pamilyang Smith. Ngayon (noong ibinigay ni Lucy ang kanyang talumpati) ay mahigit labing-isang libong Banal mula sa Hilagang Amerika at Europa ang naninirahan sa Nauvoo, Illinois, kung saan nagtipon ang Simbahan sa loob ng nakalipas na anim na taon. Ang ilan sa kanila ay mga bagong miyembro ng Simbahan at hindi nagkaroon ng pagkakataong makilala si Joseph o ang kanyang kapatid na si Hyrum bago binaril at pinatay ng masasamang-loob ang dalawang lalaki noong Hunyo 1844.[2] Iyon ang dahilan kung bakit ninais ni Lucy na magsalita tungkol sa mga patay. Ninais niyang magpatotoo tungkol sa paghirang kay Joseph bilang propeta at sa papel ng kanyang pamilya sa Panunumbalik ng ebanghelyo bago lumisan ang mga Banal.

Sa loob ng mahigit isang buwan, ang mga grupo ng mga taong naghahangad na iwasto ang iniisip nilang kawalang-katarungan sa pamamagitan ng karahasan ay nanunog ng mga tahanan at negosyo ng mga Banal sa mga kalapit na pamayanan. Natatakot para sa kanilang mga buhay, maraming pamilya ang lumipat sa mas ligtas na lugar ng Nauvoo. Ngunit ang mga masasamang-loob ay lalo lamang lumakas at naging mas organisado sa paglipas ng mga linggo, at hindi nagtagal ay nagkaroon ng mga armadong alitan sa pagitan nila at ng mga Banal. Samantala, walang ginawa ang mga pamahalaang estado at pambansa upang maprotektahan ang mga karapatan ng mga Banal.[3]

Naniniwalang malapit nang salakayin ng mga masasamang-loob ang Nauvoo, nakipag-ayos ang mga lider ng Simbahan ng panandaliang kapayapaan sa pamamagitan ng pagsang-ayon na ilikas ang mga Banal mula sa bayan pagsapit ng tagsibol.[4]

Sa pamamagitan ng paggabay ng banal na paghahayag, binalak ni Brigham Young at ng iba pang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol na ilipat ang mga Banal nang higit sa isang libong milya (o isang libo at anim na raang kilometro) pakanluran, lampas sa Rocky Mountains, sa may hangganan ng Estados Unidos. Bilang namumunong korum ng Simbahan, ipinahayag ng Korum ng Labindalawang Apostol ang desisyong ito sa mga Banal sa unang araw ng kumperensya sa taglagas.

"Layon ng Panginoon na akayin tayo tungo sa isang mas malawak na lugar kung saan mas malaya tayong makakakilos," ipinahayag ng apostol na si Parley Pratt, "kung saan natin matatamasa ang mga dalisay na alituntunin ng kalayaan at pantay-pantay na karapatan."[5]

Alam ni Lucy na tutulungan siya ng mga Banal na maisagawa ang paglalakbay na ito kung pipiliin niyang sumama. Iniutos ng mga paghahayag sa mga Banal na magtipon nang sama-sama sa iisang lugar, at ang Labindalawa ay determinadong isakatuparan ang kalooban ng Panginoon. Subalit si Lucy ay matanda na at naniwalang hindi na siya mabubuhay nang matagal. Nang pumanaw siya, ninais niyang mailibing sa Nauvoo malapit kina Joseph, Hyrum, at sa iba pang mga miyembro ng pamilya na namayapa na, kabilang ang kanyang asawang si Joseph Smith Sr.

Bukod pa rito, karamihan sa mga buhay na miyembro ng kanyang pamilya ay naninirahan sa Nauvoo. Ang kanyang tanging naiwang anak na lalaki, si William, ay naging miyembro ng Korum ng Labindalawa, ngunit itinatwa nito ang kanilang pamumuno at tumangging magpunta sa kanluran. Ang kanyang tatlong anak na babae—sina Sophronia, Katharine, at Lucy—ay maiiwan din. Gayon din ang kanyang manugang na si Emma, ang balo ng propeta.

Habang nagsasalita si Lucy sa kongregasyon, hinikayat niya ang kanyang mga tagapakinig na huwag mag-alala tungkol sa darating na paglalakbay. "Huwag mawalan ng pag-asa at huwag sabihin na hindi kayo makakakuha ng mga bagon at mga bagay," sabi niya. Sa kabila ng kahirapan at pag-uusig, natupad ng kanyang sariling pamilya ang utos ng Panginoon na ilathala ang Aklat ni Mormon. Hinikayat niya silang makinig sa kanilang mga lider at pakitunguhan nang maayos ang isa't isa.

"Tulad ng sinasabi ni Brigham Young, kailangan maging tapat kayong lahat o hindi kayo makakarating doon," sabi niya. "Kung nakakaramdam kayo ng galit, magkakaroon kayo ng problema."

Nagsalita pa si Lucy tungkol sa kanyang pamilya, ang matinding pag-uusig na dinanas nila sa Missouri at Illinois, at ang mga pagsubok na naghihintay sa hinaharap para sa mga Banal. "Dalangin ko na nawa'y pagpalain ng Panginoon ang mga pinuno ng Simbahan, si Brother Brigham at ang lahat," sabi niya. "Kapag ako ay pumanaw na, nais kong makita kayong lahat."[6]

Noong Enero 1846, madalas na nakipagpulong si Brigham sa Korum ng Labindalawa at sa Konseho ng Limampu, isang organisasyon na nangangasiwa sa mga

temporal na pangangailangan ng kaharian ng Diyos sa lupa, upang planuhin ang pinakamainam at pinakamabilis na paraan para lumikas mula sa Nauvoo at magtatag ng isang bagong lugar ng pagtitipon para sa mga Banal. Si Heber Kimball, ang kanyang kapwa apostol, ay nagrekomenda na pamunuan nila ang isang maliit na grupo ng mga Banal pakanluran sa lalong madaling panahon.

"Magtipon ng isang grupo na maihahanda ang kanilang mga sarili," payo niya, "upang maging handa sa anumang oras kapag tinawag na humayo at maghanda ng isang lugar para sa kanilang mga pamilya at sa mga maralita."

"Kung may isang mauunang grupo na susulong at magtatanim ng mga binhi sa tagsibol na ito," sinabi ng apostol na si Orson Pratt, "kailangang magsimula ito pagsapit ng unang araw ng Pebrero." Inisip niya kung magiging mas mainam na manirahan sa isang lugar na mas malapit, na magiging daan upang makapagtanim sila ng mga pananim nang mas maaga.

Hindi nagustuhan ni Brigham ang ideyang iyon. Nagtagubilin na ang Panginoon sa mga Banal na manirahan malapit sa Great Salt Lake. Ang lawa ay bahagi ng Great Basin, isang napakalaking hugis-mangkok na rehiyong napapaligiran ng mga bundok. Ang malaking bahagi ng basin ay tuyong disyerto at isang hamon na tamnan, kung kaya't hindi ito kanais-nais para sa maraming Amerikanong lumilipat patungong kanluran.

"Kung pupunta tayo sa pagitan ng mga bundok sa lugar na pinag-iisipan," pangangatwiran ni Brigham, "walang mangyayaring pag-iimbot mula sa alinmang bansa." Nauunawan ni Brigham na ang rehiyon ay tinitirhan na ng mga katutubo. Subalit umaasa siya na ang mga Banal ay maaaring manirahan nang payapa kasama nila.[7] ■

Naghahangad ng kaginhawahan mula sa pag-uusig, sinunod ni Brigham Young (itaas) at ng Korum ng Labindalawang Apostol ang patnubay ng Panginoon na ilipat ang mga Banal sa mga Huling Araw nang mahigit 1,000 milya (1,600 km) pakanluran, lampas pa sa Rocky Mountains.

BRIGHAM YOUNG, NI CHARLES DEFOREST FREDRICKS, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY

Upang mabasa ang buong kabanata, mangyaring bisitahin lamang ang mgabanal.churchofjesuschrist.org o ang digital na bersyon ng artikulong ito sa isyu ng Liahona *sa Hulyo sa Gospel Library o sa liahona.lds.org.*

Ang salitang Paksa *sa mga tala ay nagpapahiwatig ng karagdagang impormasyon sa mgabanal.churchofjesuschrist.org.*

MGA TALA

1. Historian's Office, General Church Minutes, Okt. 8, 1845; "Conference Minutes," *Times and Seasons,* Nob. 1, 1845, 6:1013–14. Isang kumpletong tala ng mensahe ni Lucy noong kumperensya ng Oktubre 1845, na may anotasyon, ang makukuha sa Reeder and Holbrook, *At the Pulpit,* 21–26. **Paksa:** Lucy Mack Smith
2. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 5, [7]; *Mga Banal,* tomo 1, kabanata 4 at 44; Black, "How Large Was the Population of Nauvoo?" 92–93. **Paksa:** Pagkamatay nina Joseph at Hyrum Smith
3. Solomon Hancock and Alanson Ripley to Brigham Young, Set. 11, 1845, Brigham Young Office Files, CHL; "Mobbing Again in Hancock!" at "Proclamation," *Nauvoo Neighbor,* Set. 10, 1845, [2]; Gates, Journal, tomo 2, Set. 13, 1845; Glines, Reminiscences and Diary, Set. 12, 1845; "The Crisis," at "The War," *Warsaw Signal,* Set. 17, 1845, [2]; "The Mormon War," *American Penny Magazine,* Okt. 11, 1845, 570–71; Jacob B. Backenstos to Brigham Young, Set. 18, 1845, Brigham Young Office Files, CHL; Orson Spencer to Thomas Ford, Okt. 23, 1845; Thomas Ford to George Miller, Okt. 30, 1845, Brigham Young History Documents, CHL; tingnan din sa Leonard, *Nauvoo,* 525–42.
4. *To the Anti-Mormon Citizens of Hancock and Surrounding Counties* (Warsaw, IL: Okt. 4, 1845), Chicago Historical Society, Collection of Manuscripts about Mormons, CHL; tingnan din sa Leonard, *Nauvoo,* 536–42.
5. Konseho ng Limampu, "Record," Set. 9, 1845, sa *JSP,* CFM:471–72; "Conference Minutes," *Times and Seasons,* Nob. 1, 1845, 6:1008–11.
6. Doktrina at mga Tipan 29:8 (Revelation, Sept. 1830–A, sa josephsmithpapers.org); Doktrina at mga Tipan 125:2 (Revelation, circa Early Mar. 1841, sa josephsmithpapers.org); Historian's Office, General Church Minutes, Okt. 8, 1845; "Conference Minutes," *Times and Seasons,* Nob. 1, 1845, 6:1013–14.
7. Konseho ng Limampu, "Record," Jan. 11, 1846, sa *JSP,* CFM:514, 515, 518. **Paksa:** Konseho ng Limampu

Isang Pangako sa Isang Bata

Ilang taon na ang nakalilipas, ako ay labis na na-depress. Ang tanging bagay na nagbibigay sa akin ng kaunting motibasyon ay ang aking matalik na kaibigan at ang kanyang mga anak. Naglalakad-lakad kami tuwing Sabado at Linggo, na ikinatuwa ko. Gayunman, kalaunan ay dumalang nang dumalang ang aming paglalakad-lakad. Nagsimula kong hanap-hanapin ang aking kaibigan at ang kanyang pamilya. Nalaman ko kalaunan na kaya naging mas madalang ang aming paglalakad-lakad ay dahil bumalik ang aking kaibigan at ang kanyang pamilya sa isang gawaing inihinto na nila sa loob maraming taon—ang pagsisimba.

Isang araw ay inanyayahan nila akong mananghalian. Ang makita silang muli ay lubos na nagpasaya sa akin. Sinabi ko sa kanila kung gaano ako nanabik sa kanila. Iminungkahi ng anim na taong-gulang na anak na babae ng aking kaibigan na lutasin namin ang problemang iyon sa pamamagitan ng pagsisimba nang magkakasama. Kaya walang pagdadalawang-isip niya akong inanyayahang sumama.

Naku! Paano ko maipauunawa sa pamilyang ito na ang pagsisimba ay tama para sa kanila pero labis na nakababagot para sa akin? Ilang taon na akong hindi nakapagsisimba, pero paano ako makatatanggi sa isang bata? Sinabi kong sasama ako, pero ang totoo ay wala akong anumang intensiyon na tuparin ang pangakong iyon.

Noong Linggong iyon, nag-almusal ako kasama ng aking ama. Walang tigil sa pagtunog ang aking cellphone, pinaaalalahanan ako na nangako ako sa isang maliit na batang babae na sasamahan ko siyang magsimba. Binalewala ko ang aking cellphone hanggang sa tinanong na ako ng aking ama kung bakit hindi ko ito sinasagot. Umamin ako na naanyayahan akong dumalo sa isang miting sa simbahan pero ayaw kong pumunta. Ngumiti siya at nagsabing, "Lluvia, huwag kang mangangako kailanman sa isang bata kung hindi ka handang tuparin ito." Nagpasiya akong tuparin ang aking pangako.

Nang dumating ako sa simbahan, may kakaiba akong naramdaman, isang bagay na hindi ko maisalarawan. Hindi ko pa rin maipaliwanag kung paano ito nangyari, pero nang sumunod na Linggo, natagpuan ko ang aking sarili na naroong muli, hanggang sa mga sumunod pang linggo, hanggang sa naunawaan ko kung ano ang nadarama ko: ang Espiritu Santo.

Nagsimulang ipadama sa akin ng mga miyembro ng Simbahan na ako ay malugod na tinatanggap. Nang walang pag-aalinlangan, gusto kong may malaman pa tungkol sa Simbahan. Nagsimula akong makipagkita sa mga missionary, at nagsimula rin akong magkaroon ng patotoo. Ang pagbisita ng mga missionary ay naging mas madalas, at ang aking pagkakaunawa sa ebanghelyo ay lumago hanggang sa nagkaroon ako ng napakalaking pagnanais na mabinyagan. Hindi nagtagal ay nabinyagan ako, at tinatamasa ko ngayon ang mga pagpapala ng ebanghelyo. Dahil dito, labis akong nagpapasalamat na tinupad ko ang aking pangako sa isang anim na taong-gulang na batang babae. ■

Lluvia Paredes Cabrera, Yucatán, Mexico

Walang tigil sa pagtunog ang aking cellphone, pinaaalalahanan ako na nangako ako sa isang maliit na batang babae na sasamahan ko siyang magsimba.

PAGLALARAWAN NI PASCAL CAMPION

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

Bago ako pumunta sa ospital, isang kaibigan at katrabaho ang nagsabing, "Dahil napakalapit natin sa bahay ng Panginoon, bakit hindi muna tayo manalangin nang magkasama?"

Manalangin Tayo Malapit sa Templo

Noong tatlong taong gulang ang aming anak na lalaking si Marco, siya at ako ay dumanas ng matinding kaso ng food poisoning o pagkalason sa pagkain. Matindi ang tama nito kay Marco kaya't nawalan siya ng malay. Isinugod namin siya ng asawa kong si Marianela sa ospital. Pagkarating namin, mukhang patay na siya. Sa wakas, pagkalipas ng apat na oras, muli siyang nagkaroon ng malay.

Mula noon, si Marco ay dumanas na ng pasumpong-sumpong na seizure o pangingisay nang sumunod na limang taon. Kapag pinahihiga na namin siya sa kama tuwing gabi, napapaisip kami kung sa kalagitnaan ba ng gabi ay kakailanganin namin siyang isugod muli sa ospital. Nahirapan kaming matulog noong nakababagabag na mga taong iyon, at umasa kami sa dasal, pananampalataya, pag-aayuno, at mga basbas ng priesthood.

Noong anim na taong gulang na si Marco, tinawagan ako ni Marianela sa trabaho at sinabihan ako na sumugod sa ospital. Nagkaroon ng malalang seizure si Marco at siya ay na-comatose. Nang tumawag siya, ako ay nagtatrabaho sa muling inaayos na Argentina Missionary Training Center, na nasa tabi ng Buenos Aires Argentina Temple.

Bago ako pumunta sa ospital, isang kaibigan at katrabaho ang nagsabing, "Dahil napakalapit natin sa bahay ng Panginoon, bakit hindi muna tayo manalangin nang magkasama?" Sarado ang templo dahil sa muli itong inaayos at pinalalawak, pero lumapit kami sa bahay ng Panginoon, kung saan ako nanalangin para kay Marco.

Sa kabila ng lahat ng naranasan namin kay Marco, nakadama ako ng pasasalamat sa Diyos para sa panahon na nakasama namin siya ni Marianela. Habang nagdarasal ako, sinabi ko sa Ama sa Langit na nagsikap kami na maging mabubuting magulang at inalagaan si Marco sa abot ng aming makakaya. Sinabi ko rin sa Kanya na tatanggapin namin ang Kanyang kalooban kung pababalikin Niya si Marco sa Kanya.

Pagdating ko sa ospital, hindi ko alam kung malalampasan ni Marco ang pagka-comatose niya o, kung magigising siya mula rito, makalalakad o makapagsasalita ba siyang muli. Pagkaraan ng dalawang oras, nagising siya. Pagod na pagod siya, pero maayos naman siya. Mula noon, mahimalang bumuti ang kanyang kalagayan. Kalaunan, itinigil na ang pagpapainom ng gamot kay Marco at hindi na siya muling naospital.

Binabalikan namin ni Marianela ang mahirap na panahong iyon na nagpapasalamat na kasama pa rin namin si Marco at nagpapasalamat para sa mga bagay na natutuhan namin. Nagkaisa at naging mas malakas kami sa espirituwal dahil sa pagsubok sa aming buhay. Kung wala nito, maaaring hindi namin natutuhang kilalanin ang maraming paraan na tinutulungan kami ng Panginoon sa aming buhay.

Tulad ng sinabi ni Marianela, "Nakita namin ang napakaraming katibayan at karanasan na nagbigay sa amin ng patotoo tungkol sa presensya ng Diyos, na kasama natin Siya, at pinakikinggan Niya tayo. Kung tayo ay magtitiis at magtitiyaga, makararating ang mga pagpapala sa oras na hindi natin talaga inaasahan ang mga ito." ■

Juan Beltrame, Buenos Aires, Argentina

Bakit Hindi Ako Binalaan ng Diyos?

Naninirahan kami noon ng asawa ko sa isang dormitoryo sa loob ng Texas State Technical Institure nang ang dalawa sa pinakamatatanda naming mga anak ay apat at dalawang taong gulang. Ito ang una naming karanasan sa mabuburol na bukirin ng Texas, at gustung-gusto ko ito! Tuwing tagsibol, ang gitnang Texas ay puno ng mga bulaklak. Sa mga hardin, kakahuyan, bakanteng kaparangan, sa gilid ng mga kalsada, kahit saan ako tumingin ay mayroong makikitang mga bulaklak.

Halos araw-araw kong iginagala sa stroller ang mga anak ko. Nakahahanap kami ng mga bagong gagalugaring lugar, at hinahayaan ko ang aking mga anak na mamitas nang mamitas ng mga ligaw na bulaklak hangga't gusto nila. Tinatapos namin ang aming paggala sa pagdaan sa isang kapitbahayan kung saan ang karamihan sa mga bahay ay mayroong mga hardin ng mga bulaklak na inaayos nang maganda.

Isang araw, napunta kami sa isang sulok at natuklasan ang isang malaking bulto ng mga papel na nakakalat sa isa sa mga hardin ng mga bulaklak. Mabilis na ikinalat ng hangin ang mga papel sa buong bakuran. Nagpasiya ako na pulutin ang kalat bago pa man ito kumalat nang husto. Dumampot ako ng dakut-dakot na mga pahina at isinuksok ang mga ito sa aking bag ng mga diaper.

Nang tumingin ako paibaba, napagtanto ko na pornograpiya ang hinahawakan ko. Gulat na gulat, hiniling ko sa mga anak ko na manatili sa stroller habang dinadaklot ko ang natitirang mga pahina. Sumama ang pakiramdam ko nang masulyapan ko ang mga bagay na hindi ko kailanman nais na makita. Sa puso ko ay nagsimula akong magreklamo, "Bakit hindi ako binalaan ng Diyos na sa ibang landas dumaan pauwi?"

Pagkatapos ay narinig ko ang isang hindi maikakailang tunog ng preno ng isang school bus. Mga isang dosenang bata ang bumaba ng bus. Dumaan silang lahat sa bakuran na puno ng pornograpiya noong nakalipas na ilang sandali.

Sa pagkakataong iyon, lubos na nagbago ang aking pananaw. Nalaman ko na ngayon kung bakit hindi ako binalaan na dumaan sa ibang landas. Nagpasalamat ako na naroon ako para pulutin ang mga pahinang iyon para maiiwas ang mga bata na makita ang nakapipinsalang mga larawang iyon. Sa aking pag-uwi, naisip ko, "Paano kung mas natagalan pa na dumating ang school bus?" Paano kung hindi ko nalaman kung bakit nagkaroon ako ng ganoong karanasan? Gaano katagal ako magtatampo sa Diyos?"

Simula noong araw na iyon, ang pagkakataon na ibinigay sa akin ng Panginoon na makita kung "bakit" naranasan ko iyon ay tumulong sa akin na magtiwala na ang Kanyang karunungan at mga layunin ay mas dakila kaysa sa akin.

Kung minsan ay nalalaman ko kung bakit nangyari ang isang bagay; sa ibang pagkakataon ay hindi. Pero anuman ang mangyari, alam ko na kailangan kong magkaroon ng pananampalataya na ang Panginoon ay may mas malaking layunin na hindi ko palaging nakikita. ■

Lark Montgomery, Texas, USA

Mabilis na ikinalat ng hangin ang mga papel sa buong bakuran. Nagpasiya ako na pulutin ang kalat bago pa man ito kumalat nang husto.

PAGLALARAWAN NI TIM ZELTNER

Kapag ang Pagkapit nang Mahigpit ay Naging Masakit

Isang maalinsangang araw ng Hulyo, tinulungan ko ang bayaw ko na magtayo ng riprap. Sa proyektong ito ay nadaanan ko kalaunan ang mga ugat ng isang nakaharang na mabulaklak na puno ng cherry.

"Madali lang ito," naisip ko.

Tinipon ko ang mga kailangang kasangkapan at naghukay sa paligid ng mga ugat para magkaroon ng puwang kung saan ako gagalaw. Pagkatapos ay hinawakan ko ang chainsaw at walang pagdadalawang-isip na nagsimulang putulin ang mga ugat. Madali lang nalagari ang maliliit na ugat, pero nang nilagari ko na ang malalaking ugat, mabilis kong natanto na hindi ito gayon kadali. May isang partikular na ugat na hindi madaling putulin.

Pinagkikiskis ang aking mga ngipin, determinado akong putulin ang ugat na iyon. Tumulo ang pawis sa aking leeg dahil sa nakatutok na araw sa itaas habang pinipisil ko nang mas mahigpit ang chainsaw. Nanginig ang chainsaw hanggang sa nanginig ang buo kong katawan. Nadama ko ang aking kanang kamay—ang kamay na pumipisil sa pindutan ng chainsaw—na nagsisimula nang mapaso at humapdi. Binalewala ko ang hapdi at nagpatuloy sa paghawak.

Sa huli, naputol ng chainsaw ang ugat. Inalis ko ang kamay ko sa pindutan at nakadama ako ng tamis ng tagumpay. Gayunman, nang tanggalin ko ang aking guwantes, napansin ko na isang maliit na piraso ng balat ang naalis sa kamay ko.

Habang iniisip ko ang karanasang ito, napagtanto ko na ang paghawak sa chainsaw, sa isang banda, ay tulad ng pagkapit nang mahigpit sa gabay na bakal. Iniutos sa atin na kumapit nang mahigpit sa gabay na bakal habang nagpapatuloy tayo sa ating buhay. Pero ang pagkapit nang mahigpit dito ay hindi nangangahulugang hindi tayo makararanas ng masasakit na sandali. Nasaktan ko ang aking kamay habang hinahawakan ko ang chainsaw. Sa parehong paraan, tayo ay daranas ng mga pagsubok at paghihirap habang patuloy tayong kumakapit nang mahigpit sa gabay na bakal.

Alam ng Ama sa Langit na ang ating paglalakbay pabalik sa Kanya ay magiging puno ng panganib. Ito ang dahilan kaya ibinigay niya sa atin ang mga banal na kasulatan at ang mga salita ng mga propeta para tulungan tayo. Kapag pinanghahawakan natin ang mga bagay na ito sa panahon ng ating mga pagsubok at paghihirap sa buhay dito sa mundo, balang-araw ay makababalik tayo sa Kanyang piling.

Sa ating pagbalik sa Kanya, matitingnan natin ang ating mga kamay, na kumapit nang mahigpit sa gabay na bakal, na kung minsan ay sa kabila ng ating sakit o paghihirap. At malalaman natin na sa tulong ng Ama sa Langit at ng nagbabayad-salang kapangyarihan ni Jesucristo, kumapit tayo nang mahigpit, sa kabila ng anumang hadlang na kinaharap natin. ■

Jeff Borders, Washington, USA

Anim na Hakbang sa Pagkakaroon ng Trabaho

Ni Bruno Vassel III

Hindi tayo makaaasa sa ating sarili sa aspetong temporal kung kailangan natin ng trabaho at wala tayo nito. Narito ang anim na hakbang para magkaroon ng trabaho.



Kailangan mo ba ng trabaho o ng mas magandang trabaho? May kilala ka bang nangangailangan nito? Ang hamon ngayon sa napakaraming tao na kailangang-kailangan ng trabaho o ng mas magandang trabaho ay hindi sila sigurado kung paano makukuha ang trabahong gusto nila. Itinatanong nila, "Magsusulat ba ako ng résumé, ilalagay ang aking sarili sa internet, o gagawin ang dalawang ito, at paano?" "Ano ang tamang paraan sa pagsagot sa mga tanong na tulad ng 'Ano ang iyong mga kahinaan?' at 'Bakit ikaw ang dapat kong kunin para sa trabahong ito?'"

Ang artikulong ito ay nagbabahagi ng napatunayan nang plano na may anim na hakbang na tungkol sa dapat mong malaman at gawin pagkatapos para makuha ang trabahong ninanais mo. Ang mga hakbang na ito ay nakabatay nang bahagya sa mga resulta ng ginawa kong survey sa mga pagsasagawa ng pagkuha ng mga empleyado ng 760 employer na nagre-recruit sa Brigham Young University. Ang mga hakbang ding ito ay nabuo mula sa impormasyong natanggap ko mula sa mga eksperto sa pagkuha ng empleyado at sa mahigit 30 taong pagbibigay ng pagsasanay tungkol sa pagtatrabaho at pagre-recruit sa libu-libong tao sa mahigit 20 bansa. At sa huli, kami ng asawa ko ay naglingkod kamakailan lang bilang mga senior missionary na inatasan na ipatupad ang Self-Reliance Services sa buong Europa. Ang aming mga karanasan ang nagpatunay sa amin na kailangan ng mga naghahanap ng trabaho ang partikular na tulong na ito. Saan ka man nakatira sa mundo, anuman ang iyong mga kasanayan sa trabaho, o anuman ang posisyon sa trabaho na gusto mong makuha, ang anim na hakbang na ito ay makatutulong sa iyo.

Ang prosesong ito ng pagkuha ng trabahong gusto mo ay maaaring maganap sa loob ng ilang araw o linggo o maging ilang buwan. Pero ang mabuting balita ay epektibo ito. Ang anim na hakbang na ito ay makatutulong sa mga naghahanap ng trabaho sa lahat ng antas na kabilang sa isa sa tatlong kategorya: (1) mga naghahanap ng kanilang unang trabaho, (2) mga gustong lumipat sa ibang trabaho o gustong ma-promote sa kanilang kompanya o organisasyon sa kasalukuyan, at (3) mga nais lumipat sa isang posisyon sa ibang organisasyon.

Hakbang 1. Tukuyin ang partikular na trabaho na nais mo ngayon.

Kailangan mong tukuyin ang isang makatotohanang trabaho na magagawa mo ngayon, na akma sa iyong kasanayan, background, tagumpay, o edukasyon na nauugnay sa iyong trabaho. Kapag nakapagpasiya ka na, isulat ang pangalan ng trabaho. Kung kailangan mo ng tulong, may ilang website na naglilista ng maraming iba't ibang pangalan ng trabaho at mga paglalarawan. Para sa unang hakbang, hindi mo kailangang humanap ng bakanteng trabaho; tukuyin lamang ang uri ng trabaho na akma sa iyong kwalipikasyon at interes.

Ang dalawa sa pinakamalalaking

MGA PAGLALARAWAN NI IKER AYERSTARAN

Kung mayroong ilang pagpipiliang trabaho ang nasa harap mo, ano ang mga susunod na hakbang para makuha ang trabahong tama para sa iyo?

pagkakamaling nagagawa ng mga naghahanap ng trabaho ay ang hindi pagpapasiya kung ano ang partikular na trabahong talagang gusto nila o ang pagkuha ng posisyon na hindi sila kwalipikado. Kung hindi ka sigurado sa partikular na trabaho na dapat mong hanapin o ipagpatuloy, maaaring ang kahinatnan mo ay ang hindi magkaroon ng anumang trabaho. Ang pagsasabi ng tulad ng "Kailangan ko lang ng trabaho, kahit anong trabaho" ay hindi nakatutulong. Ang pagsasabi nito ay hindi nakapagpapabilib sa mga maaaring maging employer at nakasisira sa mga pagsisikap mo na makahanap ng trabaho. Kaya pumili ng isang partikular na trabaho na magagawa mo ngayon, at pagkatapos ay magpokus sa pagkuha ng trabahong iyon.

Hakbang 2. Maghanap ng job description ng trabahong gusto mo.

Ang ginawa kong survey sa 760 na mga employer na nagre-recruit sa Brigham Young University at ang mga taon ng aking karanasan sa trabaho sa maraming bansa ay nagpapakita na ang mga recruiter at mga manager na kumukuha ng mga empleyado ay halos madalas na isinasaalang-alang lamang ang mga kandidato para sa isang partikular na trabaho na mayroong tamang mga kasanayan, karanasan, tagumpay, o edukasyon na nauugnay sa trabahong iyon. Higit na totoo ito para sa mga middle at upper-level na posisyon. Sa maingat na pagsasaalang-alang nila sa mga kandidato, ang mga recruiter na ito ay gumagamit ng outline o listahan na tinatawag na job description para maalaala ang pinakamahahalagang requirement ng bawat bakanteng trabaho. Inihahambing ng taong namumuno sa pagtanggap ng empleyado ang lahat ng kandidato sa partikular na deskripsyon na iyon ng posisyon.

Kailangan mong mahanap ang job description para sa trabahong gusto mo. Makatutulong din ito sa iyo sa pagpapasiya kung ikaw ay tunay na magandang kandidato para sa trabahong iyon. Makatutulong din ito sa iyo na magpasiya kung ano ang dapat at

hindi dapat sabihin tungkol sa iyong sarili sa iyong résumé, sa mga cover letter, at sa mga interbyu sa mga employer. Kadalasan ay inililista ng mga employer ang job description para sa bawat bakanteng trabaho sa kanilang website, sa mga ad sa diyaryo, at sa mga job search website. Maaari ding masabi sa iyo ng mga kasalukuyang empleyado na nakakaalam ng trabaho ang tungkol sa deskripsyon at mga requirement ng bakanteng trabaho.

Ang kailangan mong gawin sa pangalawang hakbang ay hanapin ang partikular na mga requirement na nakalista sa job description na gusto mo. Pagkatapos ay gagamitin mo ang mahalagang impormasyong ito sa ika-3 hanggang ika-6 na hakbang.

Hakbang 3. Tukuyin ang iyong mga kasanayan, karanasan, resulta ng trabaho, at edukasyon na akma sa trabahong napili mo.

Dito mo tutukuyin ang iyong mga personal na kasanayan at mga tagumpay na nauugnay sa trabaho na nagpapakita na ang iyong background ay talagang tugma sa mga kritikal na requirement ng trabahong gusto mo, tulad ng nasa job description na natuklasan mo sa hakbang 2.

Kapag ginawa mo ang listahang ito ng iyong mga kasanayan at tagumpay na nauugnay sa trabaho, maihahambing mo ang iyong background sa trabaho sa mahahalagang kwalipikasyong ipinapakita sa job description na natuklasan mo sa ika-2 hakbang. Kung ang iyong listahan ay nagpapakita na tugmang-tugma ang iyong mga kasanayan sa mga kinakailangan sa trabahong napili mo sa unang hakbang, tumungo na ngayon sa hakbang 4–6. Gayunman, kung ang iyong mga kasanayan at tagumpay na inilista sa hakbang 3 ay hindi masyadong tumugma sa job description na natuklasan mo sa hakbang 2, kailangan mo talagang pag-isipang pumili ng ibang trabaho sa pagkakataong ito, isang trabaho na mas tugma sa iyong mga kasalukuyang kasanayan at kakayahan.

Hakbang 4. Sumulat ng isa o dalawang pahinang résumé na customized o ibinagay sa trabaho.

Ang pangunahing layunin ng iyong résumé, na tinatawag ding curriculum vitae, ay ang makakuha ng interbyu sa recruiter o taong tumatanggap ng empleyado na naghahanap ng taong pupuno sa bakanteng posisyon. Nagagawa ito ng iyong résumé sa pamamagitan ng pagpapakita sa taong tumatanggap ng empleyado na ang iyong mga kasanayan, karanasan, tagumpay, o edukasyong nauugnay sa trabaho ay akma sa sinasabi sa job description ng employer na pinakamahahalagang katangian ng isang perpektong kandidato para sa trabahong iyon.

Ang isinusulat mong résumé para sa bawat bakanteng trabaho ng iba't ibang employer ay *kailangang customized*. Hindi mo kailangang palitan ang

I-customize ang iyong résumé para sa bawat trabaho. Ilista ang mga kasanayan at tagumpay na may kaugnayan sa job description.

magkakatulad na pangunahing impormasyon na isinasama mo sa lahat ng iyong mga résumé, tulad ng iyong employment history, impormasyon hinggil sa mga pinasukan mong paaralan, at ang iyong kasalukuyang contact information. Ang mga detalyeng iyon ay magiging magkatulad sa lahat ng résumé mo. Pero kung nag-a-apply ka ng trabaho sa higit pa sa isang employer, ang bawat employer ay mayroong ilang naiiba o lubos na naiibang job description para sa kanilang trabaho. Kaya kailangan mong piliin kung anong mga kasanayan at tagumpay ang mahalaga para sa bawat job description. Ilagay sa iyong résumé ang maiigsi at malalaman na pahayag na nagsisimula sa isang pandiwang naglalarawan, tulad ng "nagsaliksik," "bumuo," "nakagawa," "nangasiwa," at iba pa.

Halimbawa, kung mayroon kang karanasan sa pagtatrabaho sa sales at maging sa marketing at ikaw ay nag-a-aplay sa dalawang magkaibang trabaho—ang isa ay nakapokus sa sales at ang isa naman ay sa marketing—kung gayon ay gagawa ka ng dalawang résumé, ang isa ay mas nagbabahagi ng iyong mga aktibidad at tagumpay sa sales at ang isa naman ay mas nagbabahagi ng iyong mga aktibidad at tagumpay sa marketing. (Kung wala ka pang masyadong karanasan, bisitahin ang **lds.org/go/71939** para mas malaman pa kung paano gamitin ang karanasan sa iyong paglilingkod sa Simbahan sa iyong résumé.)

Hakbang 5. Maghanap ng mga employer na tumatanggap ngayon ng mga tao para sa trabahong gusto mo.

Palaging mayroong mga trabahong kailangang punan, kahit na sa napakahirap na panahon. Ang mga empleyado ay nagreretiro, nagpapalit ng trabaho, napo-promote o nade-demote, o lumilipat. Palaging mayroong ilang negosyong lumalago at nangangailangan ng mas maraming empleyado. Ang lahat ng sitwasyong ito ay dahilan para magkaroon ng mga bakanteng trabaho na kailangang mapunan ng mga kwalipikadong kandidato. Kung minsan ay nagaganap ito nang paunti-unti at kung minsan ay bumabaha ng mga bakanteng trabahong kailangang mapunan. Kaya huwag panghinaan ng loob kung hindi ka pa nakahahanap ng trabaho. Basta patuloy ka lang maghanap ng trabahong para sa iyo.

Tingnan ang mga website ng mga employer, career websites, mga ad sa diyaryo, at iba pang mga source para sa trabahong gusto mo. Isa rin sa mga pinakamainam na paraan para makahanap ng mga bakanteng trabaho ay sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan o networking—pagkontak sa maraming tao araw-araw, tulad ng mga kapit-bahay at mga miyembro sa ward, pagsasabi sa kanila ng partikular na trabahong hinahanap mo at pagtatanong kung mayroon silang nalalaman na ganoong bakanteng trabaho o kung

Magplano at magsanay sa pagsagot sa mga tanong na maaaring itanong sa iyo sa interbyu sa trabaho.



may kakilala sila na maaaring nakakaalam sa ganoong bakanteng trabaho. Tiyaking ibigay ang iyong contact information sa lahat ng tao sa iyong araw-araw na pakikipag-ugnayan.

Hakbang 6. Pag-aralan ang mabuting pagsagot sa interbyu bago ipadala ang iyong mga résumé sa mga employer.

Bago mo simulan ang pagpadala ng maaayos na résumé sa mga maaaring maging employer, kailangan mo munang matutuhan kung paano sumagot nang maayos sa interbyu. Napakaraming tao ang nagpapadala kaagad ng mga résumé bago maghanda na sumagot nang maayos sa mga interbyu. Ang problema dito ay maaaring anyayahan kaagad ang mga naghahanap ng trabaho para sa isang interbyu. Nasasabik ang mga kandidatong ito, nagpupunta sa interbyu bago pa man maging handa para dito, hindi sila nakasasagot nang maayos, kaya nga hindi nila nakukuha ang trabaho. Kapag nagawa mo na ito, hindi ka na makababalik sa kompanya o sa nag-iinterbyung iyon at humiling ng isa pang interbyu, sinasabi na natutuhan mo na ngayon kung paano sumagot nang tama sa mga tanong!

Ang paraan ng pagsagot mo sa bawat tanong sa interbyu ay napakahalaga para magtagumpay sa pagkuha ng trabahong gusto mo. Bagama't kailangan mong maging lubos na matapat, mayroon pa ring tama at maling paraan ng pagsagot sa bawat tanong sa isang interbyu. Tatanungin ka ng tulad ng mga ito:

- Ano ang iyong mga kalakasan at ang iyong mga kahinaan?
- Ano ang naging problema mo sa nakaraan mong trabaho na masosolusyunan mo na ngayon?
- Magkano ang inaasahan mong sahod?
- Ano ang nais mong maging pagkatapos ng limang taon?

Bilang kandidato, ang sagot na ibibigay mo sa bawat tanong sa iyo ay kailangang paghandaan at planuhin nang maaga. Maaaring hindi mo makuha ang trabaho dahil lamang sa isang hindi magandang sagot. Pagtuunan sa iyong mga sagot ang maiikling isa hanggang dalawang minutong halimbawa na nagpapakita ng iyong background, mga kasanayan, at mga tagumpay na tugma sa job description. Saliksikin ang organisasyon bago ang unang interbyu para maiangkop mo ang iyong mga sagot sa kanilang mga pangangailangan.

Sa katapusan ng karamihang interbyu, magkakaroon ka ng pagkakataong tanungin ang employer ng ilang tanong. Ang pinakamagandang maitatanong mo ay tungkol sa bakanteng trabaho. "Ano ang kailangang maisagawa o mabago sa trabahong ito?" Makatutulong ito sa iyo sa mga interbyu sa hinaharap kung ikaw ay pababalikin. Sa pangkalahatan ay maaari mong ipagpaliban ang mga tanong tungkol sa layunin ng organisasyon, kultura sa pagtatrabaho, sweldo (maliban na lang kung tinanong ka tungkol dito), haba ng oras ng pagtatrabaho, at mga benepisyo para sa mga interbyu sa hinaharap.

Ngayon ay alam mo na ang anim na hakbang sa pagkuha sa trabahong gusto mo. Hindi ka makakaasa sa iyong sarili sa aspetong temporal kung kailangan mo ng trabaho at wala ka nito. Kung kailangan mo ng trabaho, ng mas mabuting trabaho, o may kilala kang nangangailangan ng trabaho, mangyaring gamitin o ibahagi ang mabisa at napatunayan nang mga kasangkapan sa paghahanap ng trabaho na ito. Gumagana ang mga ito! Pagpalain ka nawa ng Panginoon sa mga pagsisikap mong makuha ang trabahong gusto mo. ■

Ang awtor ay naninirahan ngayon sa Utah, USA.

MGA RESOURCE NG SIMBAHAN NA MAKATUTULONG SA PAGHAHANAP MO NG TRABAHO

Pag-isipang sumali sa kurso sa pag-asa sa sarili na "Maghanap ng Mas Mabuting Trabaho" sa inyong ward o stake. Itanong sa iyong bishop o branch president kung ang iyong ward o branch ay mayroong self-reliance o employment specialist.

Bisitahin ang **lds.org/go/719** para makahanap ng mga video tungkol sa pag-iinterbyu, pakikipag-ugnayan, pagsulat ng résumé, at marami pang iba.

ANG MALUWAL-HATING PAG-KAKATAON NA MAGTRABAHO

"Ang pagtatrabaho ay panlaban sa alalahanin, gamot sa pagdurusa, at nagsisilbing daan sa mga posibleng mangyari. Anuman ang ating mga kalagayan sa buhay, . . . gawin natin ang pinakamahusay nating magagawa at lumikha ng reputasyon sa pagiging mahusay sa lahat ng ating gawain. Ituon natin ang ating isipan at katawan sa napakagandang oportunidad na makapagtrabaho sa bawat araw na dumarating."

Elder Dieter F. Uchtdorf ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Dalawang Alituntunin Para sa Alinmang Pamumuhay," *Liahona,* Nob. 2009, 56.

LARAWAN NG ISANG KLASE NG PAG-ASA SA SARILI NI CELIA JEFFERY

Hindi Niya Malilimutan ang Iyong Ginawa

Ilang buwan na ang nakalilipas ay nagkaroon ako ng panaginip kung saan, habang nakaupo sa simbahan sa huling hanay gaya ng nakasanayan, at walang instensiyon na makibahagi, nagbago ang aking pangitain. Nakita ko na nakakalat sa kongregasyon ang iba pang mga returned missionary na umuwi nang maaga. Lumago sa aking puso ang pagnanais na tulungan sila habang tumitingin ako sa paligid. Alam ko na ang pagbabahagi ng aking mga karanasan ay maaaring maging isang paraan para makapaglingkod sa kanila at makatulong sa kanila na magpatuloy sa landas ng tipan sa kabila ng tila isang lubak sa kanilang daan.

Sa pamamagitan ng panaginip na ito, ipinaalam sa akin ng Ama sa Langit na nagmamalasakit Siya. Nalulugod Siya sa matwid na paglilingkod na ginawa natin bilang mga missionary, gaano man katagal ang ating full-time na paglilingkod. "Sapagka't ang Dios ay hindi liko upang limutin ang inyong gawa at ang pagibig na inyong ipinakita sa kaniyang pangalan" (Sa Mga Hebreo 6:10). Sa aking artikulo (tingnan sa pahina 47), ibinahagi ko ang isang kuwento sa banal na kasulatan at ang mga karanasan ng ilang returned missionary na umuwi nang maaga na makatutulong sa iyo sa paglalakbay mo sa hindi inaasahan at mahirap na landas na ito. Gustung-gusto ko rin kung paano ginamit ni Alex ang kuwento sa Aklat ni Mormon para tulungan tayong makita na kahit para sa mga umuwi nang maaga dahil sa mga isyu ng pagiging marapat, mayroon pa ring pag-asa (tingnan sa pahina 44).

Sa mga artikulo na digital lamang, mababasa mo kung paano binago ni Emily ang mga nadaramang pagkabahala, takot, at kawalan ng pag-asa na naranasan niya para magkaroon ng personal at banal na kagalakan. At si Kevin, na isang propesyonal na tagapayo, ay nagbigay ng mga mungkahi kung paano masusuportahan ng mga mahal sa buhay ang mga nahihirapan dahil sa maagang pag-uwi.

Ang ginagawa natin kapag nakauwi na tayo ay mas mahalaga kaysa sa dahilan ng pag-uwi natin. Sa tulong ng Tagapagligtas, tayo ay gagaling, uunlad, at patuloy na magkakaroon ng kagalakan sa ating walang hanggang paglalakbay.

Tapat na sumasainyo,
Liahona Ficquet

MGA YOUNG ADULT

PINAKAMAINAM NA PAYO . . .

Nagbahagi ang mga young adult ng kanilang pinakamainam na payo tungkol sa pag-uwi nang maaga mula sa iyong mission:

"Tandaan na magiging OK o maayos ang lahat. Ibinigay sa akin ang payong ito: mahirap ito hanggang sa magpasiya ka na ito ay hindi mahirap. Mapipili mo kung anong klaseng hinaharap ang darating sa iyo."
—Nathaniel Park, Western Australia, Australia

"Hindi kailangang ito ang magpasiya kung sino ka."
—Elena Kingsley, Utah, USA

"Anuman ang mga sitwasyon, subukang magkaroon ng bagong routine o gagawin para sa iyong sarili, para muling makaagapay sa takbo ng buhay."
—Rosa-Lynn Ruiter, Netherlands

"Ang pagtatapos ng isang mission ay ang simula ng isang bagong mission. Hanapin ang panibagong mission na iyan!"
—Roberto Alfonso Martinez IV, Utah, USA

"Mahal ka ng Diyos at may plano Siya para sa iyong buhay. Manatiling sumasampalataya!"
—Rebecca Stockton, Arizona, USA

*Ano ang pinakamainam na payong natanggap mo tungkol sa kasal? Ipadala sa amin ang iyong sagot sa **liahona.lds.org** bago sumapit ang Hulyo 31, 2019.*

MGA LARAWANG KUHA NG GETTY IMAGES

TUNGKOL SA MGA AWTOR NA YOUNG ADULT

Si Alex Hugie ay mula sa Oregon, USA. Nagtapos siya sa Brigham Young University na may bachelor's degree sa English. May partikular na interes siya sa pag-aaral ng literaturang pang-young adult, pagsulat ng nakakatawang maiikling kuwento at nobela, at pag-inom ng gatas.

Si **Liahona Ficquet** ay mula sa Southern France. Mahilig siyang mag-aral at magtrabaho sa bahay kasama ng kanyang ama. Nasisiyahan din siya sa pag-aaral sa medical field at nagnanais na magtrabaho para sa kalusugan ng kababaihan. Sa kasalukuyan, isinasalin niya sa French ang isang aklat na isinulat ng at para sa mga returned missionary na umuwi nang maaga.

Si **Emily Warner** ay lumaki sa hilagang Idaho, USA, na nananatiling paborito niyang lugar dito sa mundo. Nag-aral siya ng accounting sa Brigham Young University at mahilig siyang mag-hiking, kumuha ng litrato, at maglakbay sa iba't ibang bahagi ng mundo kasama ng kanyang asawa.

IBAHAGI ANG IYONG KUWENTO

May kamangha-manghang kuwento ka bang nais ibahagi? O may mga artikulo ka bang nais makita tungkol sa ilang paksa? Kung gayon, nais naming makarinig mula sa iyo! Maaari mong ipadala ang iyong kuwento o feedback sa **liahona.lds.org.**

SA BAHAGING ITO

44 **Kung Maagang Natapos ang Mission Mo, Huwag Kang Sumuko***
Ni Alex Hugie

47 **Mga Missionary na Umuwi nang Maaga: Hindi Kayo Nag-iisa ***
Ni Liahona Ficquet

* Ang artikulong ito ay may karagdagang bonus na nilalaman sa digital na bersyon.

DIGITAL LAMANG

Pagsuporta sa mga Returned Missionary na Umuwi nang Maaga
Ni Kevin Theriot

Pagkakaroon ng Kagalakan sa Pamamagitan ni Cristo sa Kabila ng Pag-uwi nang Maaga mula sa Aking Misyon
Ni Emily Warner

Hanapin ang mga artikulong ito at iba pa:

- Sa **liahona.lds.org**
- Sa **Lingguhang YA** (sa ilalim ng bahaging Young Adults sa Gospel Library app)
- Sa **facebook.com/liahona**

Kung Maagang Natapos ang Mission Mo, Huwag Kang Sumuko

Ang iyong halaga ay hindi nabawasan dahil sa pag-uwi nang maaga mula sa iyong mission.

Ni Alex Hugie

Kung binabasa mo ito, marahil ay alam mo na kung gaano kahirap umuwi nang maaga mula sa misyon. Ang mga young adult na naglilingkod ay maaaring makaranas ng pisikal na sakit, problema sa pag-iisip, hindi inaasahang pangyayari sa lugar na pinaglilingkuran, problema sa pagkamarapat, matinding hindi pakikipagkasundo sa iba, o hindi pagsunod sa mga patakaran ng mission, na nagdudulot sa kanila na iwan ang kanilang mission bago ang inaasahan nilang petsa ng pag-uwi.

Anuman ang dahilan, hindi nais ng Diyos na magdulot ang mga pagsubok na ito ng permanenteng negatibong epekto sa espirituwal na pag-unlad ng Kanyang mga anak. Kaya paano matagumpay na uunlad ang mga missionary na umuwi nang maaga mula sa napakahirap na pagbabagong tulad nito? At paano makakatulong ang mga magulang, mga lider ng Simbahan, at mga mahal sa buhay?

Isang Missionary sa Aklat ni Mormon

Isang kuwento mula sa aklat ni Alma ang nagbibigay sa atin ng nakakatulong na halimbawa. Pinangasiwaan ng Nephitang propetang si Alma ang misyon sa masasamang Zoramita, kasama ang marami pang ibang pinagkakatiwalaang indibiduwal. Ang isa sa mga indibiduwal na ito, ang kanyang anak na si Coriaton, ay "[tumalikod sa] ministeryo, at nagtungo sa lupain ng Siron sa mga hangganan ng mga Lamanita sa pagsunod sa patutot na si Isabel" (Alma 39:3). Dahil dito, masidhing pinagsabihan ni Alma si Corianton at sinabihan siyang magsisi, ipinapaliwanag na, "hindi ko tutukuyin ang iyong mabibigat na kasalanan upang saktan ang iyong kaluluwa, kung ito ay hindi para sa iyong ikabubuti" (Alma 39:7).

Mapagpakumbabang tinanggap ni Corianton ang pagwawasto ng kanyang ama, nagsisi sa kanyang mga kasalanan, at bumalik upang maglingkod bilang isang missionary sa mga Zoramita para "ipahayag ang salita nang may katotohanan at kahinahunan" (Alma 42:31). Ipinagpatuloy sa talang ito na matapos makausap ni Alma ang kanyang mga anak na lalaki, "ang mga anak ni Alma [kapwa sina Shiblon at Corianton] ay humayo sa mga tao, upang ipahayag ang salita sa kanila" (Alma 43:1).

Pagbalik nang May Potensyal

Ano ang natutuhan natin mula sa kuwentong ito? Una, ang isang missionary na umuwi nang maaga—kahit na dahil sa mga dahilang maaaring

PAGLALARAWAN NI DAVID GREEN

maiwasan—ay makakagawa pa rin ng mga dakilang bagay. Maaaring nakagawa ng malalaking kasalanan si Corianton, subalit nagpatuloy pa rin siya upang tuparin ang isang dakilang gawain. Gayundin, maging ang mga missionary na umuwi nang maaga dahil sa kanilang sariling mga gawa ay hindi dapat makaramdam na tila winasak na nila ang kanilang espirituwal na potensyal. Natuto si Corianton mula sa kanyang mga pagkakamali at kalaunan ay itinatag ang kaharian ng Diyos sa kamangha-manghang mga paraan, at ang gayunding kakayahan ay taglay ng lahat gaano man nila nadarama na nabigo sila.

Pangalawa, natutuhan natin ang mahalagang tungkuling ginagampanan ng iba sa espirituwal na paggaling ng isang missionary na umuwi nang maaga. Si Alma—ang ama at priesthood lider ni Corianton—ay nagbigay ng payo kay Corianton nang may katalasan datapwat may tiwala rin sa kanyang kakayahang makamtan pa rin ang kanyang espirituwal na potensyal. Tulad ng nangyari kay Corianton, ang mga bunga ng hindi pagsunod sa mission ay tiyak na darating, subalit ang anumang disiplina ay dapat samahan ng pagmamahal, pagpapatawad, at awa (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:41–44).

Pagbabalik upang Maghilom

Ang ganitong mensahe ng pag-asa para sa mga missionary na umuwi nang maaga ay inuulit ngayon. Kung minsan ay nakadarama ng panghihinayang si Marshall, na umuwi nang maaga dahil sa mga hamon hinggil sa pisikal at sa pangkaisipang kalusugan, dahil sa mga problema sa kalusugan at personal na mga kahinaan na humadlang sa kanya mula sa pagiging isang lubos na epektibong missionary. Gayunpaman, nadarama niyang naging kapaki-pakinabang ang kanyang paglilingkod.

"Bilang mga missionary, hindi kami perpekto," sabi ni Marshall. "Natutukso pa rin kami; maaari pa rin kaming magkasala. Subalit marahil ay nais ni Satanas na pagtuunan ninyo ng pansin ang inyong mga kahinaan—upang madama ninyong hindi tinatanggap ng Panginoon ang inyong handog dahil sa mga pagkakataong hindi kayo ang pinakamahusay na missionary."

Naniniwala si Marshall na nais ng Panginoon na malaman ng mga missionary na nasisiyahan Siya sa paglilingkod na inihahandog nila, kahit na kapag ang paglilingkod na iyon ay hindi perpektong naibigay dahil sa pagpili o sitwasyon.

Natutuhan ni Marshall na makayanan ang karanasang ito at maghilom sa pamamagitan ng paggawa sa lahat ng kanyang makakaya upang manatiling malapit sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

Pagbabalik upang Magsisi

Isa pang missionary, na naglingkod sa Colorado, USA, ang napauwi mula sa kanyang mission dahil sa mga kadahilanan hinggil sa disiplina at natiwalag mula sa Simbahan, subalit kalaunan ay nabinyagang muli. "Mahirap ang pag-uwi," sabi niya. "Nadama kong ako ay naliligaw at walang-saysay. Kung minsan, ang pinakamahirap na bahagi ng pag-uwi ay ang [paghahanap ng] motibasyong magpatuloy sa pagsisimba, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, at pagdarasal. Ang mga



simpleng bagay ang pinakamahihirap."

Subalit nakahanap siya ng lakas sa pamamagitan ng suporta ng mga kaibigan at pamilya at sa pagsisikap na magsisi.

"Ang pagtatakda ng mga mithiin, pakikipagkita sa aking bishop, at pagpunta sa templo nang karapat-dapat ako ay nakatulong sa akin na maging mas malapit sa aking Ama sa Langit," dagdag pa niya. "Naaalala ko ang mga panahon na hindi ko magawang makipagkita sa aking bishop o matupad ang ilang mga mithiin; ang kaaway ay palaging naroon, tinutukso ako."

Ang kanyang pagbangon ay naging posible sa pamamagitan ng "palaging pag-alala na mayroon akong isang Ama sa Langit na nagmamahal sa akin at nagnanais na maging masaya ako. Sa pagkakaroon natin ng patotoo tungkol sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at sa pagsisisi, magagawa nating palaging mas makalapit sa Diyos nang hindi alintana kung gaano man tayo kalayo sa Kanya sa palagay natin.

"Kapag binabalikan ko ang alaala ng aking mission," pagpapatuloy niya, tinutukoy ang mga buwang naglingkod siya bago ang mga pangyayaring nagdulot sa pagpapauwi sa kanya, "Nadarama ko pa ring isa iyon sa mga naging pinakamagandang karanasan ko. Marami akong natutuhan, at kahit na hindi ito natapos ayon sa ipinlano ko, nakasaksi pa rin ako ng mga buhay na nagbago dahil sa ebanghelyo. Nakagawa ako ng ilang pagkakamali, pero higit na lumago ang aking patotoo nang sikapin kong magsisi at magpatuloy sa pag-unlad sa espirituwal."

Nais Niyang malaman ng ibang umuwi nang maaga dahil sa kanilang mga pagpili na "hindi pa huli ang lahat at may pag-asa pa. Ang pag-uwi ay unang hakbang tungo sa pagsisisi. Kapag napagdaanan mo na ang prosesong ito ng pagsisisi, marami kang matatanggap. Ang mabigat na pasaning iyan ay pagagaanin. Wala nang mas magandang pakiramdam kaysa sa kaalamang sinusunod mo ang mga kautusan ng Diyos."

Pagmamahal sa mga Umuwi nang Maaga

Binigyang-diin ng dalawang missionary na ito na umuwi nang maaga kung gaano kahalaga para sa mga kaibigan at pamilya ng mga missionary na umuwi nang maaga na mahalin at tulungan sila.

"Bigyan sila ng kalayaan," sabi ni Marshall. "Pero tiyaking malapit ka lamang, dahil maaaring medyo nakakapanghina ng loob ang karanasang ito. Maging kaibigan nila." Sa pamamagitan ng pakikinig sa Espiritu, maaari nating matukoy ang kanilang mga pangangailangan at malaman kung kailan tutulong at kung kailan rerespetuhin ang kanilang privacy.

"Mahalin lamang sila," dagdag ng missionary na naglingkod sa Colorado. "Hikayatin silang palaging alalahanin ang nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo."

Kung paano tratuhin ng iba ang mga missionary na umuwi nang maaga ay makakatulong sa pagpapasiya kung mararamdaman nila na hinuhusgahan sila kaya mahihiya at lalayo sila sa Simbahan o kung magpapatuloy sila sa paglago nang may pananampalataya. Kung gayon ay mahalagang tanggapin at suportahan sila nang hindi hinuhusgahan.

Tulad ni Corianton, ang mga missionary na umuwi nang maaga ay may potensyal na bumangon mula sa kanilang kasalukuyang mahinang kondisyon tungo sa pagiging makapangyarihang mga instrumento ng Panginoon.

Paghahanap ng Pag-asa sa Plano ng Diyos

Naghandog si Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol ng ilang salitang mapag-alo sa mga missionary na umuwi nang maaga. "Kapag may nagtanong kung naglingkod kayo sa isang mission, sabihin ninyong oo," sabi niya. ". . . Pahalagahan ang paglilingkod na ibinigay ninyo. Magpasalamat para sa pagkakataon na magpatotoo, na maglingkod sa pangalan ng Panginoon, na magsuot ng name tag ng missionary. . . . Pakiusap, mangyaring huwag na itong alalahaning muli; huwag isiping kayo ay kabiguan o hindi karapat-dapat."[1]

Para sa mga umuwi nang maaga bilang resulta ng kasalanan, tandaan ang mga salitang ito mula kay Sister Joy D. Jones, Primary General President: "Kung nagkasala tayo, hindi tayo gaanong karapat-dapat, ngunit hindi kailanman nababawasan ang ating halaga!"[2] Ipinahayag niya na tutulungan tayo ng Diyos na magkaroon ng tiwala sa ating mga sarili sa pinakamahihirap na sitwasyon kung babaling tayo sa Kanya.

Ang mensahe mula sa Aklat ni Mormon, mula sa mga missionary na umuwi nang maaga sa panahon ngayon, at mula sa mga lider ng Simbahan ay pare-pareho: Huwag mawawalan ng pag-asa, sapagkat ang Diyos ay may mga plano pa rin para sa inyo na mas dakila kaysa sa kaya ninyong mawari. Para sa mga mahal sa buhay ng mga missionary na ito, ang tugon ninyo sa kanilang pag-uwi ay makakagawa ng malaking kaibhan sa pagtulong sa kanilang maghilom at maabot ang kanilang potensyal. Alalahanin na kayang pagalingin ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang lahat ng sugat—kabilang ang mga yaong kaakibat ng pag-uwi nang maaga mula sa misyon. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

Makakahanap ka ng listahan ng mga resource para sa mga potensyal na missionary at mga missionary na umuwi nang maaga sa digital na bersyon ng artikulong ito sa liahona.lds.org o sa Gospel Library app.

MGA TALA

1. Jeffrey R. Holland, "Elder Holland's Counsel for Early Returned Missionaries" (video), lds.org/media-library.
2. Joy D. Jones, "Halagang Hindi Masusukat," *Liahona,* Nob. 2017, 14.

Ibinahagi ng mga young adult kung paano sila nakahanap ng kahulugan at kapayapaan pagkatapos umuwi nang maaga mula sa kanilang mga misyon at kung paano mo rin magagawa iyon.

Mga Missionary na Umuwi nang Maaga: **Hindi Kayo Nag-iisa**

Ni Liahona Ficquet

Ang hukbo ng mga full-time missionary na nagsisikap na tuparin ang kanilang tungkuling "imbitahin ang iba na lumapit kay Cristo"[1] ay nagdadala ng "malaking pag-asa at labis na kagalakan" (Alma 56:17) sa marami. Ang mga missionary na iyon, tulad ng mga kabataang mandirigma sa Aklat ni Mormon, ay lumalaban bawat araw nang may gayong "kahiwagang lakas; at lakip ang gayong makapangyarihang lakas" (Alma 56:56).

Subalit kahit sa 2,060 kabataang mandirigma, mayroon pa ring 200 na "nawalan ng malay-tao dahil sa kawalan ng dugo" (Alma 57:25). Nabawasan ba ang kanilang kagitingan dahil dito? Nabawasan ang lakas? Nabawasan ang tapang? Nabawasan ang pagkamarapat kaysa sa iba? Hindi ni katiting.

Katulad nila, kayong mga missionary na umuwi nang maaga dahil sa kadahilanang nauugnay sa pangkaisipan o pisikal na kalusugan ay *hindi* nabawasan ng kagitingan, lakas, tapang, o pagkamarapat. Ang inyong pagsisikap sa gitna ng inyong mga pagsubok ay—at nararapat na maging—kagila-gilalas. Kayo ay naligtas—maaaring nasugatan nang matindi, subalit naligtas. Ang inyong mga sugat, maging pisikal, pangkaisipan, o espirituwal man, ay kailangan na ngayong gamutin (tingnan sa Alma 57:28). Para sa mga yaong umuwi dahil sa mga kadahilanang may kinalaman sa pagkamarapat, ang pagsisisi ay

LARAWANG KUHA NI TIFFANY MYLOAN TONG

magiging mahalagang bahagi ng inyong paggaling.

Habang kayo ay nag-a-adjust sa pag-uwi, tiyaking binibigyan ninyo ng oras ang inyong sarili upang maghilom at tandaang palaging magtiwala sa Diyos (tingnan sa Alma 57:27). Ipinaalala Niya sa atin: "Kapag ako ay nagbigay ng kautusan sa sinuman sa mga anak na lalaki [o babae] ng tao na gumawa ng gawain sa aking pangalan"—halimbawa, ang paglilingkod ng mission—"yaong mga anak na lalaki [at babae] ng tao ay gaganap nang buo nilang lakas at sa lahat ng mayroon sila upang magampanan ang gawaing yaon, at hindi tumitigil sa kanilang pagsisigasig, at ang kanilang mga kaaway"—sa ilang pagkakataon, ang ating mga pisikal na sakit o sakit sa pag-iisip o iba pang karamdaman—"ay sumapit sa kanila at hinadlangan silang magampanan ang gawaing yaon, masdan, mamarapatin ko na huwag nang hingin ang gawaing yaon sa [kanilang] mga kamay . . . , kundi tatanggapin ang kanilang mga handog" (Doktrina at mga Tipan 124:49).

Anumang sugat ang inyong natamo—o naramdaman muli—sa labanan, basta't naglingkod kayo nang karapat-dapat o nagsisi nang lubos, ang inyong kontribusyon ay kinakailangan at tinatanggap ng Panginoon.

Ang pagbasa sa sumusunod na mga kuwento ay maaaring makatulong sa inyong makahanap ng paghilom sa pamamagitan ng pag-alam na hindi kayo nag-iisa at na ang pagbabahagi ng inyong kuwento ay maaaring makatulong sa iba.

Unawaing NADAMA NA NG TAGAPAGLIGTAS ANG SAKIT NA NADARAMA NINYO

Sa biyahe sakay ng eroplano patungo sa aking mission, naisip ko kung ano kaya ang mangyayari kapag natapos ko na ang aking misyon at nakauwi na ako. Magsisigawan sa tuwa at yayakapin ako ng aking pamilya at mga kaibigan, at mamumuhay ako nang payapa, tinatamasa ang bawat pagpapalang kaakibat ng pagiging marangal na returned missionary.

Pagkalipas ng labing-isang buwan, sa biyahe sakay ng eroplano pauwi, ang bawat sandali ay ginugol sa pagkabalisa sa pag-iisip hinggil sa kung ano ang kasunod na mangyayari. Ang aking pamilya ay naghihintay, at bagama't nagsigawan sila sa tuwa at niyakap ako, bago ko namalayan, nag-iisa na ako nang walang ideya tungkol sa aking hinaharap.

Nakita ng Tagapagligtas ang mahihirap na panahon sa aking buhay. Alam Niya kung ano ang nadama ko habang nakahiga sa kama sa loob ng tatlong linggo nang umiiyak at natutulog para maiwasan ang sitwasyong kinalalagyan ko. Alam Niyang kakailanganin ko ang Kanyang lakas dahil walang sinuman sa mga nakapalibot sa akin ang makakaunawa o makakaramdam kung ano ang pinagdaraanan ko. Ngunit nagawa Niya. Hindi ko makakayanan ang aking misyon o ang pag-uwi nang maaga nang wala Siya.

Ali Boaza, Queensland, Australia

HUWAG MAG-AKSAYA NG ORAS *sa Pag-iisip Kung Bakit*

Ang ideya ng pag-uwi nang maaga ay nakapanlulumo. Nang iminungkahi ito ng tagapayo, nakadama ako ng komplikado at halu-halong emosyon: Kahihiyan. Kaginhawahan. Kurot sa budhi. Kapayapaan. Pighati. Lahat nang sabay-sabay.

Alam kong sinusuportahan ako ng Diyos dahil kahit papaano ay nalampasan ko ang aking unang linggo ng pag-uwi. At pagkatapos ay nalampasan ko ang isa pang linggo. At ang isa pa. Hanggang sa madama ko sa wakas na nagbalik na ang dating ako. Ang aking tatay ang naging pinakamalaking suporta ko at tunay niya akong pinatnubayan. Palagi niyang gustong makipag-usap at pag-ukulan ako ng oras. Hindi para usisain kung ano ang "nangyaring masama," kundi para lamang kumustahin ako.

Nang pumanaw ang aking tatay sa isang aksidente sa rock climbing pagkalipas ng ilang buwan, nalaman ko nang walang pagdududa na may plano ang Diyos para sa akin. Ang makasama ang aking tatay sa huling mga buwan ng kanyang buhay ay nagpatibay sa aking patotoo sa plano ng kaligtasan. Hindi ko pa rin nauunawaan ang lahat ng dahilan kung bakit kinailangan kong umuwi noong nangyari iyon, pero natutuhan ko rin na kung gugugol ka ng maraming oras sa pagtataka kung bakit, hindi mo mapapansin ang kahanga-hangang mga himala na ibinibigay sa iyo ng Diyos araw-araw.

Kristen Watabe, Ohio, USA

MGA LARAWANG KUHA NG GETTY IMAGES

Maging Handang SUNDIN ANG KALOOBAN NG PANGINOON

Maayos ang lahat ng bagay sa aking mission. Nagkaroon ako ng kamangha-manghang mga karanasan na mananatili sa puso ko magpakailanman. Gayunman, pagkatapos ng walong buwan, nagsimula akong magkaroon ng mga problema sa kalusugan. Matapos ang maraming pag-aayuno at pagdarasal, pinauwi ako. Nanlumo ako. Naisip kong kasalanan ko ang lahat ng iyon. Tumigil ako sa pagbabasa ng aking mga banal na kasulatan at sa madalas na pagdarasal. Inisip ko kung hindi ko ba nagawa ang lahat ng bagay na magagawa ko para manatili.

Subalit napagtanto ko na ako ay sinusubukan para makita kung mananatili akong tapat sa Panginoon. Napakahirap nito, pero nagtiwala ako sa Kanya, at bumalik ako sa mission field, kung saan muli akong nagkaroon ng kamangha-manghang mga karanasan.

Pagkatapos, bumalik ang aking mga problema sa kalusugan. Subalit sa pagkakataong ito ay mas handa na akong sundin ang kalooban ng Ama sa Langit. Kaya umuwi ako sa pangalawang pagkakataon. Mahirap ito, pero alam kong matututo ako mula sa lahat ng bagay na pinagdaanan ko.

Bagama't hindi ako naglingkod sa loob ng 24 buwan, alam kong naglingkod ako ng isang marangal na misyon. Alam ko na ang oras na naglingkod ako sa Panginoon ay makabuluhan para sa akin at sa mga taong tinulungan ko. Nagpapasalamat ako sa aking Tagapagligtas para sa Kanyang walang-hanggang Pagbabayad-sala. Alam Niya ang lahat ng hamon sa ating buhay. At kung aasa tayo sa Kanya nang may buong katiyakan, hindi tayo mag-iisa kailanman.

Fillipe Hoffman, Goiás, Brazil

PALIBUTAN ANG IYONG SARILI *ng Kabutihan*

Hindi ko kailanman naisip na uuwi ako nang maaga mula sa aking misyon, at nahihiya at kinakabahan akong harapin ang lahat ng tao. Bagama't isa ito sa mga pinakamahirap na bahagi ng aking buhay, lumago rin ako mula sa karanasang ito. Hinubog ako nito upang maging mas mabuting tao.

Umuwi ako para dumaan sa proseso ng pagsisisi. Ang ilan sa mga pagpiling ginawa ko bago ang aking mission ay hindi naaayon sa mga turo at mga kautusan ng ebanghelyo. Dahil sa aking kahihiyan at paghahangad na mapanatili ang aking katayuan sa Simbahan, hindi ako dumaan sa proseso ng pagsisisi kasama ng aking bishop bago magsimula ang aking misyon. Subalit sa unang ilang buwan, nadama kong kinakailangan kong umuwi para magsisi upang makapaglingkod ako nang may karangalan at integridad.

Ang mga bagay na talagang naghikayat sa akin noong umuwi ako ay ang pakikibahagi sa mga gawaing nakapagpapataas ng espirituwalidad, kabilang ang mga miting sa Simbahan, mga proyekto ng paglilingkod, at ang templo, noong maaari ko nang gawin iyon. Gayunman, ang pinaka-nakatulong sa akin ay ang mga taong nakapalibot sa akin—pamilya, ilang kaibigan, at maging ang mga taong hindi ko pa nakilala dati ay nagpakita sa akin ng pagmamahal at kabaitan.

Sa kabuuan, sa tulong ng Panginoon at sa mga halimbawang katulad ni Cristo na nakapalibot sa akin, nagawa kong bumalik sa Florida para tapusin ang aking misyon. Umaasa akong sisikapin nating lahat na maging katulad ni Cristo sa ibang mga tao, umuwi man sila nang maaga mula sa kanilang misyon o kahit na nangangailangan lamang.

Caigen Stuart, Utah, USA

Ang pangakong matatagpuan sa iyong missionary call letter, na ibinigay sa iyo noong nagpasiya kang makibahagi sa gawaing ito, ay matutupad: "Pagpapalain ka ng Panginoon para sa iyong matuwid na pamumuhay at tapat na paglilingkod." Sa pamamagitan ng pag-aasikaso at pag-aalaga, ang iyong mga sugat ay maaaring mapagaling at maging paraan para makatulong ka sa iba na lumapit kay Cristo. Iyon, pagkatapos ng lahat, ang tungkulin ng mga missionary. ■

Ang awtor, na mula sa France, ay nag-aaral sa Utah, USA.

Maghanap ng iba pang mga kuwento mula sa mga missionary na umuwi nang maaga sa buong bersyon ng artikulong ito sa liahona.lds.org o sa Gospel Library app.

TALA

1. "Ano ang Layuning Ko Bilang Misyonero?" *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero,* binagong edisyon (2018), lds.org/manual/missionary.

Ako ay naglalaro ng volleyball, nagta-track and field, at nagbabasa nang madalas.

Kung maaari kong gugulin ang isang araw sa isang bagay na gusto kong gawin, marahil ay pupunta ako sa dalampasigan.

Ipinanganak ako sa Chicago, Illinois, subalit lumipat sa Nauvoo noong nasa bahay ampunan ako. Hindi ko na masyadong maalala ang aking buhay bago ako napunta sa bahay ampunan, subalit natatandaan kong nadarama ko na hindi ako ligtas. Noong napunta ako sa bahay ampunan, nakadama ako ng kaligtasan. Nagustuhan ko ang pagkakaroon ng ebanghelyo sa aking buhay. Ang ilan sa aking mga kaibigan ay napasok sa ilang nakakatakot na sitwasyon dahil hindi sila sumusunod sa ating mga pamantayan. Alam ko na ang pagsunod sa mga kautusan ay nagpapanatili sa akin na ligtas.

Masayang karanasan ang pagkahanap ko sa aking pamilya. Ang aking ina ay pumunta sa paaralang pinapasukan ko dahil tumutulong siya bilang kahaliling guro. Nakipaglaro siya sa akin, at sinabi niya sa isa sa mga guro na gusto niya akong isama pauwi dahil napakaganda ko raw na bata. Sabi ng guro, "Pinaaampon siya, kaya baka maaari mo nga siyang isama pauwi!" Nagtanong ang aking ina tungkol sa proseso ng pag-aampon at inampon niya ako at ang aking dalawang kapatid na lalaki. Masaya ito dahil alam ko kung paano mabuhay nang walang pamilya, at dahil dito ay naging mas espesyal ang pagkakaroon ng pamilya.

Lily S., 14, Illinois, USA

MGA KABATAAN

LARAWANG KUHA NI CHRISTINA SMITH

SA BAHAGING ITO

52 **Mag-aral, Magbasa, Magrebyu, Manalangin. Ulitin.**
Ni Mario Días Alonso

54 **Ang Aking Pinakamasayang Araw sa Trabaho!**
Ni Elder Joni L. Koch

56 **Mga Aral mula sa Bagong Tipan: Ang mga Apostol ay mga Saksi ni Cristo—at Maaari Kang Maging Tulad Nila!**
Ni Heather White Claridge

58 **"Kailangan Ninyong Umalis sa Lugar na Ito"**
Ni Sergio Riquelme Segura

61 **Poster: Paunti-unting Lumalago ang Pananampalataya**

62 **Liham Mula sa Isang Mapagmahal na Kuya**
Ni Merilee S. B. Averett

64 **Ang Huling Salita: Ano ang Matatagpuan Mo sa Aklat ni Mormon?**
Ni Elder Gary E Stevenson

MAG-ARAL, MAGBASA, MAGREBYU, MANALANGIN. *Ulitin.*

Ni Mario Días Alonso

Sa Chile, para makapasok ka sa kolehiyo, kailangan mong kumuha ng university placement test. Gusto kong mag-aral ng pag-iinhinyero sa isang unibersidad na malayo sa lugar kung saan ako nakatira. Magiging napakamahal nito, kaya ang mithiin ko ay makuha ang pinakamataas na posibleng puntos sa placement test upang makatanggap ako ng scholarship para sa mataas na puntos sa pagsusulit.

Alam ko kung saan ko gustong mag-aral at kung ano ang gusto kong pag-aralan, at alam ko kung ano ang dapat kong gawin para mangyari iyon. Nagsimula akong maghanda para sa pagsusulit. Ako ay nag-aral, nagbasa, at nagrebyu ng materyal, subalit sa mga practice test, hindi ko pa rin naaabot ang kinakailangan kong puntos. Bumaling ako sa aking Ama sa Langit sa panalangin at hiniling ko sa Kanya na bigyan ako ng mas malawak na kaalaman at na paliwanagin ang aking pang-unawa upang maabot ko ang aking mithiin. Ipinanalangin ko ito araw-araw sa loob ng isang buong taon. Pumasok ako sa mga espesyal na klase sa paghahanda sa aking paaralan, at nagpalista ako sa mga klase sa isang institusyong naglalayong tumulong sa paghahanda para sa pagsusulit.

Nagpatuloy ako sa aking araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at hindi ako lumiban nang kahit isang klase sa seminary. Tinupad ko ang lahat ng aking tungkulin sa Aaronic

MGA PAGLALARAWAN NI ADAM HOWLING

Kung walang scholarship, hindi ko magagawang mag-aral sa kolehiyo.

PAGTULONG SA IYONG MAGTAGUMPAY SA IYONG EDUKASYON

Ang Simbahan ay naglalaan ng maraming resource na tutulong sa iyo sa iyong pagsasanay o edukasyon pagkatapos ng hayskul:

- Mayroong Perpetual Education Fund sa ilang bansa na tutulong sa pagbabayad para sa panghanapbuhay na pagsasanay. Maaari mong kausapin ang iyong bishop o branch president tungkol dito o bisitahin ang **pef.lds.org.**
- Ang BYU-Pathway Worldwide ay nagbibigay ng abot-kayang online na edukasyon pagkatapos ng hayskul. Ang mga estudyante ay nagsisimula sa PathwayConnect, isang online na programa na pang-isang taon na tumutulong sa mga tao na simulan o tapusin ang pag-aaral sa unibersidad. Matapos makumpleto ang PathwayConnect, ang mga estudyante ay maaari nang makatanggap ng isang job-ready na sertipiko nang hindi aabot sa isang taon at pagkatapos ay magpatuloy upang magtapos sa kolehiyo—lahat sa parehong mababang singil sa matrikula. Bisitahin ang **byupathway.lds.org.**
- Ang pag-aaral ng Ingles ay madalas na nakakapagpataas ng iyong pagkakataong makahanap ng mas magandang trabaho. Ang EnglishConnect ay isang programa para sa pag-aaral ng wikang Ingles na ipinagkaloob ng Simbahan para makatulong sa mga indibiduwal na mapaigting ang espirituwal at temporal na pag-asa sa sarili sa isang kapaligirang nakatuon sa ebanghelyo. Bisitahin ang **englishconnect.lds.org.**
- Ang kurso ng Simbahan sa pag-asa sa sarili para sa edukasyon ay tinatawag na "Edukasyon para sa Mas Magandang Trabaho." Ito ay isang 12-linggong kurso na itinuturo sa iyong stake o district. Hanapin ang manwal sa Gospel Library sa ilalim ng Pag-asa sa Sarili o sa **lds.org/go/71857.**

TUTULUNGAN KA NG EDUKASYON NA MAGLINGKOD

"Ang aking payo . . . ay ipagpatuloy ninyo ang inyong edukasyon, nasaan man kayo, anuman ang inyong interes at pagkakataon. Alamin kung ano ang pinakamainam na paraan para mapaglingkuran ang inyong pamilya at lipunan at maghanda nang mabuti."

Pangulong Russell M. Nelson, "Education: A Religious Responsibility" (Brigham Young University–Idaho devotional, Ene. 26, 2010).

Priesthood at hindi kailanman nag-aral tuwing Linggo, kahit gaano kagipit ang sitwasyon. Alam kong araw ng Panginoon ang Linggo, at nais ko itong igalang sa paraang itinuro sa akin ng aking mga magulang. Alam kong hindi ko makakayanang mawala sa akin ang mga pagpapala ng Ama sa Langit para sa akin, lalo na ngayong kailangang-kailangan ko ang mga ito. Sa kabila ng lahat ng ito, hindi ko pa rin naaabot ang puntos na kinakailangan ko sa aking mga practice test.

Ako at ang aking pamilya ay nanalangin at nag-ayuno, at binigyan ako ng aking ama ng basbas. Gamit ang espirituwal na paghahandang ito at ang iba ko pang paghahanda, kinuha ko ang pagsusulit. Hindi ko lamang naabot ang puntos na kinakailangan ko, subalit nalagpasan ko pa ang aking mithiin, nakuha ko ang isa sa mga pinakamataas na puntos na maaaring makuha sa bahagi ng matematika. Natanggap ko ang mga scholarship at benepisyo na kinakailangan ko, at nakapag-aral ako sa unibersidad na pinili ko.

Mula noong bata pa ako, natutuhan ko na kung uunahin kong gawin ang lahat ng magagawa ko at ang aking mga espirituwal na tungkulin, pagpapalain ako ng Ama sa Langit. Maaaring hindi palaging mangyari ang mga bagay ayon sa inaasahan natin, subalit palagi tayong aalagaan ng Diyos. Alam kong sa pamamagitan lamang ng tulong Niya posible ang lahat ng bagay. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Cautín Province, Chile.

Ang Aking Pinakamasay

Kapag natutuhan mong mahalin at pahalagahan ang pagtatrabaho, makakahanap ka rin ng dakilang pagmumulan ng kagalakan.

Ni Elder Joni L. Koch
Ng Pitumpu

Maraming taon na ang nakakaraan, ako ay nasa isang auditorium sa Churchill College ng University of Cambridge sa England para sa isang taunang miting para sa kumpanyang pinagtatrabahuhan ko. Sa okasyong iyon, nagkaroon ako ng pribilehiyong tumanggap ng isang parangal mula sa pandaigdigang pangulo at punong ehekutibong opisyal (CEO) ng kumpanya para sa aking grupo para sa mahusay na trabahong ginawa namin noong taong iyon.

Habang pinapalakpakan at pinupuri ng mga lider ng kumpanya mula sa iba't ibang sulok ng mundo, na kumakatawan sa 80,000 empleyado, ang aming grupo para sa aming tagumpay, naisip ko, "Ito na marahil ang aking pinakamasayang araw sa trabaho!" Ang pakiramdam noong sandaling iyon ay masayang-masayang.

Pinaghatiang Tinapay

Subalit naalala ko ang aking unang araw ng pagtatrabaho mga 40 taon na ang nakakaraan. Ang aking ama ay nagmamay-ari ng isang panaderya at tinapay na itinitinda sa maraming maliliit na palengke sa aming lungsod sa katimugang Brazil. Noong bata pa ako, pinipilit ko na isama ako ng aking ama sa kanyang trabaho. Isang araw, sa wakas ay pumayag siya!

Ang aking ina ay nagtahi ng isang maliit na puting apron at sumbrero ng panadero para sa akin, at ako at ang aking ama ay pumunta sa panaderya. Magkasama naming hinalo at hinanda ang masa, hinugis ang masa para maging mga tinapay gamit ang aming mga kamay, at inilagay ang mga tinapay sa hurnong yari sa laryo. Nang maluto ang tinapay, gumamit kami ng mahabang sagwan na yari sa kahoy upang maingat na makuha ang tinapay. Naghintay kami nang ilang segundo, at pagkatapos ay pinaghatian namin ang mainit-init pang tinapay. Napakasarap nito!

Matapos ko itong maalala, nagpasiya ako na ang pagtanggap ng isang parangal sa Cambridge ang aking pangalawang pinakamasayang araw sa trabaho. Ang pinakamaganda at pinakamasayang araw sa trabaho ay nasa isang mas mapagpakumbabang tagpo: isang maliit na panaderya na walang manonood o mga taong nakatayo at nagpapalakpakan. Ako lamang at ang aking ama. Noong araw na iyon, itinuro niya sa akin na mahalin at pahalagahan ang pagtatrabaho at tinulungan niya akong madama ang kagalakan ng paggawa ng isang bagay mula sa sariwang sangkap sa pamamagitan ng aking sariling pagkilos at pagsisikap. Natutuhan ko na ang pagtatrabaho nang mabuti ay kasiya-siya kapwa sa katawan at sa kaluluwa.

Palagi kong maaalala ang puting apron at sumbrero ng panadero na ginawa ng aking ina para sa akin at ang tinapay na ginawa ko at ng aking ama nang magkasama.

Ang Pagtatrabaho ay Isang Pagpapala

Noong sinabi ng Panginoon kina Adan at Eva na, "Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay" (Genesis 3:19), tila

MGA LARAWANG KUHA NG GETTY IMAGES

ang Araw sa Trabaho!

pinarurusahan Niya sila. Sa katotohanan, binibigyan Niya sila ng pagkakataong maranasan ang nakakagalak at nakakasiyang pakiramdam ng pag-asa sa sarili, ng paglalaan para sa kanilang sariling pagnanais at pangangailangan.

Karamihan sa atin ay itinuturing lamang ang pagtatrabaho bilang isang paraan para matustusan ang temporal na pangangailangan ng ating mga sarili at ng ating mga pamilya o marahil ay isang paraan para magkaroon ng magandang estado sa buhay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng isang magarbong titulo. Subalit mas mahalaga pa, nais ng Diyos na magtrabaho tayo upang magkaroon tayo ng isang matatag na diwa ng katuparan sa pagkumpleto natin ng mga gawain, paglikha ng isang bagong bagay, pagpapabago at pagpapabuti ng anumang umiiral na, at pagdaragdag ng halaga sa mundong tinitirhan natin.

Hinggil sa espirituwalidad, ang isang buhay na nakatuon sa ebanghelyo ay palaging kinabibilangan ng pagtatrabaho. Sinabi ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol na, "Ang buhay na inilaan ay puno ng paggawa, minsan paulit-ulit, minsan maliit, minsan hindi napahahalagahan ngunit palaging gawin ang yaong nagpapaunlad, nagdudulot ng kaayusan, nagtataguyod, nagpapasigla, nakatutulong, nagpapabuti."[1]

Noong bata ka pa, marahil ay may nagtanong sa iyo ng, "Ano ang gusto mong maging trabaho pagtanda mo?" Noong tinedyer ka na, marahil ay nag-iba ang tanong at naging, "Ano ang kursong nais mong pag-aralan sa kolehiyo?"

Sigasig, Karangalan, at Hangarin

Anumang propesyon ang piliin mo, anumang uri ng trabaho ang maibigay sa iyo, sikaping gawin ang iyong trabaho nang may sigasig, karangalan, at hangarin. Dapat magtrabaho ka nang mabuti at palagi mong subukang makamit ang pinakamagandang mga resulta. Ang pagkakaroon ng saloobing ito sa pagtatrabaho ay makakatulong sa iyo na maging matatag sa temporal, emosyonal, at espirituwal. Ang pagkakataong magtrabaho ay isang pagpapala mula sa Panginoon. Kapag natutuhan mong pahalagahan at mahalin ang pagtatrabaho, mahahanap mo ang kaligayahan at hangarin na nagmumula sa pag-asa sa sarili.

Naririnig ko pa rin ang palakpakan at ang mapanghikayat na mga salita mula sa mga manonood na iyon sa University of Cambridge, subalit mas mahalaga sa akin ang alaala ng aking araw sa panaderya kasama ang aking ama at ang amoy ng mga tinapay pagkalabas ng mga ito sa hurno. ■

TALA

1. D. Todd Christofferson, "Larawan ng Isang Buhay na Inilaan," *Liahona,* Nob. 2010, 17.

Ang mga Apostol ay mga Saksi ni Cristo—at

Maaari Kang Maging Tulad Nila!

Ni Heather White Claridge
Mga Magasin ng Simbahan

Paano Maging Isang Saksi ni Jesucristo

- Magkaroon ng "[pagnanais na] maniwala" (Alma 32:27).[4]
- Pag-aralan ang tungkol sa Tagapagligtas sa mga banal na kasulatan.
- Manalangin at hilingin sa Espiritu Santo na pagtibayin na si Cristo ang iyong Tagapagligtas.
- Pag-aralan ang Bagong Tipan at markahan kung kailan naging mga saksi ang mga Apostol.

Isipin na kunwari ay kumakain ka at ang isang kaibigan ng tanghalian sa paaralan. Bubuksan na sana ng iyong kaibigan ang isang kendi nang may isang taong lumapit at inakusahan siya ng pagnanakaw ng kendi at hiniling sa kanya na "ibalik" ito sa tindahan. Kasama ka ng iyong kaibigan noong binili niya ito, kaya kahit na kinakabahan ka, sinabi mo sa nag-akusa na hindi magnanakaw ang iyong kaibigan.

PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

Mga Natatanging Saksi

Ang paninindigan para sa katotohanang katulad nito ay matatawag na "pagiging saksi." Sa halimbawa, ikaw ay magiging saksi ng mabuting pagkatao ng iyong kaibigan. Katulad ng ikaw ay maaaring maging saksi para sa iyong kaibigan, tumawag ang Diyos ng mga propeta at mga apostol upang maging mga natatanging saksi ng Kanyang Anak na si Jesucristo. Ang mga apostol ay mga "sugo na may partikular na awtoridad at responsibilidad"[1] na magturo, magpatotoo, at maglingkod bilang "mga natatanging saksi ng pangalan ni Cristo sa buong daigdig" (Doktrina at mga Tipan 107:23).

Ilang sandali lamang pagkatapos mabuhay na mag-uli si Cristo, ang mga Apostol ay tinawag na maging mga saksi Niya (tingnan sa Mga Gawa 1:8). Sa pag-aaral mo ng Mga Gawa sa Bagong Tipan, mababasa mo ang tungkol sa maraming pagkakataon kung kailan nagpatotoo ang mga Apostol na si Jesucristo ang Anak ng Diyos (tingnan sa Mga Gawa 2:36; 5:27–32; 10:36–44). Ang mga Apostol ngayon ay nagpapatuloy sa pagtawag na ito bilang mga natatanging saksi—makinig ka lamang sa anumang pangkalahatang kumperensya at maririnig mo kung paano sila magpatotoo tungkol kay Cristo.

Ang Espiritu Santo ay Nagpapatotoo tungkol kay Cristo

Nakasama ni Cristo ang ilang mga Apostol sa Bagong Tipan noong nasa lupa Siya at nakita nila Siyang umakyat sa langit (tingnan sa Mga Gawa 1:9–11), at maaaring nakita na ng mga Apostol ngayon si Cristo,[2] subalit hindi ang pisikal na pagkakita kay Jesus ang nagdudulot sa isang tao na maging saksi Niya. Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith (1876–1972), "[Ang Espiritu Santo] ang tanging paraan upang tunay na malaman ng isang tao na si Jesus ang Cristo at na ang kanyang ebanghelyo ay totoo."[3] Nangangahulugan ito na, kahit maaaring nakita na ng mga Apostol si Cristo, alam nila na Siya ang Tagapagligtas dahil sinabi ito sa kanila ng Espiritu Santo!

Maaari Kang Maging Saksi

Ang mas kamangha-mangha pa ay pinangakuan rin tayo na malalaman natin na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas sa pamamagitan ng Espiritu Santo (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 46:13). Hindi lamang ang mga Apostol ang maaaring makaalam na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas! Kahit na hindi ka tinawag na maging natatanging saksi ni Cristo, maaari kang maghangad na magkaroon ng patotoo tungkol kay Cristo at maging saksi Niya sa mga tao sa iyong buhay. Maaari mong sundin ang utos ng Tagapagligtas kay Pedro: "Ikaw, kung makapagbalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang iyong mga kapatid." (Lucas 22:32). ■

MGA TALA

1. Gordon B. Hinckley, "Special Witnesses for Christ," *Ensign,* Mayo 1984, 50.
2. Tingnan sa Boyd K. Packer, "Ang Saksi," *Liahona,* Mayo 2014, 94; tingnan din sa Lorenzo Snow, "Pagdalaw ng Tagapagligtas," *Liahona,* Set. 2015, 80.
3. Joseph Fielding Smith, *Answers to Gospel Questions,* tinipon ni Joseph Fielding Smith Jr., 5 tomo (1957–66), 3:31.
4. Tingnan din sa Jeffrey R. Holland, "Panginoon, Nananampalataya Ako," *Liahona,* Mayo 2013, 93–95.

"KAILANGAN NINYONG UMALIS SA LUGAR NA ITO"

Sa kabila ng pag-aalinlangan ko na lumipat sa hilagang Chile kasama ang aking pamilya, ang disyerto ang naging lupang pangako namin.

LARAWAN NG CONCEPCIÓN, CHILE, MULA SA GETTY IMAGES

Ni Sergio Riquelme Segura

Nang mabasa ko sa Aklat ni Mormon kung paano sinuportahan palagi ni Nephi ang kanyang mapangitaing ama, naisip ko na malamang ay katulad ni Nephi ang karamihan sa mga kabataan sa Simbahan. Ngunit nang magpasiya ang aking pamilya na kailangan naming lumipat sa disyerto, pakiramdam ko'y mas katulad ako nina Laman at Lemuel. Ayaw kong lisanin ang aking tahanan.

Tulad ni Nephi at ng kanyang mga kapatid, ako ay "isinilang sa butihing mga magulang" (1 Nephi 1:1). Pareho silang sumapi sa Simbahan noong tinedyer sila, at naghintay ang aking ina sa aking ama nang maglingkod ang aking ama ng isang misyon. Sila ay naging aktibo at masipag na mga miyembro ng Simbahan.

Noong hayskul ako, bumagsak ang ekonomiya sa aming rehiyon ng Concepción, Chile. Biglang naging matumal ang trabaho, at nagsimulang mahirapan ang aking ama na makahanap ng trabaho. Sa huli, nagsimula siyang maghanap ng trabaho sa ibang bayan. Sa kahahanap ng trabaho, nakarating siya sa hilaga sa lungsod ng Calama, sa rehiyon ng pagmimina sa Chile. Isa siyang inhinyero sa konstruksyon, at nakahanap siya ng magandang trabaho roon. Ngunit siya ay mag-isa at malayo. Nakikita lang namin siya kapag may sapat siyang pera para sa tiket sa 32-oras na biyahe sa bus pauwi.

Pagkaraan ng ilang taon na nakikita ko lang ang aking ama nang dalawa o tatlong beses sa isang taon, nadama ng aking ina na panahon na para gumawa ng pagbabago. Nagpasiya ang aking mga magulang na kailangang lumipat ng aming buong pamilya sa hilaga.

Kailangan Naming Makasama ang Aming Ama

Walang problema ang aking nakababatang kapatid na lalaki sa paglipat. At ang aking ate, na nasa kolehiyo, ay nagpakita ng magandang halimbawa sa akin.

"Isasakripisyo ko ang aking pag-aaral," sabi niya. "Kailangan nating makasama ang ating ama."

Sinuportahan ng lahat ang desisyong lumipat maliban sa akin. Gusto ko ring makasama ang aking ama, pero ayaw kong gumawa ng mga pagbabago at magsakripisyo. Mayroon akong mga kaibigan, sanay na ako sa kapaligiran, masaya ako sa aking pamumuhay, at gusto kong magkolehiyo sa Concepción. Ginawa ko ang lahat ng magagawa ko para kumbinsihin ang aking ina na hindi kami dapat lumipat.

Sa huli, sinabi niya, "Anak, nag-iisa ang iyong ama." Gusto niya tayong makasama. Sana maintindihan mo, pero masyado kang nakatuon sa iyong sarili." Pagkatapos ay tiniyak niya sa akin, "Magkakaroon tayo ng mga pagkakataon doon."

Sa aking puso, alam kong tama ang aking ina—kahit hindi kumbinsido ang aking isipan na magiging maganda ang pagbabagong iyon. Wala akong matibay na patotoo noon, pero nagpasiya akong magdasal kung dapat ba akong sumama sa aking pamilya. Nakatanggap ako ng malinaw na sagot: "Kailangan mong umalis sa lugar na ito." Nalungkot ako, pero sinabi ko sa aking mga magulang na sasama ako.

Binibisita ni Sergio ang kanyang mga kaibigan sa institute.

Nasaan ang mga Puno?

Ang Concepción ay isang luntiang lugar na maraming puno. Nakakatanggap ito ng 50 pulgada (127 sentimetro) ng ulan bawat taon. Ang Antofagasta, ang lungsod na malapit sa Calama na lilipatan namin, ay nakakatanggap lang ng 0.1 pulgada (0.24 sentimetro) ng ulan bawat taon.

Ang labis kong ikinagulat tungkol sa paglipat ay ang mismong biyahe. Habang papunta kami sa hilaga sakay ng bus, nakakalungkot tingnan ang pagbabago ng kulay ng mga dahon na mula sa luntian ay naging kulay-tsokolate. Nagtaka ako, "Nasaan ang mga puno? Nasaan ang mga baka sa kabukiran?" Puro lupa, mga bato, at mga burol lang ang nakita ko.

Malinaw na disyerto nga ang hilagang Chile, kaya hindi na dapat ako umasa na makikita ko pa rin ang mga bagay na kinasanayan ko sa Concepción. Naalala ko kung ano ang nadama nina Laman at Lemuel nang lisanin ng pamilya ni Lehi ang lupaing kanilang mana at maglakbay sila sa ilang.

Marami akong pangamba pagdating namin sa Antofagasta. Ano ang mangyayari kung wala akong maging kaibigan? Ano ang mangyayari kung hindi ako masanay sa lugar na ito? Ano ang mangyayari kung hindi magkatotoo ang mga inaasahan ko sa hinaharap?

Kalaunan, napagtanto ko na hindi ako dapat nag-alala. Tama ang aking ina tungkol sa mga pagkakataong naghihintay sa amin—lalo na ang mga espirituwal na pagkakataon.

Bago kami lumipat, hindi ko prayoridad ang ebanghelyo. Hindi nakatuon sa Panginoon ang aking buhay. Pero sa Antofagasta, nakatagpo ako ng mga taong tumulong sa akin na makita ang kagandahan ng ebanghelyo. Nakatanggap ako ng tulong mula sa mga espesyal na lider ng priesthood. Nagkaroon ako ng mga kaibigan na nananatiling mahalaga sa akin. Tuluyang nagbago ang aking espirituwal na buhay.

Nagpapasalamat ako na nakinig ako sa aking ina. Nagpapasalamat ako na sinagot ng Diyos ang aking panalangin. Nagpapasalamat ako na nagkaroon ako ng lakas-ng-loob na lumipat sa hilaga kasama ang aking pamilya.

Sa disyertong ito ako gumawa ng mga pagbabago na tumulong sa akin na maging kung sino ako ngayon. Dito ako nangakong tanggapin ang ebanghelyo, maglingkod ng isang misyon, magpakasal sa templo, at ilaan ang aking buhay sa Panginoon. Dito ko napagpasiyahan na ayaw ko nang tumulad kina Laman at Lemuel.

Para sa akin at sa aking pamilya, ang ilang ang naging lupang pangako namin. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Antofagasta, Chile.

PAUNTI-UNTING

LUMALAGO ANG PANANAMPALATAYA

LARAWAN NG MGA MISSIONARY SA MADAGASCAR NA KUHA NI CODY BELL

“Dahil dito, huwag mapagod sa paggawa ng mabuti, sapagkat kayo ay naglalagay ng saligan ng isang dakilang gawain.”

Doktrina at mga Tipan 64:33

Dear Merilee
ELDER GARY STEVE
Well you have got the big
you. I guess when you get
already be past. I can't be
16 years old. It seems
years ago when you
med cowboy hat + pra
only 3½ or so, but
Stay sweet + pure
one know that the
HAPPY
Love ya
Always
Gary

LIHAM

mula sa Isang Mapagmahal na Kuya

Hindi ko nakasama ang aking kuya sa aking ika-16 na kaarawan dahil naglilingkod siya ng isang misyon. Pero ang payo na ibinigay niya sa akin ay isang regalong pahahalagahan ko magpakailanman.

Ni Merilee S. B. Averett
ayon sa pagkakuwento kay Richard M. Romney

Labing-anim na taong gulang na ako! Napakasayang panahon sa buhay! "Hindi ito dapat pagdaanang mag-isa ninuman," naisip ko.

Ang aking matatalinong magulang ay mababait at lagi nila akong binibigyan ng magandang payo. Kakakasal pa lang ng aking ate at lumipat na sila sa ibang estado. Nakatuon lang ang aking nakababatang kapatid na lalaki sa kanyang mga sariling problema. Mayroon akong mabubuting kaibigan, at alam ko na taos-puso ang pagmamalasakit sa akin ng mga lider ng Simbahan.

Ngunit ang aking kuya, si Gary, ang aking pinakamatalik na kaibigan. Hinangaan ko ang lahat ng bagay na ginawa niya bilang isang tinedyer. "Tuwing kausap ko siya, nagiging mas makahulugan ang mga bagay-bagay," sabi ko sa aking sarili. "Sana narito siya ngayon."

Pero wala siya. Nasa malayong lugar siya sa Japan, naglilingkod bilang isang full-time missionary.

Kahit nangungulila ako kay Gary, naging masaya pa rin ang aking kaarawan. Ipinagluto ako ng aking ina ng aming tradisyonal na agahan tuwing may kaarawan, at nakatanggap ako ng ilang regalo bago pumasok sa paaralan. Noong gabing iyon, lumabas ako at ang aking pamilya para maghapunan ng pizza at pagkatapos ay kumain kami ng birthday cake. Inaliw ko ang aking sarili sa pag-iisip tungkol sa pagkikipagdeyt, pagmamaneho, at iba pang kapana-panabik na bagay na gagawin ko ngayong 16 taong gulang na ako.

Gayunman, ang pinakamagandang regalong natanggap ko noong araw na iyon ay isang liham. Hindi nakalimutan ni Gary ang aking ika-16 na kaarawan! Nangyari ang karanasang ito bago pa nagkaroon ng email, kaya matagal dumating ang isang liham mula sa Japan papuntang Cache Valley, Utah, USA. Namangha ako na dumating ang liham sa aking mismong kaarawan! Nakasulat-kamay ang liham, kaya naramdaman ko na tila kasama ko ang aking kuya habang binabasa ko ito:

"Mahal kong Merilee:

"Aba, nalalapit na ang iyong masayang kaarawan, 'di ba? Sa palagay ko ay nakalipas na iyon kapag natanggap mo ang liham na ito. Hindi ako makapaniwala—16 taong gulang ka na. Parang kailan lang ay isinusuot mo pa ang iyong maliit na pulang sumbrerong pangkoboy.

"Manatili kang mabait at dalisay, at palagi mong ipaalam sa lahat na mahalaga ang Simbahan sa iyo. Kung gagawin mo iyon, hindi ka malalagay sa isang sitwasyon kung saan kakailanganin mong gumawa ng isang desisyon dahil sa pamimilit ng iyong mga kabarkada. Halimbawa: Sa hayskul, alam ng lahat na hindi ako umiinom ng alak o naninigarilyo, hindi talaga, kaya kailanman ay hindi ako naimbitahan sa anumang pagtitipon kung saan may mga ganoong bagay na naganap. Alam ng aking mga kaibigan na hindi ako umiinom ng alak o naninigarilyo. . . .

"Kung ipapaalam mo sa mga tao ang iyong mga pamantayan, lalapitan ka ng mga taong kapareho mo ang mga pamantayan. Ibig kong sabihin, hindi mo kailangang *sabihin* sa lahat, pero makikita nila ang iyong mga paniniwala sa iyong mga kilos. Napakabait mo talaga, at bagay nga sa iyo ang iyong pangalan na nangangahulugang masayahin. At palagi kang masaya. Maligayang Ika-16 na Kaarawan!" Ang huling pangungusap ay sinalungguhitan gamit ang pulang panulat. Wala nang mas gaganda pang regalo sa aking kaarawan kaysa roon! Paulit-ulit ko iyong binasa, hanggang sa makauwi siya mula sa Japan at makapag-usap na kami nang personal.

Maraming taon na ang lumipas mula nang matanggap ko ang liham na iyon, pero nasa akin pa rin iyon. Marami nang nagbago mula noon, pero hindi ang pagmamahal ko para sa aking kuya. Ngayo'y sinasang-ayunan ko siya hindi lamang bilang aking kapatid at kaibigan, kundi bilang si Elder Gary E. Stevenson ng Korum ng Labindalawang Apostol. Ang payo na ibinibigay niya bilang natatanging saksi ni Cristo sa buong mundo ay nagpapalakas sa akin, tulad ng liham na ipinadala niya sa akin noong aking ika-16 na kaarawan. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

ANG MGA LARAWAN AY INILAAN NG AWTOR; PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

Ano ang Matatagpuan Mo sa Aklat ni Mormon?

Ni Elder Gary E. Stevenson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Kapag naglaan kayo ng oras at naghanap ng tahimik na lugar para basahin ang Aklat ni Mormon, nakikinita ko na matutuklasan ninyo ang mga sagot, madarama ninyo ang patnubay, at magkakaroon kayo ng sariling patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon at kay Jesucristo.

Kapag nagbasa kayo, mapag-aaralan ninyo ang mga talata sa natatanging aklat na ito at mababasa ninyo ang tungkol sa inyong pinakamamahal na Tagapagligtas, ang Panginoong Jesucristo, sa halos lahat ng pahina. Tinatayang isang beses Siyang tinawag sa iba pang titulo kada 1.7 talata.[1] Maging si Cristo mismo ay nagpatotoo sa katotohanan nito sa mga huling araw na ito, na sinasabing, "Yayamang ang inyong Panginoon at inyong Diyos ay buhay ito ay totoo" (Doktrina at mga Tipan 17:6).

Nagpapasalamat ako sa paanyaya at pangakong ibinigay ng Panginoon sa pamamagitan ng propetang si Moroni sa bawat isa sa inyo—at sa lahat ng nagbabasa ng Aklat ni Mormon: "At kapag inyong matanggap ang mga bagay na ito [ang Aklat ni Mormon], ipinapayo ko sa inyo na itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo; at kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (Moroni 10:4; tingnan din sa mga talata 3, 5).

Ang mga katotohanang matatagpuan ninyo sa Aklat ni Mormon ay magpapasigla at magbibigay-inspirasyon sa inyo. Palalakasin nito ang inyong pananampalataya, pupuspusin ng liwanag ang inyong kaluluwa, at ihahanda kayo para sa isang hinaharap na halos hindi ninyo kayang unawain.

Sa mga pahina ng aklat, matutuklasan ninyo ang walang-hanggang pagmamahal at di-maarok na biyaya ng Diyos. Kapag sinikap ninyong sundin ang mga turong matatagpuan ninyo roon, madaragdagan ang inyong kagalakan, lalawak ang inyong pang-unawa, at makikita ninyo ang mga sagot na hinahanap ninyo sa maraming hamon sa buhay. Kapag binasa ninyo ang aklat, aasa kayo sa Panginoon. ■

Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2016.

TALA

1. Tingnan sa Susan Easton Black, *Finding Christ through the Book of Mormon* (1987), 16–18.

MGA ICON NG MAGKASINTAHAN, AHAS, GUSALI SA JAPAN, AT MGA TAONG NAG-EEHERSISYO NI ANDREW ROBERTS

May **apat na anak na lalaki.**

Ipinanganak noong Agosto 6, 1955, at lumaki sa **Cache Valley, Utah.**

Nanirahan sa **Asia** sa loob ng mahigit siyam na taon ng kanyang buhay.

Elder GARY E. STEVENSON

Pinakasalan si **Lesa Jean Higley** noong Abril 1979 sa Idaho Falls Idaho Temple.

Nagtamo ng bachelor's degree sa **business administration o pangangasiwa ng negosyo** mula sa Utah State University.

Tinutukoy ang kanyang **asawa** bilang "nagbibigay-sigla sa buhay ko."

Noong binata siya, madalas siyang sumama sa kanyang ama sa pagbisita at paglilingkod sa mga **biyuda** sa ward.

Tinawag bilang Apostol noong **Oktubre 2015.**

Sinabi na ang kanyang **pagkatawag sa Korum** ng Labindalawa ay isang karanasan na naghiyakat sa kanya na magdasal nang taimtim.

Tinawag na maglingkod sa **Japan Fukuoka Mission** bilang bata pang missionary.

Kasamang nagtayo ng isang kumpanyang gumagawa ng mga kagamitan sa pag-eehersisyo kung saan siya nagtrabaho bilang pangulo at punong ehekutibong opisyal hanggang 2008.

Noong siya ay 11 taong gulang, **iniligtas siya ng kanyang ama** mula sa aksidenteng paggising sa isang natutulog na ahas.

Mahilig sa **pag-iiski,** pagso-snowboard, at paglalakad-lakad.

Naglingkod bilang pangulo ng **Japan Nagoya Mission** mula 2004 hanggang 2007.

MGA YOUNG ADULT

UMUWI KA BA NANG MAAGA MULA SA IYONG MISYON?

Anuman ang dahilan, maaari mo pa ring patuloy na matamasa ang mga pagpapala ng ebanghelyo.

42

MGA KABATAAN

MAAARI KANG MAGING SAKSI NI JESUCRISTO

56

PERSONAL NA PAGHAHAYAG

PAGSUNOD SA HALIMBAWA NI NEPHI

58

PAGTUTURO SA MGA BATA

ANG IBIG SABIHIN NG MAGING KRISTIYANO

K12

4 021860 078932 TAGALOG

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

Hulyo 2019

Ang bahagi para sa mga bata ng *Liahona*, na inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Kaibigan



Paano ka naging **pioneer?**

Tingnan sa mga pahina K7 at K10

Ni Pangulong Dallin H. Oaks
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Pagbabahagi ng Ebanghelyo

Inutusan ng Tagapagligtas na si Jesucristo ang Kanyang mga disipulo na ibahagi ang ebanghelyo sa lahat ng tao sa lupa. Sinabi Niya,

"Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal" (Marcos 16:15).

Kailangan namin ang lahat ng miyembro ng Simbahan na tumulong na ibahagi ang ebanghelyo sa buong mundo.

Narito ang ilang mga paraan na maaari kang makatulong:

1. **Mahalin** ang lahat gaya ng pagmamahal mo sa iyong mga kapatid, tulad ng itinuro ni Jesucristo.
2. **Sundin ang mga kautusan** para maging mabuti kang halimbawa.
3. **Ipagdasal** na malaman kung sino ang handa nang matuto tungkol sa ebanghelyo at kung paano mo ito maibabahagi sa kanila.
4. **Tulungan ang iba** na malaman ang iba pa tungkol kay Jesucristo.

Ang gawaing misyonero ay pagkakaroon ng saloobin ng pagmamahal at pagtulong sa iba. Paano man tumutugon ang ibang tao, isa kang matagumpay na missionary kung ibinabahagi mo ang ebanghelyo nang may pagmamahal. ●

Hango mula sa "Pagbabahagi ng Ipinanumbalik na Ebanghelyo," Liahona, *Nob. 2016, 57–60.*

Pagbabahagi nang May Pagmamahal

Paano mo maipapakita ang iyong pagmamahal ngayon? Itugma ang bawat larawan sa numero mula sa mensahe ni Pangulong Oaks.

MGA PAGLALARAWAN NI REBECCA SORGE

Pananalangin Kasama si FILIP



Ni Shirley Espada-Richey

(Batay sa tunay na buhay)

"Manalangin tuwina" (Doktrina at mga Tipan 19:38).

Iyon ang unang beses ni Josef sa bahay ni Filip. Nalibang sila sa pagbubuo ng isang spaceship na yari sa karton. Kinulayan pa nila ito ng magagandang apoy. Nang tawagin sila ng ina ni Filip para maghapunan, sinundan ni Josef si Filip papasok sa kusina.

"Ako na ang magbabasbas sa pagkain," sabi ng ama ni Filip.

Ano ang ibig sabihin niyon? naisip ni Josef. Pinanood niya si Filip at ang pamilya nito habang idinadaiti ng bawat isa ang kanilang daliri sa kanilang noo, pagkatapos ay sa gitna ng kanilang dibdib, pagkatapos ay sa kaliwa, pagkatapos ay sa kanan. Hindi pa siya nakakita ng sinuman na gumawa niyon.

Iniabot ni Filip ang kanyang kamay. Tumingin sa paligid si Josef at nakita niya na magkakahawak-kamay ang buong pamilya ni Filip habang nakayuko. *Mananalangin ba sila? Iyon ba ang ibig sabihin ng "basbasan ang pagkain"?* naisip ni Josef.

Ayaw saktan ni Josef ang damdamin ni Filip, kaya inabot niya ang kamay nito. Inabot naman ng ama ni Filip ang isa pang kamay ni Josef at pagkatapos ay nagsimulang manalangin.

"Pagpalain N'yo po kami, O Panginoon . . ."

Bago sila umupo, muling idinaiti ni Filip at ng kanyang pamilya ang kanilang daliri sa kanilang noo at dibdib tulad ng ginawa nila kanina.

Nang makauwi si Josef, kinumusta ni Inay ang kanyang araw.

"Nasiyahan ka ba?" tanong ni Inay.

"Opo," mahinang sagot ni Josef. Nasiyahan *nga* siya. Ang ganda ng spaceship, at ang sarap ng mga hamburger. Pero may bumabagabag sa kanya.

Tiningnan siya nang mas maigi ni Inay. "Mukhang hindi ka OK. May problema ba?"

"Kasi po . . ."

napakaraming tanong ni Josef! Iniisip pa rin niya ang panalanging iyon. Bakit iba ito sa paraan ng pananalangin niya at ng kanyang pamilya?

"Inay," tanong niya, "paano po kayo manalangin bago kayo sumapi sa Simbahan?" Ikinuwento ni Josef ang tungkol sa pananalangin ng pamilya ni Filip.

Ano ang ibig sabihin ng "basbasan ang pagkain"?

"Mukhang mga Katoliko sila, tulad ko noon," sabi ni Inay. "Nag-aantanda sila ng krus gamit ang kanilang mga kamay. Hindi ba mukhang krus iyon? Tanda iyon na namatay si Jesus para sa atin."

Ngumiti si Josef. "Naniniwala rin po pala si Filip kay Jesus?"

"Tama," sabi ni Inay. "Naaalala mo ba kung ano ang sinabi ng ama ni Filip sa panalangin?"

Pinag-isipan iyon ni Josef. "Pinasalamatan niya po ang Diyos para sa mga pagpapala na ibinibigay Niya sa atin . . . at binanggit niya po si Cristo!"

"Kita mo?" nakangiting sabi ni Inay. "Hindi tayo gaanong magkaiba. Masaya ako na naranasan mong manalangin kasama ng pamilya ni Filip."

Pagkaraan ng ilang araw, nagpunta naman si Filip sa bahay para makipaglaro. Naglalaro sila sa labas nang tawagin sila ni Itay para maghapunan. Kumukulo ang sikmura ni Josef habang tumatakbo sila papunta sa kusina.

"Gutom na gutom na po ako!" sabi ni Josef.

"Ako rin po," sabi ni Filip.

Nagtipon silang lahat sa paligid ng mesa. Umupo si Filip sa tabi ni Josef. Nag-antanda si Filip at inabot ang kamay ni Josef.

"Ganito kami manalangin sa aming bahay," sabi ni Josef. "Tinitiklop namin ang aming mga kamay, ipinipikit ang aming mga mata, iniyuyuko ang aming mga ulo, at nananalangin."

"Ganoon lang?"

"Ganoon lang."

"Ang dali," sabi ni Filip.

Pumikit si Josef at ngumiti. Masaya siya na naranasan niyang manalangin kasama ng kanyang kaibigan. ●

Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.



May mga kaibigan ako sa paaralan na Katoliko at Muslim, at matalik kaming magkakaibigan dahil ganoon ang gusto ni Jesus na pagtrato namin sa isa't isa.

Elizibeth A., edad 8, West Midlands, England

PAGLALARAWAN NI MINA PRICE

Puspos ng Mabubuting Gawa

Tumulong sa mga tao ang tatlong kababaihang ito sa Bagong Tipan. Basahin kung ano ang ginawa nila; pagkatapos ay itugma ang mga larawan. Ano ang magagawa ninyo para makatulong sa ibang tao ngayon?

Si **Priscila** at ang kanyang asawa ay gumagawa ng mga tolda bilang hanapbuhay. Nagturo siya tungkol sa ebanghelyo kasama ng kanyang asawa. Maaaring nagdaos sila ng mga miting ng Simbahan sa kanilang bahay. *(Tingnan sa Mga Gawa 18:26.)*

Si **Lidia** ay nangalakal ng kayong kulay-ube. Nadama niya ang Espiritu at nag-pasiya siyang magpabinyag. Pinatuloy niya ang mga disipulo sa kanyang bahay habang naglalakbay sila. *(Tingnan sa Mga Gawa 16:14–15.)*

Si **Tabita** ay nagbigay sa mga maralita at nanahi ng mga damit at tunika para sa mga nangangailangan. Nang mamatay siya, binuhay siya ni Pedro. *(Tingnan sa Mga Gawa 9:36, 39–40.)* ●

Sinusuportahan ng pahinang ito ang pahina 108 ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya.*

MGA PAGLALARAWAN NI SHAWNA J. C. TENNEY

Upang Maging Tagabunsod

Mga titik at himig ni Ruth Muir Gardner
Isinaayos ni Vanja Y. Watkins



© 2002, 2019 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental, di-pangkalakal na gamit sa tahanan at simbahan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.

Kumusta mula sa Cambodia!



Ang **Cambodia** ay isang bansa sa Timog-silangang Asya. Humigit-kumulang 15 milyong tao ang naka-tira doon, kabilang dito ang mahigit 14,000 mga miyembro ng Simbahan.

Karamihan sa mga bata sa Cambodia ay nag-pupunta sa paaralan at nagsisimba sakay ng motorsiklo kasama ang isang magulang. O maaari silang sumakay sa *tuk tuk*—isang maliit na karuwa-heng hila ng motorsiklo.

Heto ang isang Aklat ni Mormon sa Cambodia. Ang wikang Cambodian ay tinatawag na Khmer (kuh-MY). May 74 na titik sa alpabeto nito—ang pinakamarami sa lahat ng alpabeto sa buong mundo!

Nagbabatian ang mga miyembrong ito ng Simbahan sa tradisyonal na para-ang Cambodian, na tinatawag na *sampeah.* Kapag mas mataas ang iyong kamay, mas malaking paggalang ang ipinapakita mo.

LARAWAN NG MGA MIYEMBRONG NAGBABATIAN AT NG ISANG LALAKING NAKASAKAY SA MOTORSIKLO NA KUHA NI JAMES ILIFF JEFFERY

Noong nakaraang taon, ibinalita ni Pangulong Nelson na itatayo ang unang templo sa Cambodia sa Phnom Penh, ang kabiserang lungsod! Matutulungan ng templo ang mga pamilyang katulad nito na sama-samang mabuklod magpakailanman.

Maraming batang Primary sa Cambodia na walang kasamang ibang Kristiyano sa kanilang paaralan. Iyon ay dahil Budhismo ang relihiyon ng halos lahat ng tao sa Cambodia. Itinuturo sa kanila ng kanilang relihiyon na maging matapat, mapayapa, at matalino. Narito ang isang kilalang bantayog ng Budhismo sa Cambodia na binibisita ng mga tao mula sa iba't ibang panig ng mundo.

Maraming pagkaing Cambodian ang ginagamitan ng *prahok,* isang maasim at maalat na sawsawan. Ang mga miyembrong ito ng Simbahan ay gumawa ng isang malaking mangkok ng sopas na pagsasaluhan nila sa stake center sa pagitan ng mga sesyon sa pangkalahatang kumperensya.

Salamat sa paglalakbay sa Cambodia kasama namin. Hanggang sa muli!

MGA PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE LARAWAN NG MGA MIYEMBRONG NAGLULUTO NA KUHA NI CELIA JEFFERY

Kilalanin ang ilan sa ating mga kaibigan mula sa Cambodia!

Masayang-masaya ako kapag sinusunod ko ang Diyos.

Sineth B., edad 6, Kampong Thom, Cambodia

Matapos makinig sa mga turo ng mga missionary sa aming bahay, nabinyagan ako at napakasaya ko!

Sina B., edad 8, Kampong Thom, Cambodia

Taga-Cambodia ba kayo? Sulatan kami! Masaya kaming makarinig mula sa inyo!

Si Mara na Pioneer

Ni Jessica Larsen

(Batay sa tunay na buhay)

Oktubre 2018, Phnom Penh, Cambodia

Tinutones ni Mara ang kanyang palda at humarap siya sa salamin. Parang nakakatawang magsuot ng damit pangsimba sa araw ng Sabado, pero espesyal ang Sabadong ito. Pangkalahatang kumperensya ngayon!

"Sabik ka na ba para sa sesyon ng kababaihan?" tanong ni Mak (Inay). Sinuklay niya ang buhok ni Mara nang mabilis at malumanay. "Gusto kong makinig ka hangga't kaya mo."

"Opo! Sana po magkuwento sila tungkol sa mga pioneer!" Iyon ang pinakagusto ni Mara.

"Siguro naman," sabi ni Mak. "Alam mo ba na pioneer ang iyong ama?"

Naguluhan si Mara. Kailanma'y hindi naghila ng kariton ang kanyang ama.

"Paano po siya naging pioneer?" tanong niya.

Tumingin si Mak sa direksyon ng bintana, sa dako ng ilog. "Nangingisda siya roon nang makilala niya ang mga missionary. Siya ang unang nabinyagan sa kanyang pamilya," sabi ni Mak. "Kaya siya naging pioneer! Tara na't hanapin natin ang iyong lola."

Hinihintay sila ni *Yiay* (Lola) sa sala. Magkakasama sa bahay ang pamilya ni Mara at ang kanyang lolo't lola. Tumulong si Yiay sa pag-aalaga kay Mara pagkatapos ng pasok nito sa paaralan habang nasa trabaho ang mga magulang ni Mara. Ngayo'y nakatayo si Yiay sa tabi ng moped, isang malaking de-motor na scooter na ginagamit nila sa paglibot sa lungsod.

"Ang Simbahan ay 25 taon pa lang sa Cambodia," sabi ni Mak kay Mara nang buksan niya ang pinto at itulak ang moped papunta sa daan. "Kaya lahat tayo ay pioneer. Kahit ikaw!"

"Paano ako naging pioneer?" pagtataka ni Mara nang sumakay siya sa moped. Minaneho ni Mak ang moped, habang nakaupo sa likod si Yiay at nasa gitna si Mara. Kumapit nang mahigpit si Mara nang mapadaan sila sa mataong daan.

Paglagpas nila sa isang restawran, naamoy nila ang tsaa. Halos lahat ng naroon ay umiinom ng tsaa. Pero hindi si Mara. Sinunod niya ang Word of Wisdom. Napangiti si Mara. Isang paraan iyon kaya siya naging pioneer.

Pagliko nila sa isang kanto, nakakita si Mara ng *wat,* isang templo ng Budhismo. Ang pulang patulis na bubungan ay mas mataas pa sa ibang mga gusali. Nakaupo sa patyo ang mga monghe na ahit ang buhok sa ulo at may suot na kulay-kahel o orange na damit habang nag-aaral.

PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH

Alam ni Mara na karamihan sa mga tao sa Cambodia ay Budhista. Hindi sila naniniwala kay Jesucristo. Pero naniniwala si Mara. “Iyon ay isa pang paraan kaya ako naging isang pioneer,” naisip ni Mara. At ngayo’y makikinig siya sa propeta!

Nang makapasok ang moped sa paradahan ng simbahan, nakita ni Mara na maraming dumarating na kababaihan. Ang ilan ay naglakad o sakay ng mga moped. Ang iba naman ay dumating sakay ng mga *tuk tuk,* maliliit na karuwaheng hila ng motorsiklo. Karamihan sa kababaihan ay nakasuot ng bestida o simpleng palda, tulad ni Mara. At ang ilan ay may suot na mga *sampot,* magagandang mahahabang palda na yari sa makukulay na tela.

Umupo sina Mara, Mak, at Yiay sa chapel kasama ng iba pang kababaihan. Tapos na talaga ang kumperensya noon pang nakaraang linggo sa Salt Lake City, Utah, USA. Ngunit ngayon ay mapapanood na ng mga tao sa Cambodia ang brodkast sa wikang Khmer. Nagsasalita si Mara ng Ingles at Khmer sa bahay, at natuto rin siya ng Pranses sa paaralan. Ngunit maraming taga-Cambodia na Khmer lang ang sinasalita.

Ang unang tagapagsalita ay hindi nagkuwento tungkol sa mga pioneer. Ngunit ang pangalawang tagapagsalita ay nagkuwento tungkol sa matarik at maputik na daan pauwi mula sa paaralan. Ang tawag doon ay “daan ng mga lalaki,” at kung minsan ay naghuhubad siya ng sapatos at naglalakad nang nakayapak. Gusto niyang gumawa ng mahihirap na bagay para maging katulad siya ng isang pioneer! Napangiti si Mara nang maisip niya ang lahat ng mga paraan kaya *siya* naging isang pioneer.

Ang huling tagapagsalita ay ang propeta. Nakatayo siya nang tuwid. Nakinig nang mas mabuti si Mara. “Inaanyayahan ko kayong basahin ang Aklat ni Mormon mula ngayon hanggang sa katapusan ng taon,” sabi niya. “Pagpapalain kayo ng langit. Bibiyayaan kayo ng Panginoon.”

Alam ni Mara na hindi magiging madaling basahin ang buong Aklat ni Mormon. Tumingin siya sa mga kababaihang nasa paligid niya. Pinili nilang lahat na sundin si Jesucristo. Nagpunta silang lahat ngayong gabi upang makinig sa propeta. Susundin niya ang propeta, tulad nila. Magiging pioneer siya! ●

Ang awtor ay naninirahan sa Texas, USA.

Sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2018, ibinalita rin ni Pangulong Russell M. Nelson na magtatayo ng isang templo sa Cambodia!

Kristiyano Ako!

Ni Marissa Widdison
Mga Magasin ng Simbahan

Tinaglay ko
ang pangalan ni Cristo
nang ako'y mabinyagan
at makumpirma.
Nangangahulugan iyon na
pinipili ko na sundin Siya at
gawin kung ano ang tama.

Kristiyano Ako! Naniniwala ako na si Cristo
ang Bugtong na Anak ng Diyos—
Ang Prinsipe ng Kapayapaan, Mabuting
Pastol, Tinapay ng Kabuhayan, ang Banal.

Kristiyano Ako! Binabasa ko ang mga banal na kasulatan
araw-araw, pinag-aaralan ang Kanyang buhay,
Kanyang mga himala, Kanyang mga turo,
Kanyang sakripisyong walang hanggan.

Kristiyano Ako! Nais kong malaman ng mundo
na namatay si Jesus para sa kanila.
Dahil ibinuwis Niya ang Kanyang buhay para
sa atin, lahat tayo ay mabubuhay muli!

Kristiyano Ako! Kapag ang aking
kaluluwa ay nasasaktan dahil sa mga
kasalanan o makamundong bagay,
ibinabaling ko ang aking puso kay Jesus
at alam kong tutulungan Niya ako.

Kristiyano Ako! Ginagamit ko kung ano ang mayroon ako para tulungan ang aking mga kaibigang nangangailangan. Sinisikap kong gawin kung ano ang gagawin ni Cristo; tinutularan ko Siya.

Kristiyano Ako! Pinapatawad ko ang lahat ng mga taong pinipiling gawin kung ano ang mali. Malugod kong tinatanggap ang kapayapaan at pagkakaibigan at tinutulungan ko ang mga tao na magkasundo.

Kristiyano Ako! Inaalala ko si Cristo sa paraang nais Niya: Tumatanggap ako ng sakramento linggu-linggo at nangangakong maging tapat.

Kristiyano Ako! Kahit mag-isa lang ako, nagpapakita ako ng integridad. Ako'y tapat, matapang, at may kabanalan. Ako'y maaasahan ninyo.

Kristiyano Ako! Mahal ko si Jesucristo nang buong puso. Totoo iyon! Kayo naman—mangyaring ibahagi kung ano ang kahulugan ng pagiging Kristiyano sa inyo! ●

ALAM BA NINYO?

Ang katawagang "mga Kristiyano" ay unang ginamit sa Bagong Tipan upang ilarawan ang mga tao sa lungsod ng Antioquia na sumunod kay Jesus. Maaari ninyong mabasa ang tungkol sa kanila sa Mga Gawa 11:26.

MGA PAGLALARAWAN NI ANDRE CEOLIN

"Pupunta Ba Kayo sa Aking Binyag?"

Nina Rebecca Hogg at Eric B. Murdock
(Batay sa tunay na buhay)

"Huwag hamakin ng sinoman ang iyong kabataan; kundi ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya" (I Kay Timoteo 4:12).

Hindi makapaghintay si Oliver na lumipas ang linggo. Sa susunod na linggo na ang pinakahihintay niyang araw mula noong apat na taong gulang siya. Bibinyagan na siya.

Sabik na sabik si Oliver sa kanyang binyag kaya gusto niya iyong ipagsigawan mula sa mga bubungan para marinig ng buong Inglatera! Hindi siya makapaghintay na ikuwento iyon sa kanyang kaibigan na si Dylan sa paaralan.

"Hindi ako makapaniwala." Malapit na rin *sa wakas* ang araw ng aking binyag," sabi ni Oliver. "Magiging masaya iyon!"

"Akala ko mga sanggol lang ang binibinyagan." Mukhang naguguluhan si Dylan.

"Kailangan walong taong gulang man lang ang mga bata bago sila mabinyagan sa Ang Simbahan ni

Gusto iyong ipagsigawan ni Oliver mula sa mga bubungan para marinig ng buong Inglatera!

Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw," sabi ni Oliver. "Iyon ang Simbahan ko."

"Ang galing," sabi ni Dylan.

Biglang may naisip si Oliver. "Gusto mo bang magpunta sa aking binyag?"

"Oo naman," sabi ni Dylan. "Pero kailangan ko munang magpaalam sa aking mga magulang."

"Sige!"

Nasasabik si Oliver na baka makapunta nga si Dylan sa kanyang binyag. Nagbigay ito sa kanya ng isa pang ideya. "Ayaw kong ipakita ang aking binyag sa *isang* kaibigan lang. Gusto kong mag-anyaya ng maraming tao hangga't kaya ko!" Nagmadaling umuwi si Oliver at sinabi kay Inay na may plano siya.

Sa Linggo ng ayuno bago ang kanyang binyag, sinimulan ni Oliver ang kanyang plano. Ibinahagi niya ang kanyang patotoo sa pulpito; pagkatapos ay sinabi niya, "Bibinyagan na po ako sa susunod na Sabado, at gusto ko pong pumunta kayong lahat! Puwede po ba kayong mag-anyaya ng sinumang kakilala ninyo na hindi miyembro ng Simbahan, o hindi nagsisimba, sa aking binyag?" Para siyang missionary. Nagustuhan niya talaga ang pakiramdam na iyon!

Nang sumunod na buong linggo, inanyayahan ni Oliver ang kanyang mga kaibigan, kapamilya, at guro sa kanyang binyag.

"Malaking bagay po sa akin kung makakapunta kayo!" sabi niya sa kanila.

Nang papalapit na ang Sabado, nagsimulang mag-isip si Oliver kung ilang tao talaga ang dadalo. Paano kung abala silang lahat o ayaw nilang pumunta?

MGA PAGLALARAWAN NI BROOKE SMART

Umusal siya ng maikling panalangin na sana'y magpunta kahit ilan lang sa mga taong inanyayahan niya. Pagkatapos ay hindi na siya nag-alala kung sinu-sino ang maaaring dumalo. Alam niya na nakagawa siya ng mabuti sa pamamagitan pa lang ng pag-anyaya sa kanila. Bukod pa roon, ang pinakamahalaga naman sa araw na iyon ay mabinyagan siya.

Pagdating niya sa simbahan sa araw ng kanyang binyag, hindi makapaniwala si Oliver. Marami sa kanyang mga kaibigan ang naroon para suportahan siya. May nakita pa siyang isang grupo ng mga tao na hindi niya kilala. Kinawayan niya si Dylan pagpasok nito kasama ang kanyang mga magulang.

Nang oras na para binyagan siya, lumusong si Oliver sa maligamgam na tubig. Hinawakan ng kanyang ama ang kanyang kamay, tulad ng inensayo nila. Pagkatapos ay sinambit nito ang maikling panalangin sa binyag at inilubog si Oliver sa tubig. Bago pa niya namalayan, patayo na ulit si Oliver—basang-basa at nakangiti. Alam niya na sinusunod niya ang halimbawa ni Jesus.

Pagkatapos magpalit ng tuyong damit ni Oliver, kinumpirma siya ng kanyang ama at ng ilan pang kalalakihan bilang miyembro ng Simbahan at binigyan siya ng isang espesyal na basbas, kung saan inanyayahan nila siyang tanggapin ang Espiritu Santo. Pagkatapos, nagtanong si Oliver kung puwede niyang ibahagi ang kanyang patotoo.

"Maraming salamat po sa pagpunta ninyo para suportahan ako sa aking espesyal na araw. Napakalaking bagay po nito sa akin," sabi ni Oliver. "Nagpapasalamat po ako sa aking binyag, at naniniwala po ako na ito ang Simbahan ni Cristo sa lupa."

Pagkatapos, naglapitan ang mga tao para batiin si Oliver.

"Salamat sa pag-anyaya sa akin!" sabi ni Dylan. "Ang ganda ng aking pakiramdam."

"Napakabait nilang lahat!" sabi ng ina ni Dylan. "Nadama namin na tanggap na tanggap kami."

Noong gabing iyon, umupo si Itay sa paanan ng kama ni Oliver. "Napakasayang araw!" sabi ni Itay.

Tumango si Oliver. "Masaya po akong naibahagi ko ito sa aking mga kaibigan." ●

Ang mga awtor ay naninirahan sa Kent, England, at Utah, USA.

Binisita ni Elder Christofferson ang Pilipinas



Binisita nina Elder D. Todd Christofferson at Sister Kathy Christofferson ang mga miyembro ng Simbahan sa Pilipinas. Ito ay isang bansang binubuo ng mahigit 7,000 mga isla o pulo. At may mahigit 770,000 mga miyembro ng Simba-han doon!

Sabi ni Elder Christofferson, kung bibisita ka sa Pilipinas, uuwi kang masaya!

Maraming miyembro ng Simbahan mula sa Pilipinas—lalo na ang mga kabataang babae—ang naglilingkod sa mga misyon. Sabi ni Elder Christofferson, kilala ang mga babaeng missionary sa pagiging magaling sa pag-aaral ng mga wika.

"Ang maliliit na bagay ay may mala-king impluwensya sa buhay ng mga indibi-duwal at pamilya."

Itinuro ni Elder Christofferson:

Maging mabait at alagaan ang iba. Ito ay tinatawag na ministering.

Ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo—lahat ng mga ito!

Ibahagi ang ebanghelyo sa iba.

MGA LARAWAN © INTELLECTUAL RESERVE, INC.

Hanapin Ito!

Sina Maria at Daniel mula sa Pilipinas ay mahilig tumulong sa kanilang *lola*. Ngayong araw, nagsalitan sila sa pagtulak sa wheelchair niya sa parke habang nagkukuwento siya sa kanila tungkol sa missionary na nagbinyag sa kanya. Tingnan kung makakahanap ka ng 9 na bagay na maaaring magamit nina Maria at Daniel sa isang misyon balang-araw.

PAGLALARAWAN NI DAVID HELTON

himnaryo

kurbata

pormal na sapatos

sipilyo

mga banal na kasulatan

panulat

journal

tasa

pormal na sapatos

Ipakita at Ikuwento

Alžběta K., edad 7, Zlín Region, Czech Republic

May kaibigan ako na nakilala ko sa dalampasigan noong bakasyon. Ang pagkakaibigan ay isang napakagandang regalo mula sa Ama sa Langit.

Terezka J., edad 6, Zlín Region, Czech Republic

Ako ay anak ng Diyos. Mahal Niya ako.

Nahomie K., edad 3, Kasaï-Central Province, Democratic Republic of the Congo

Gusto kong magbahagi sa lahat.

Verlann N., edad 8, Tarlac, Philippines

Mahilig akong yumakap sa ibang mga tao.

Ethan L., edad 6, Occitanie, France

Tingnan ninyo kung ano ang ginawa namin para sa halamanan ng kabaitan!

Abnahia at Jatziel G., edad 5 at 7, Puerto Rico

Noong maliit pa ako, takot ako sa tubig. Kahit sinabihan ako ng mga tao na hindi ako dapat mag-alala, natakot pa rin ako. Sinabi sa akin ng mga missionary na bininyagan si Jesucristo upang magpakita ng halimbawa, at naramdaman ko na naglaho ang aking takot. Nang mabinyagan ako, tuwang-tuwa ako.

Sarah T., edad 11, Île de France, France

Ni Elder Taniela B. Wakolo
Ng Pitumpu

Ito ang KANYANG Simbahan

"Inyong taglayin ang pangalan ni Cristo, na aking pangalan" (3 Nephi 27:5).

Ipinanganak ako sa Fiji. Ang aking mga magulang ay hindi miyembro ng Simbahan, pero dumadalo sila sa ibang simbahan.

Nang lumaki na ako, pinakasalan ko ang aking asawa na si Anita. Miyembro siya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Patuloy niyang inaanyayahan ang mga missionary sa bahay para makilala ako.

Isang araw, sinabi ko sa kanila na maaari silang maghapunan sa amin sa susunod na tatlong gabi. Sinabi ko na Biblia lang ang kailangan nilang gamitin para masagot ang aking mga tanong. Tama ang lahat ng kanilang mga sagot. Sa ikatlong gabi, tinanong nila *ako*.

"Kung may tindahan ka, ano ang ipapangalan mo roon?"

"Papangalanan ko iyong Tindahan ng Pamilya Wakolo dahil aking tindahan iyon," sagot ko.

"Kanino dapat ipangalan ang simbahan?" tanong nila.

Magandang tanong iyon. At alam ko ang sagot sa aking puso't kaluluwa. Ang tunay na Simbahan ay ipapangalan kay Jesus dahil Kanyang Simbahan iyon. At Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ipinangalan sa Kanya!

May isa pa akong tanong: "Kailan ako puwedeng binyagan?" Makalipas ang isang linggo, nabinyagan ako.

Nang mabinyagan ako, tinaglay ko sa aking sarili ang pangalan ni Jesucristo. Nangangahulugan iyon na naging miyembro ako ng Kanyang Simbahan at nangako akong sundin Siya. Ginagawa ko ang lahat ng aking makakaya araw-araw para matularan ang Kanyang pamumuhay. Alam ko na ito ang tunay na Simbahan ni Jesucristo. ●



PAGLALARAWAN NI SIMINI BLOCKER

Sinabi ni Jesus na Ibahagi ang Ebanghelyo

Pagkatapos mamatay at mabuhay na mag-uli ni Jesus, binisita Niya ang Kanyang mga disipulo. Sinabi Niya sa kanila na turuan ang lahat ng tao na sundin ang mga kautusan at magpabinyag.

Si Pedro na noon ang propetang mamumuno sa Simbahan sa lupa. Nangako si Jesus na makakasama nila ang Espiritu Santo.

Pagkatapos turuan ang Kanyang mga disipulo, bumalik na si Jesus sa langit.

Nagsimulang maglakbay at magturo ang mga disipulo sa mga tao sa iba't ibang lupain.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Makakatulong din akong magbahagi ng ebanghelyo. Maaari akong maging mabuting kaibigan at manindigan para sa tama. ●

Basahin ang itinuro ni Jesus sa Mateo 28 at Mga Gawa 1.

Gusto ni Jesus na Ibahagi Ko ang Ebanghelyo

PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

Mahal naming mga Magulang,

Inutusan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo

na dalhin ang ebanghelyo sa “buong sanglibutan” (Marcos 16:15). Ang magasin sa buwang ito ay maaaring makapagbigay sa inyong pamilya ng mga ideya para sa pagbabahagi ng ebanghelyo saanman kayo nakatira. Kung ibabahagi ng lahat ng taong mayroon ng magasing ito ang ebanghelyo sa kahit isa lang na pamilya, isipin ninyo kung gaano pa karaming tao ang matututo tungkol kay Jesus! Narito ang ilang mga tanong na maaari ninyong pag-usapan habang binabasa ninyo ang bawat kuwento:

- May maiimbitahan ba ang ating pamilya sa Primary, sa isang binyag, o sa isang aktibidad sa Simbahan?
- Ano ang magagawa ng ating pamilya ngayong buwan para maibahagi ang ebanghelyo sa pamamagitan ng ating halimbawa?
- Alam ba ng ating mga kaibigan at kapitbahay na Kristiyano tayo?

Bilang isang pamilya, markahan ang lahat ng pagkakataon na may isang tao sa mga kuwentong ito na nagbabahagi ng ebanghelyo. Pagkatapos ay gumawa ng sarili ninyong plano sa misyon ng pamilya. At sabihin sa amin kung ano ang nangyari!

Punuin natin ng kabutihan ang mundo!
Ang *Kaibigan*

New *Friend* section
50 E. North Temple St.,
Room 2393
Salt Lake City, UT 84150,
USA

liahona@ldschurch.org

Hanapin ang nakatagong Liahona sa loob!

SA PABALAT NG *KAIBIGAN*
Paglalarawan ni Guy Francis

MGA NILALAMAN

K2 Mula sa Unang Panguluhan: Pagbabahagi ng Ebanghelyo
K4 Pananalangin Kasama si Filip
K6 Puspos ng Mababuting Gawa
K7 Musika: Upang Maging Tagabunsod
K8 Kumusta mula sa Cambodia!
K10 Si Mara na Pioneer
K12 Kristiyano Ako!
K14 Pupunta Ba Kayo sa Aking Binyag?
K16 Mga Apostol sa Iba’t Ibang Panig ng Mundo: Binisita ni Elder Christofferson ang Pilipinas
K18 Ipakita at Ikuwento
K19 Ito ang Kanyang Simbahan
K20 Mga Kuwento sa mga Banal na Kasulatan: Sinabi ni Jesus na Ibahagi ang Ebanghelyo
K23 Pahinang Kukulayan: Gusto ni Jesus na Ibahagi Ko ang Ebanghelyo

© 2019 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN

4 021860 078932
TAGALOG